# PINAKAMAINAM NA BAON

Para sa Araw na Patutunguhan, mga Gawain na hindi obligado, mula sa gabay ng pinakamainam na lingkod.

Tinipon ni:

**Eng. Hakam Adel Zummo Al Nuairy Al Aqily**

Paunang salita ni:

**Hassan bin Abdullah Al-Qaoud**

"At maglaan ng paghahanda (sa iyo) para sa paglalakbay, ngunit ang pinakamainam na paghahanda ay ang  Taqwa." (Surah Al-Baqarah 197)

"Ang pag-gawa ay madali para sa mga tao na nag-iisip ng gantimpala".

Ibn Al-Jawzy mula sa isa sa mga naunang sanggunian - (Desire dispraise)

"Ang paggawa ay mabigat sa lahat ng pagkakataon para sa mga tao na hindi alam ang gantimpala ng mga gawaing ito".

Ibn Rajab - (First choice)

"Pag may kaalaman ang pagsamba ay nagiging madali."

Ibn Rajab mula sa isa sa mga naunang sanggunian

"Ang isang mananampalataya ay dapat na humingi at maghangad ng mga gantimpala mula kay Allah...

at hindi niya dapat hayaan ang kanyang sarili na makaramdan ng lungkot dahil sa mga kasiyahan sa buhay na hindi makamit…

ngunit dapat niyang pasiyahin ang kaniyang sarili sa mga gantimapala na nag-aantay sa kabilang-buhay ... ".

**Ibn Sa'ady - (The Truth way)**

## PAGHAHANDOG

**Para sa lahat ng Muslim na nagnanais na maging matuwid para sa kanilang mga sarili, pamilya at lipunan upang maging kaaya-aya sa Paningin ni Allah, at naghahangad ng pinakamataas na antas ng Paraiso, pagkamit ng kaligayahan sa mundo at sa kabilang-buhay sa pamamagitan ng Gabay at Patnubay ni Allah.**

## MAIKLING PAGPAPAKILALA SA AKLAT:

Ang lahat ng papuri ay ukol lamang kay Allah, sa kanya tayo humihingi ng tulong at ako ay nagpapakupkop sa kanya laban sa demonyo. At ang aking taus-pusong pagbati ng pagpapala at kapayapaan ay mapasa-kay propeta Muhammad at sa kanyang pamilya, mga kasamahan at lahat ng tumahak sa landas nila hanggang sa Huling araw.

Tunay na ang aklat na **'PINAKAMAINAM NA BAON'** na tinipon ng aking butihing kapatid sa pananampalataya na si **Eng. HAKAM ADEL ZUMMO AL NUAIRY AL AQILY** –gantimpalaan nawa siya ni Allah- ay isang aklat na mapakikinabangan ng naghahanap ng mga Gawain na ibnilang sa islam na mga dakila at mabubuting Gawain na mapakikinabangan ng isang mananampalataya dito sa mundo at sa Huling Araw. Kabilang sa mga nilalaman ng aklat na ito ay mga Sunnah ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam- na may mga malalaki at dakilang gantimpala, at kabilang din ang mga Gawain at panahon na katugon-tugon kay Allah ang mga yaon. Binigyan pagpapahalaga rin sa mabiyayang aklat na ito ang mga panalangin at mga Dhikr na may malaking gantimpala, at ganoon din ang mga Gawain na may kinalaman sa pagtulong sa kapwa tulad ng pagpapahalaga sa mga balo, mga mahihirap, at marami pang iba.

Kaya naman bilang isang kapatid na nakabasa at nagsalin nito sa Filipino ay aking pinapayuhan una ang aking sarili at ang mga kapatid kong Pilipino na basahin ang aklat na ito at

isabuhay ang anumang mabuting Gawain na napapaloob dito. At higit sa lahat ay hangarin din kay Allah na mapakinabangan ang aklat na ito at sana ay mabigyan pa tayo ng maraming kaalaman at na biyayaan niya tayo ng pagsasabuhay nito. At ang anumang maling pagkaka-salin ay nagmula ito sa akin at hinihingi ko ang kapatawaran mula rito, at ang anumang aking tamang naisalin ay hinihiling ko ang gantimpala nito mula kay Allah.

O Allah biyayaan mo kami ng kaalaman na mapakikinabangan at Gawain na iyong kinalulugdan. Ameen

Alhamdulillahi rabbil Aalamin…

**Abu Abdullah Abdulfattah A. Zacaria**

Riyadh, 12 Ramadhan, 1434H (20 July, 2013)

## PAUNANG SALITA

Ang tanging papuri ay ukol kay Allah, at ang pagbati ng pagpapala at kapayapaan ay mapasa-huling propeta, at sa pamilya at mga dalisay at mabubuting mga kasamahan niya,

Tunay na nabasa ko ang mabiyayang aklat na ito na pinangalanang **'KHAYR AZ-ZAAD'** ni kapatid na Eng. **HAKAM ADEL ZUMMO AL NUAIRY AL AQILY**, at nakita ko na ang aklat na ito ay napaka-halaga ay may pakinabang. Tinipon dito ng may akda ang mga mabubuting Gawain sa pamamaraang magaan at kaaya-aya… na binanggit niya ang mga salita, mga balita at mga kwento na nagpapahikayat sa mambabasa. At sumagi sa aking isipan habang ako ay namamasyal sa hardin na ito na buuin ang tulang ito:

O ikaw na museo ang aming isipan sa kabutihan ay nadaragdagan.

Mula sa gabay ng pinakamabuting ipinadala sa mga lingkod

Tinipon mo rito ang bawat may kasarapan

Ng mga kabutihan na naliliwanagan sa gabay ang mga puso

Gantimpalaan ka ng panginoon ng trono mula sa kanyang biyaya

Na mabuti dito sa mundo at sa lugar na patutunguhan.

Hinihiling ko kay Allah na bigyan niya tayo ng sinseridad sa mga salita at mga gawa. At ang pagbati ng pagpapala at kapayapaan ay mapasa-ating propeta Muhammad –salallahu alayhi wasallam-.

Sinulat ni,

**Hassan bin Abdullah Al- Qaoud**

Riyadh, 30 Muharram 1429H

## PANIMULA

Ang lahat ng papuri ay para lamang sa Pinaka-Makapangyarihan sa lahat, Si Allah ay nagsabi:

***<u>(Surah Al-'Asr)</u>***

"Sa pamamagitan ng Al-'Asr (Ang Oras) {1} Sigurado! Ang tao ay nasa kawalan, {2} Maliban sa mga naniniwala (Islamic monotheism) at matuwid na gumagawa ng kabutihan, at nagpapayuhan sa bawat isa tungo sa katotohanan (halimbawa: pag-uutos ng bawa't isa na gumawa ng mabuti (Al-Ma'ruf) na kung saan ito ay ipinag-uutos ni Allah, at umiwas sa lahat ng kasalanan at masasamang gawain (Al-Munkar) na kung saan ito ay ipinagbawal ni Allah), at nagpapayuhan sa isa't-isa na magtiis (para sa mga pagdurusa, panganib at pinsala na maaaring harapin para Kay Allah habang ipinapangaral ang Kaniyang relihiyon ng pagsamba sa nag-iisang Diyos, o Jihad, etc.). {3} (Al-'Asr).

Kami ay pumupuri at humihingi ng Kaniyang Gabay at Kapatawaran. Ako ay sumasaksi na walang ibang Diyos na karapat-dapat sambahin maliban kay Allah, at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Kaniyang alipin at sugo. Ipagkaloob nawa ni Allah ang Kaniyang Kapayapaan at Pagpapala kay Propeta Muhammad, sa kaniyang pamilya, sa kanyang mararangal na kasama at sa lahat ng mga sumunod

sa kanila sa pagiging matuwid hanggang sa Araw ng Paghuhukom.

Isa sa mga biyaya ni Allah sa atin ay ang Kaniyang pag-atas sa atin ng mga tungkulin na kung saan ito ay mga haligi ng pananampalataya at ang pundasyon nito. Ang mga Muslim na sumusunod sa mga tungkuling ito ay nakumpleto na nila ang kanilang mga obligasyong gawain, at para naman sa mga nagkukulang sa pagtupad sa kanilang mga tungkulin sila ay mas madaling magkulang din sa iba pa. Ang pagsasagawa ng mga tungkulin sa tamang pamamaraan ang magdadala sa isang Muslim sa Paraiso at mag-aalis sa kaniya sa kadiliman tungo sa liwanag. Si Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah) ay nagsabi: "Ang unang gawain na kung saan ang isang alipin ni Allah ay tatanungin sa Araw ng Paghuhukom ay ang kaniyang pagdarasal (Salah). Kung ito ay matuwid, ang lahat ng kaniyang mga gawa ay matuwid, ngunit kung ito naman ay hindi matuwid, lahat ng kaniyang mga gawa ay hindi rin matuwid, at kung ang kaniyang tungkulin ay hindi kumpleto, ipag-uutos ni Allah – ang Makapangyarihan sa lahat – na tingnan ang mga boluntayong gawa ng Kaniyang alipin at kumuha mula dito upang punan ang nakaligtaan niyang tungkulin kung kaya't ang lahat ng kaniyang tungkulin ay magiging ganito." Kaya naman, ang mga boluntaryo at mabubuting gawa ay siyang nagkokompleto sa mga nakaligtaang tungkulin, at bilang karagdagan, merong napakainam na gantimpala para sa mga gumagawa nito. Bagama't ang mga boluntaryong gawa ay

madaling isagawa, ang katumbas nitong gantimpala ay napakainam.

Mga kapatid kong Muslim kung ninanais niyo na tanggapin ni Allah ang inyong mga pagsisikap at magkamit ng gantimpala, mayroong mga particular na kondisyon para sa bawat gawain.

Ang unang kondisyon: ang intensiyon. Si Omar (kaluguran nawa siya ni Allah) ay nagsabi: Narinig ko si Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah) na nagsabi: "Ang gawain ay naaayon sa intensiyon at lahat ay magkakamit ng naaayon sa kaniyang intensiyon." (Napagkasunduan). Sino mang Muslim na ang gawain at intensiyon ay tunay na para lamang kay Allah at walang halong pagkukunwari at pagkukubli ay tatangggapin ni Allah ang kaniyang gawain.

Ang ikalawang kondisyon: ang mabuting gawain ay kinakailangang maisagawa ng naaayon sa atas ni Allah at gabay ng Kaniyang Sugo. Bilang karagdagan, anumang gawain na inembento lamang o kahalintulad ng mga gawain ng mga hindi mananampalataya upang masunod ang sariling kagustuhan ay hindi tatanggapin ni Allah.

Ang gawain ng isang mapagkunwari ay hindi tatanggapin dahil sa ang intensiyon ay marumi, at siya ay nasa pinakamababang antas ng Apoy. Si Allah – ang Makapangyarihan sa lahat - ay nagsabi:

“Katotohanan, ang mga mapagkunwari ay nasa pinakamababang antas ng Apoy; walang tulong kayong mahahanap para sa kanila”. {145} (An-Nisa’)

Kahalintulad nito, ang mga gawaing makabago ay hindi tatanggapin dahil sa ang gawa ay mali kahit na ang intensiyon ay tama bilang sinabi ni Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah): “Kung meron mang magpapakilala ng mga bagay na hindi nabibilang dito ay hindi tatanggapin”. At kaniyang sinabi: “Pinananatili ni Allah ang pagsisisi sa taong nakasanayan ang pagiging makabago hanggang sa siya ay mangilin.” ***(Al Targheeb wa Al Tarheeb ni Shaykh Al Albany).***

Ang aklat na ito ay isinulat upang maging kapaki-pakinabang sa lahat, upang makamit ang gantimpala ni Allah – ang Pinaka-Makapangyarihan sa lahat -, upang mapabilang sa ating mabubuting gawa at upang parangalin ang mga alipin at gawin silang malapit kay Allah. Si Allah – ang Pinaka-Makapangyarihan sa lahat - ay nagsabi:

“Katotohanan, ang mga Muslim (isinusuko ang kanilang mga sarili kay Allah sa Islam) kalalakihan man o kababaihan, ang mga mananampalatayang babae at lalake (na naniniwala sa Islamic monotheism), ang mga kalalakihan at kababaihan na masunurin (kay Allah), ang mga kalalakihan at kababaihan na tapat (sa kanilang pananalita at gawa), ang mga kalalakihan at kababaihan na nagtitiis ( sa pagsasagawa ng mga tungkuling ipinag-utos ni Allah at pangingilin sa mga bagay na ipinagbawal ni Allah), ang mga kalalakihan at kababaihan na

mapagkumbaba (sa kanilang Diyos – Allah), ang mga kalalakihan at kababaihan na nagbibigay ng Sadaqat (i.e. buwis at limos), ang mga kalalakihan at kababaihan na nagsasagawa ng Saum (pag-aayuno) (ang obligadong pag-aayuno tuwing buwan ng Ramadan, at ang kusang-loob na Nawafil na pag-aayuno), ang mga kalalakihan at kababaihan na pinapangalagaan ang kanilang kalinisang-puri (mula sa mga ilegal na gawaing sekswal) at ang mga kalalakihan at kababaihan na lubos na inaalala si Allah sa pamamagitan ng kanilang mga puso at dila. Inihanda ni Allah para sa kanila ang pagpapatawad at dakilang gantimpala (i.e. Paraiso)". (Al-Ahzab 35)

Bilang karagdagan, sa pamamagitan ng mga gawaing ito matatanggap ng isang Muslim ang tulong ni Allah, tagumpay at patnubay. Iniulat ni Abu Huraira (kalugdan nawa siya ni Allah): ang Propeta ni Allah ay nagsabi: "Si Allah – ang Kataas-taasan ay nagsabi: "Ako ay magpapahayag ng digmaan sa sinumang magpapakita ng pagkapoot sa sumasamba sa Akin. Ang pinaka-mamahal na bagay sa Aking alipin na kung saan siya ay malapit sa Akin ay kung ano ang ipinag-uutos Ko sa kanya; at ang Aking alipin ay mas magiging malapit sa Akin sa pamamagitan ng kaniyang pagsasagawa ng mga gawaing Nawafil (boluntaryong pagdarasal o pagsasagawa ng mga gawain maliban sa obligadong gawin) hanggang sa siya ay mapamahal sa Akin, (ng sobra hanggang sa) Ako ay maging kaniyang pandinig na naririnig niya, at kaniyang paningin na nakikita niya, at kaniyang kamay na kaniyang iwinawagayway

o ihinahampas, at kaniyang binti na inilalakad niya; at kung siya ay hihingi sa Akin ang isang bagay, siguradong ibibigay Ko ito sa kaniya, at kung siya ay hihingi sa Akin ng pagkalinga, siguradong siya ay Aking poproteksiyonan." (Al-Bukhari).

Panghuli, hinihingi namin mula kay Allah – ang Nakakarinig sa lahat – ang Nakakabatid ng lahat at ang Hari ng Pinaka-Dakilang Trono - na nawa'y Kaniyang tanggapin ang pagsisikap na ito at maging kapaki-pakinabang sa bawa't Muslim, Ameen. Anumang kabutihan na nailathala sa aklat na ito ay mula kay Allah at anumang pagkakamali ay mula sa aking sarili at kay satanas (isumpa nawa siya ni Allah). Lahat ng papuri ay para lamang kay Allah, ang Diyos ng sanlibutan, at ang kapayapaan at pagpapala ay mapakay-Propeta Muhammad at sa lahat ng Propeta ng Diyos gayundin sa kanilang mga matuwid na taga-sunod.

Ang May-Akda:

**Hakam A. Zummo Al-Aqily**

7 Rabi al-Awwal 1426

16 Abril 2005

# PAUNANG SALITA

Lahat ng papuri ay para lamang kay Allah at ako ay sumasaksi na walang ibang Diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Kaniya (Allah), ang Una, ang Huli, ang Liwanag, ang hindi nangangailangan ng Pahinga, ang siyang Nakakaalam sa lahat ng bagay, at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Kaniyang Propeta at Sugo.

Sa mga sumusunod, aking babanggitin ang ilan sa mga punto na makakatulong sa mambabasa na pahalagahan at maintindihan ang importansiya ay kapakinabangan ng aklat na ito sa lahat ng Muslim.

Ating nalalaman na ang pinakamahalagang responsibilidad ay ang pagsasagawa ng mga obligadong tungkulin: limang beses na pagdarasal sa isang araw, Zakat, pag-aayuno sa buwan ng Ramadan at ang Hajj (Paglalakbay). Ang mga gawaing ito ay ipinag-utos sa atin ng naayon sa atas ni Allah at gabay ng Kaniyang Sugo. Ito ay naiulat na isang tao mula sa Al-Aarab (Bedouins) ang lumapit kay Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) at nagtanong kung ano ang atas ni Allah sa kaniya, kaya naman sinabi sa kaniya ni Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) na ang ipinag-uutos ni Allah ay ang limang beses na pagdarasal, Zakat (pagbibigay ng limos) mula sa kaniyang pera, pag-aayuno sa buwan ng

Ramadan at ang paglalakbay (Hajj) papunta sa banal na lugar (Ka'bah). Pagkarinig nito, paulit-ulit na binanggit ng tao ang mga katagang, "O Allah, hindi ako gagawa ng sobra o kulang sa mga tungkuling ito." Nang umalis ang tao, sinabi ni Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah): "Siya ay nagtagumpay kung siya ay nagsabi ng totoo." (Iniulat ni Al-Shaykhan).

Ang diwa ng isang Muslim ay laging naghahanap ng pagkakataon na makagawa ng kabutihan upang siya ay makatanggap ng gantimapala mula kay Allah. Alinsunod dito, merong iba't-ibang antas ng pagiging matuwid bunga ng mga payak na gawain gaya ng pagpapakain sa nangangailangan, pagtulong sa mga namimighati o kaya naman pagsamba kay Allah. Ang mga tungkuling ito ay hindi madaling gawain maliban na lamang gawin itong madali ni Allah. Ang ating mga tungkuling gawain ay maaaring hindi kumpleto o hindi perpekto lalo na dahil sa dalawang kaaway natin na laging nang-aakit at inilalayo tayo sa matuwid na landas.

Ang unang kaaway ay ang isinumpang si satanas na isinumpang aakitin ang mga inapo ni Adan. Si Allah – ang Kataas-taasan ay nagsabi:

"Sinabi ni [Iblis (Satanas)]: Sa Iyong Kapangyarihan, ako ay nakakatiyak na silang lahat ay aking maililigaw maliban sa mga napili mong alipin sa kanila (halimbawa: tapat, masunurin, totoong nananampalataya sa Islamic Monotheism)." (Sad 82-83)

Samakatwid, si Satanas ay laging nag-aabang ng pagkakataon na makapag-bulong ng kasamaan sa tao at kaniyang ibibigay lahat ng kaniyang makakaya upang mapawalang-saysay ang pagsamba ng mga tao kay Allah. Si Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: “Si Satanas ay lalapit sa isa sa inyo sa oras ng pagdarasal at kayo ay kaniyang lilituhin hanggang sa hindi niyo na nalalaman kung ilang Raka’at () na ang iyong naisagawa.” (Saheeh Al-Jame’a). Laging susubukan ni Satanas na siya ay nasa ating paligid saan mang direksiyon dahil sa ihinayag ni Allah na sinabi ni Satanas:

“At ako ay lalapit sa kanila mula sa kanilang harapan at sa kanilang likuran, mula sa kanilang kanan at mula sa kanilang kaliwa, at karamihan sa kanila ay hindi Mo makikitang mga nagpapasalamat (halimbawa: hindi sila sumusunod sa Iyo).” (Al-A’raf 17)

“Sinabi ni [Iblis (Satanas)]: “Aking Panginoon! Dahil sa ako ay Iyong iniligaw, talagang aking pagagandahin ang landas tungo sa kamalian sa lupa para sa kanila (sangkatauhan) at sila ay aking ililigaw lahat, maliban sa Iyong mga napiling (gabayan) alipin mula sa kanila.” (Al-Hijr 39-40)

Kaya naman dapat nating malaman ang mga balakin ni Satanas, pangalagaan nawa tayo ni Allah mula sa kaniya.

Ang pangalawang kaaway ay ang dikta ng ating mga sarili na iginigiit sa atin ang paggawa ng mga ipinagbabawal at iwanan ang pagka-masunurin. Sinumang sumunod dito ay mapupunta sa impyerno, at sinumang mapagtagumpayang labanan ito ay

magiging matagumpay. Si Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: “Ang matalinong tao ay ang siyang sinisisi ang kaniyang sarili at naghahanda para sa Araw ng Paghuhukom at ang talunan ay ang sinumang sumunod sa dikta ng kaniyang sarili at naghangad ng hindi inaasahan mula kay Allah.” (At-Tirmidhi). Naiulat na si Umar (kaluguran nawa siya ni Allah) ay nagsabi: “Papanagutin ninyo ang inyong mga sarili bago pa kayo tawagin para managot, timbangin niyo ang inyong mga sarili bago pa kayo timbangin at paghandaan ang Araw ng Paghuhukom kung saan lahat ay malalantad at walang maikukubli.”

Ang mga obligadong gawain ay sinusundan ng mga boluntaryong gawain na kung saan ihinabilin ito ni Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) na kaaya-ayang gawin upang mapunan ang mga kulang sa ating obligadong gawain o kaya naman para madagdagan ang ating mabubuting gawa at gantimpala. Napakaraming gawain maliban sa mga nabanggit na kung saan ipinag-utos ni Allah upang makatulong sa mga Muslim na magkamit ng mas maraming gantimpala, makapagalis ng kasalanan at mas maglapit sa mga ito kay Allah. Ilang halimbawa ng mga gawaing to ay ang mga sumusunod: pagdarasal ng Sunnah pagkatapos ng obligadong pagdarasal na ini-atas ni Allah, pagbibigay ng tulong sa mga nangangailangan, kusang-loob na pag-aayuno, pagsasagawa ng ‘Umrah, etc… (Ang mga gawaing Sunnah na ito ay madali para sa isang Muslim na may dalisay na puso).

Sa abot ng aking nalalaman, ang mga impormasyon ukol sa mga boluntaryong gawain at Sunnah’s ay nalimbag na sa iba’t-ibang aklat. Samakatwid, aking naisip na pagsamahin ang mga ito sa isang aklat sa abot ng aking makakaya upang maging madali na sanggunian ng mga muslim para sa kanilang araw-araw na pamumuhay. Aking hinati ang aklat na ito sa dalawang pangunahing bahagi. Ang unang bahagi ay tumatalakay sa mga mabubuting gawain na merong tinukoy na gantimpala na tanging ang mga gumagawa lamang nito ang makakatanggap, bilang pagbubukod sa iba. Ang halimbawa ng mga mabubuting gawaing ito ay ang pagdarasal ng mga Sunnah at ang pagsasagawa ng ‘Umrah. Ang ikalawang bahagi ay nakatuon sa mga gawaing hindi natukoy ang mga benepisyo, ito ay naturingang mabubuting gawain na ang benepisyo ay sakop ang ibang tao gaya ng pamilya, kapit-bahay o maging ang komunidad. Ang mga benepisyong ito ay makakamit dito sa mundo at pati na rin sa Araw ng Paghuhukom. Ang pagkakawanggawa at kapaki-pakinabang na kaalaman ay mga halimbawa na nabibilang sa pangkat ng mga gawaing ito.

Tandaan na merong iba’t-ibang kapakinabangan ang pag-uuri ng mga mabubuting gawain na naayon sa kanilang mga benepisyo. Halimbawa, ang pag-uuring ito ay makakatulong sa mga Muslim upang makapamili ng gawain na ang benepisyo at gantimpala ay mas malaki. Ito rin ay makakatulong na mas mabigyan ng halaga ang mga mabubuting gawain ng naayon sa kanilang kapakinabangan, benepisyo at gantimpala. Bilang karagdagan, ito ay makakatulong sa mga Muslim na

pagbukud-bukurin ang mga mabubuting gawain ng naayon sa oras at lugar. Sa pamamagitan ng aklat na ito, ako ay kumuha (quoted) mula sa Marangal na Qur'an, prophetic tradisyon at talumpati ng mga mararangal na sahaba at mga iskolar ng relihiyong Islam sa abot ng aking makakaya. Panghuli, ako ay umaasa mula sa mga mambabasa na sumulat o magbigay ng payo kung kayo ay merong makitang pagkakamali at ito ay pwede ninyong ipadala sa address na ito:

**P.O. Box 11521 Riyadh 41066**

**Email: advisor07@hotmail.com**

Aming ipinagdarasal sa Kataas-taasan na si Allah na tayo at lahat ng mga Muslim ay makinabang sa aklat na ito at sa anumang babasahin na ating mababasa. Patawarin nawa tayo ni Allah sa ating mga pagkakasala at gabayan Niya nawa tayo sa tuwid na landas. Amin ding ipinagdarasal mula sa Kaniya na ipagkaloob ang napipiling biyaya at kapayapaan kay Propeta Muhammad, sa kaniyang dalisay na pamilya, sa kaniyang mararangal na kasama at gayundin sa lahat ng sumunod sa kanila sa pagiging matuwid hanggang sa Araw ng Paghuhukom. Ameen.

## UNANG BAHAGI

### Mga Gawaing may Partikular na Benepisyo sa gumagawa nito sa mundo at sa Huling Araw

### 1. Mga Gawaing may Kaugnayan sa Pagdarasal:

A- Mga gawaing isinasagawa bago ang pagdarasal:

1- ANG WUDHU' (Paghuhugas)

Ang paghuhugas ay naglilinis ng ating mga katawan at nililinis nito ang ating mga kaluluwa mula sa kasalanan at pagsisisi. Naiulat na sinabi ni Abu Huraira (kalugdan nawa siya ni Allah) na si Propeta Muhammad (sumakaniya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah) ay nagsabi: “Sa tuwing ang isang alipin ay naghuhugas ng kaniyang mukha bawat kasalanan na kaniyang naisip gawin ay mapapawi mula sa kaniyang mukha ng tubig o ng huling patak nito, at sa tuwing kaniyang hinuhugasan ang kaniyang mga kamay bawat kasalan na nagawa nito ay mabubura mula sa kaniyang mga kamay ng tubig o sa huling patak nito, at sa tuwing kaniyang hinihugasan ang kaniyang mga paa bawat kasalanan na tinahak ng mga ito ay mapapawi ng tubig o ng huling patak nito, kung kaya siya ay lalabas na dalisay mula sa lahat ng pagkakasala.” (Muslim). Naiulat na si Humran ay nag-ulat na si ‘Uthman ibn Affan (kalugdan nawa sila ni Allah) ay nagsabi na si Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi:

“Sinumang magsagawa ng perpektong ablution (paghuhugas) tulad ng ipinag-utos ni Allah sa kaniya, buburahin ng itinakdang pagdarasal ang mga kasalanan na kaniyang nagawa sa pagitan ng mga ito.” (Muslim). Naiulat din na si ‘Uthman ay nagsabi: “Aking narining ang Propeta ni Allah (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) na nagsabi: “Sinumang magsagawa ng perpektong ablution (paghuhugas) at siya ay naglakad upang isagawa ang nakatakdang pagdarasal kasama ng mga tao o pagtitipun-tipon o sa Mosque, patatawarin ni Allah ang kaniyang mga kasalanan.” (Muslim). Ito ay napakadakilang biyaya mula kay Allah na Kaniyang ini-atas ang ablution (paghuhugas) upang tayo ay linisin mula sa ating mga pagkakasala sa araw-araw. Bilang karagdagan, ang ablution (paghuhugas) ay isa sa mga kailangan bago ang pagsasagawa ng pagdarasal (Salah) na kung saan ang pagdarasal (Salah) na walang ablution (paghuhugas) ay itinuturing na walang bisa. Kung ang paggamit ng tubig sa ablution (paghuhugas) ay hindi posible pwedeng gumamit ng alikabok o buhangin bilang kapalit nito. Naiulat na si Abu Huraira (kalugdan nawa siya ni Allah) ay nag-ulat na si Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: “Ang inyong mga mukha, kamay at paa ay magiging maliwanag sa Araw ng Paghuhukom bunga ng inyong perpektong ablution (paghuhugas), kaya kung sino man sa inyo ang may kakayahan na dagdagan ang liwanag ng inyong mga mukha, kamay at paa.” (Muslim).

2- Siwak (Ginagamit sa paglilinis ng ngipin)

Ang Siwak ay Sunnah mula kay Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) at ito ay kaniyang nakagawian bilang karagdagdagan bilang isa sa kaniyang mga natural na pag-uugali. Si Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay naghikayat sa kaniyang mararangal na kasamahan na gamitin ito (Siwak) lalong-lalo na bago ang itinakdang pagdarasal (Salah). Naiulat na si Abu Huraira (kalugdan nawa siya ni Allah) ay nag-ulat na si Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: "Kung ito ay hindi naging mahirap para sa mga mananampalataya – at iniulat ni Zuhair (kalugdan nawa siya ni Allah) – para sa aking Ummah – akin sanang ipinag-utos sa kanila ang pag-gamit ng Siwak bago ang bawat itinakdang pagdarasal (Salah)." (Muslim). Ang Siwak ay nakakapaglinis ng bunganga ng isang Muslim at ito ay may kaaya-ayang amoy sa pagharap kay Allah sa oras ng pagdarasal (Salah) at dahilan upang hindi mainis ang mga Anghel at Muslim na nagdarasal sa kaniyang tabi dahil sa maaaring hindi magandang amoy. At ang Siwak ay merong napakahusay na gantimpala bilang naiulat na si A'isha (kalugdan nawa siya ni Allah) ay nag-ulat na si Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: "Ang Siwak ay naglilinis ng bunganga at kinaluluguran ni Allah." (Sahih Bukhari).

B- Mga gawain na may kaugnayan sa Bahay Sambahan (Masjid):

1- Paglalakad papunta sa Bahay Sambahan (Masjid/Mosque):

Naiulat na si Abu Huraira ay nagsabi na si Propeta Muhammad (sumakaniyia nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: “Kung sinuman ang naglilinis ng kaniyang sarili sa kaniyang tahanan at siya ay naglakad o naglakabay patungo sa isa sa mga bahay sambahan (masjid/mosque) upang gampanan ang isa sa mga obligadong tungkulin na iniatas ni Allah, bawat hakbang niya ay nagbubura sa isa sa kaniyang mga pagkakasala at ang kasunod nito ay mag-aangat ngn kaniyang katayuan.” (Sahih Muslim). Iniulat ni Abu Huraira na si Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: “Kung sinuman ang nagpaparoot-parito (magpabalik-balik) sa mosque (upang isagawa ang pagdarasal), si Allah ay maghahanda para sa kaniya ng pagtitipon/pagdiriwang sa paraiso ng madalas pareho ng kung gaano siya kadalas magparoot-parito (magpabalik-balik).” (Ito ay kinolekta ni Ahmad, Al-Bukhari at Muslim). Katiyakan, ang paglalakad o paglalakbay patungo sa mosque ng limang beses sa isang araw ay magpaparami ng ating gantimpala at magbabawas o magpapaliit sa ating mga pagkukulang at pagkakasala. Sa kadahilanang ang pinakamainam na mga tahanan ay ang mga tahanan na kung saan ito ay malayo sa mga mosque. Merong kuwento tungkol sa mga anak ni Salamah, na ninais nila na ilipat ang kanilang bahay o tahanan sa tabi ng mosque at ng si Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nabigyan ng impormasyon tungkol dito kaniyang sinabi sa kanila: “Dumating sa aking kaalaman na kayo ay nais

lumipat sa tabi ng mosque”. Kanilang sinabi: “Oo Propeta ni Allah, yan ay aming ninanais”. Sinabi ng Propeta (sumakaniuya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah): “Mga anak ni Salamah, ang kinaroroonan ng inyong mga tahanan ang siyang nagdudulot ng inyong mga gantimpala.” (Muslim). Naiulat din ni Abu Musa na sinabi ni Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah: “Ang mga tataong nagkakamit ng napakalaking gantimpala para sa As-Salat (Pagdarasal) ay yaong mga malalayo (mula sa mosque) and yaong mga mas malayo pa at ang mga sumunod pa. Gayundin, sinumang naghihintay sa Imam para sa pagdarasal ay may mas malaking gantimpala kesa sa sinumang nagsasagawa ng As-Salat (pagdarasal) at natulog.

2- Kadalisayan at pagiging mataimtim habang naglalakad patungo sa Masjid at sa Pagdarasal:

Ang Islam ay relihiyon ng kadalisayan at gaya ng ating nalalaman na ang kadalisayan at kalinisan sa katawan, isip at puso ay kinakailangan sa lahat ng Muslim araw-araw lalong-lalo na kapag nasa loob ng mosque. Dapat tayong maging malinis at magdamit ng maayos, malinis na damit at maglagay ng pabango (para sa mga kalalakihan lamang) kung papunta sa mosque. SI Allah, ang Kataas-taasan ay nagsabi: “O Mga Anak ni Adan! Dalhin ang inyong mga adorno/palamuti (sa pamamagitan ng pagsuot ng malinis na damit) habang nagdarasal [at umiikot (tawaf) sa Ka’bah], at kumain at uminom ngunit huwag magsayang ng pagkain sa pamamagitan ng pag-aaksaya, tiyak na Siya (si Allah) ay hindi gusto ang mga

Al-Musrifun (ang mga nagsasayang ng pagkaain sa pamamagitan ng pag-aaksaya).” (Al-Araf: 31)

Sa kasamaang palad, sa mga araw na ito ating napapansin o napupuna na karamihan sa mga mananampalataya na tumutungo sa mga Mosque ay merong mga di magandang amoy mula sa pawis, langis o nangangamoy na medyas na kung saan ito ay nakakapinsala sa ibang mga mananampalataya at nakakaistorbo sa kanilang katahimikan at kapayapaan ng loob habang nagdarasal. Si Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay isinalarawan kay Bilal (kaluguran nawa siya ni Allah), na kadalasang nagbibigay ng Adhan (panawagan para sa pagdarasal), “ O Bilal paginhawain mo kami sa panalangin”. Upang maihanda ang ating mga sarili para sa pagdarasal ipinagutos sa atin ng Propeta ni Allah (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ang pagtungo sa Mosque ng may katahimikan at kapayapaan ng loob. Naiulat ni ‘Abdullah bin Abi Qatada:

Sinabi ng aking ama, “Habang kami ay nagdarasal kasama ang Propeta (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) kaniyang narining ang ingay ng mga tao. Pagkatapos ng pagdarasal kaniyang sinabi: “Ano ang problema”? Sila ay sumagot: “Kami ay nagmamadali/naghahabol para sa pagdarasal.” Kaniyang sinabi: “Huwag magmamadali para sa pagdarasal, at sa tuwing kayo ay patungo para sa pagdarasal, dapat na kayo ay makarating ng mapayapa, at isagawa ang

pagdarasal kung anuman ang iyong naabutan (kasama ng mga tao) at kumpletohin ang anumang naiwan.” (Al-Bukhari).

Sa pagninilay sa Hadith na ito, mapapansin na nabanggit ng Propeta ni Allah (sumakaniya nawa ang kapayapaaan at pagpapala ni Allah) ang kapayapaan sa sarili bago lumahok sa juma’ah kahit na ang pagdarasal kasama ang jumu’ah ay merong dakilang biyaya lalong-lalo na ang (Panimulang Takbir).

3- Ang Adhan (Panawagan para sa Pagdarasal):

Ang Azhan (Panawagan para sa Salah [Pagdarasal]) ay ang anunsiyo ng oras ng pagdarasal (Salah), at ito ay katibayan ng Islamikong tanggulan sa lugar kung saan ito ginaganap o isinasagawa. Ito din ay katibayan ng pagpapakita ng simbolo ni Allah. Ang mga Muazzin ang siyang responsable sa pagtutukoy ng mga oras ng Salah (Pagdarasal); Dito ibinabatay ng mga Muslim ang oras ng kanilang pagdarasal at yaong mga nagnanais na mag-ayuno para sa pag-uumpisa at pagtatapos nito. Ang Azhan at ang mga Muazzin ay may napakadakilang biyaya bilang ito ay nabanggit sa Hadith na kung saan naiulat ni Isa Ibn Talha na nagsabi na siya ay nakaupo kasama si Mu’awiyya Ibn Abu Suffyan nang ang Muazzin ay nagsagawa ng Azhan. Sinabi ni Mu’awiyya: Aking narining si Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) na nagsabi: “Ang mga Muazzin ay magkakaron ng pinakamahahabang leeg sa Araw ng Paghuhukom.” (Muslim).

Inirerekomenda sa mga Muslim na nakaririnig ng Azhan ang manalangin bilang naiulat ni Jabir (kaluguran nawa siya ni Allah) na si Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: “Sinumang pagkatapos na marinig ang Azhan ay manalangin: Allahumma Rabba Hadhihid Da’watit Tammah Was Salatil Qa’imah, Ati Muhammadanil Wasilata Wal Fadilah, Wa Ba’ath Hu Maqaman Mahmuda, Alladhi Wa’adthu [O Allah, Panginoon nitong Perpektong Panawagan (ng hindi nag-uugnay ng anumang kapareho/katulad sa Iyo) at ng regular na Salah (Pagdarasal) na magaganap! Nawa’y ibigay mo kay Muhammad ang karapatan ng pamamagitan at kahusayan at nawa’y ipagkaloob mo sa kaniya sa (sa Araw ng Paghuhukom) ang pinaka-mainam at pinakamataas na lugar sa paraiso gaya ng Iyong ipinangako sa kaniya], ang aking pamamagitan para sa kaniya sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay pahihintulotan.” (Sahih Al-Bukhari). Ang pagbigkas ng nasabing panalangin ay daan upang makamit ng isang Muslim ang pamamagitan ni Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) para sa kaniya sa Araw ng Muling Pagkabuhay kung ipahihintulot ni Allah, kung saan ito (Pamamgitan) ay lubos na kailangan ng lahat.

4- Ang Pagdarasal na sama-sama (Jama'ah)

Iniulat ni Abu Hurayrah (kaluguran nawa siya ni Allah): Isang bulag ang lumapit sa Propeta ni Allah (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) at nagsabi: ‘O Propeta ni Allah! Wala akong kasama na makakapag-gabay sa akin

patungo sa Mosque.” Samakatuwid, siya (ang bulag) ay humingi ng permiso mula sa Propeta (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) na isagawa ang kaniyang pagdarasal (Salah) sa kaniyang tahanan. Ipinagkaloob ng Propeta (sumakanikya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ang permisong ito sa kaniya. Nang siya ay tumalikod, tinawag siyang muli ng Propeta (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) at nagsabi: “Naririnig mo ba ang Azhan (Panawagan para sa Pagdarasal)?” Siya ay tumugon ng may pagsang-ayon. Ang Propeta ni Allah (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay tinuruan/pinayuhan siyang tumugon dito. (Muslim). Iniulat din ni Abu Huraira (kaluguran nawa siya ni Allah): Ang Propeta ni Allah (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: “Mula sa Kaniya na may hawak ng aking buhay, minsan sumasagi sa aking isipan ang pagbibigay ng utos para sa pag-ipon ng kahoy na panggatong, pagkatapos ay para sa pag-aanunsiyo ng Azhan para sa pagdarasal. At pagkatapos ako ay ang pagtalaga ng Imam para mamuno sa pagdarasal, at pagkatapos ay pumunta sa bahay ng mga hindi dumating para isagawa ang pagdarasal (Salah) kasama ang ibang mananampalataya, at gumawa ng apoy mula sa kanilang mga bahay.” (Al-Bukhari and Muslim). Batay sa mga nabanggit na nakagawian ng Propeta (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) malinaw na ang pagdarasal ng grupo ay obligadong gawain maliban na lamang kung merong katanggap-tanggap na dahilan para hindi ito maisagawa gaya ng pagkakaroon ng sakit na pumipigil upang makagalaw o kaya bulag na walang kasama na mag-aakay sa kaniya patungo sa

mosque. Bilang karagdagan, ang pagliban sa pagdarasal kasama ang grupo ay magbubunga rin ng pagkawala ng mga napakadakilang gantimpala. Naiulat na si Abdullah bin Umar ay nagsabi na si Propeta Muhammad (sumakaniyan nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: “Ang Pagdarasal (Salat) sa pagtitipon ay dalawampu’t pitong beses ang higit na taas ng antas kesa sa pagdarasal (Salat) na isinagawa ng nag-iisa.” (Sahih Al-Bukhari).

5- Ang Pagiging Maagasa Pagtungo sa Salah:

Naiulat na si Abu Hurairah ay nagsabi na ang Propeta ni Allah (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: “Kung nalalaman lamang ng mga tao kung ano ang meron sa azhan (panawagan para sa pagdarasal) at ang mapabilang sa unang hanay, malamang sila ay guguhit ng napakarami para dito. At kung kanilang nalalaman ang gantimpala para sa pagdarasal sa kalagitnaan ng araw, malamang sila ay mag-uunahan para dito. At kung kanila lamang nalalaman ang gantimpala para sa pagdarasal sa gabi at madaling-araw kasama ang grupo, malamang na sila ay sasali dito kahit pa na sila ay kinakailangang gumapang.” (Sahih Muslim). Sa kaniyang talumpati, si Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay ipinaalam sa atin na ang pagtungo ng maaga para sa pagdarasal at pagdarasal sa unang hanay ay may napakahusay na karangalan. Naiulat na si Abu Huraira ay nagsabi na ang Propeta ni Allah (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: “Ang mainam na hanay para sa mga kalalakihan sa pagdarasal ay ang unang hanay at ang pinakamababa ay ang sa hulihan. At ang mainam na hanay para sa mga kababaihan para sa pagdarasal ay ang pang-

huling hanay at ang pinakamababa ay ang sa una.” (Sahih Muslim).

- Ang Pagtungo ng Maaga sa Pagdarasal ng Biyernes (Jumu’ah):

Ating nalalaman na ang Biyernes (Jumu’ah) ay napaikanam na araw sa buong lingo sa kadahilanang meron itong mga espesyal at napakahusay na katumbas. Naiulat na si Abu Hurairah ay nagsabi na si Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: “Ang napainam na araw na kung saan sumisikat ang araw ay Biyernes, sa araw na ito si Adan ay nilikha, at sa araw na ito si Adan ay tinaggap sa paraiso, at sa araw ding ito siya ay napaalis mula dito (paraiso), at ang Araw ng Paghuhukom ay magaganap sa araw ng Biyernes.” (Sahih Muslim). Naiulat din na si Abu Huraira ay nagsabi na ang Propeta ni Allah (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: “Tayo ang panghuli ngunit tayo ang mauuna sa Araw ng Paghuhukom at tayo ang siyang mauuna na papasok sa Paraiso kahit pa na ang mga naunang nasyon ang nabigyan ng scripture bago tayo at tayo ay nabigyan nito pagkatapos nila. Ngunit sila ay nagkawatak-watak, kaya tayo ay ginabayan ni Allah sa katotohanan na kanilang pinag-alinlanganan. Sila ay inatasang ipagdiwang ang araw na ito ngunit sila ay nag-alinlangan sa kanilang mga sarili tungkol dito. Kaya tayo ay ginabayan ni Allah dito. Si Allah ay nagsabi: “Ang Biyernes ay para sa atin (mga Muslim) at kinabukasan ay para sa mga Hudyo at sa sumunod na araw pagtapos nito ay para sa mga Kristiyano.” (Sahih Muslim).

Si Allah, ang Kataas-taasan, ay partikular sa Araw ng Biyernes bilang Araw ng Pagsamba. Linggo-linggo ang mga Muslim ay

nagdarasal at nagkikita-kita upang makinig sa linggohang talumpati - khutbah. Si Allah, ang Kataas-taasan ay partikular sa mga napakadakilang biyaya para sa mga Muslim na dumadalo ng maaga para sa pagdarasal sa araw na ito (Biyernes). Naiulat na si Abu Hurairah ay nagsabi na si Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: "Sinuman ang naligo sa araw ng Biyernes gaya ng paliligo ng Janaba at tumungo para sa Pagdarasal (Salat) (sa unang oras i.e. maaga) siya ay para ng nagsakripisyo ng kamelyo (para kay Allah); at sinumang tumungo sa ikalawang oras siya ay para ng nagsakripisyo ng baka; at sinumang tumungo sa ikatlong oras, ay para ng nagsakripisyo ng horned ram; at kung meron mang tumungo sa ika-apat na oras ay para na rin siyang nagsakripisyo ng manok, at sinumang tumungo sa ika-limang oras ay para na rin siyang nag-alay ng itlog. Kapag ang Imam ay lumabas na [i.e. nag-umpisa ng magbigay ng–Khutbah] ang mga anghel ay ibibigay ang kanilang mga atensiyon sa pakikinig sa talumpati – Khutbah." (Sahih Al-Bukhari). Naiulat din na si Salman Al-Farisi ay nagsabi na ang Propeta ni Allah (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: "Sinumang naligo sa araw ng Biyernes, nilinis ang kaniyang sarili sa abot ng kaniyang makakaya, at gumamit ng langis sa kaniyang buhok o pinabangohan ang kaniyang sarili ng amoy ng kaniyang tahanan, at tumungo (para sa Jumu'ah) at hindi naghiwalay sa dalawang tao nakaupo ng magkatabi (sa mosque), at nagdasal ng nagdasal gaya ng naitakda (ni Allah) para sa kaniya at nanatiling tahimik habang ang Imam ay nagbibigay ng kaniyang talumpati – khutbah, ang kaniyang mga kasalanan sa pagitan ng kasalukuyang at nakaraang Biyernes ay mapapatawad." (Sahih Al-Bukhari).

6- Ang mga Sunnah na Rawatib:

Karaniwan ang ating mga Salat (Pagdarasal) ay hindi perpekto dahil sa mga nakakaligtaang mahalagang bahagi o Sunnah o pagkaalala sa mga bagay na makamundo na kung saan nakakaistorbo sa ating pagdarasal at pagtalima o dahil sa bulong ng demonyo. Ating nalalaman na ang mga gantimpala sa Salat (Pagdarasal) ay nadadagdagan o nababawasan batay sa ayos ng ating Salat (Pagdarasal), konsentrasyon at pagsuko habang isinasagawa ito ng naayon sa turo ng Propeta (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah). Ang Propeta ni Allah (sumakaniyan nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: “Isagawa niyo ang Salat (Pagdarasal) sa parehong pamamaraan na nakita niyo sa akin.” (Sahih Al-Bukhari). At ang Propeta (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: “Karaniwan kapag ang alipin ay natapos sa kaniyang pagdarasal at umalis ang gantimpala para sa kaniyang Salat (Pagdarasal) ay hindi masusulat ng kalahati lamang ng gantimpala, ikatlong bahagi lamang, quarter lamang hanggang sinabi niya ikasampung bahagi lamang.” Samakatwid, upang mapunan ang mga hindi nakompletong gantimpala sa Salat (Pagdarasal) at upang madagdagan ang ating mga gantimpala ipinag-utos/iniatas sa atin ng ating Propeta (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ang mga regular na Sunnah na pwede nating isagawa bago man o pagkatapos ng mga obligadong Salat (Pagdarasal). Merong dalawampung bahagi (Raka’at) sa araw at gabi. Ang mga Sunnah na ito ay isinasagawa gaya n g mga sumusunod:

- Pagdarasal ng dalawang Rak'ah bago ang Salatul Fajr (pagdarasal sa bukang-liwayway). Naiulat na si A’ishah (kaluguran nawa siya ni Allah) ay nagsabi na si Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala

ni Allah) ay nagsabi: “Ang dalawang bahagi (2 Raka’at) ng Pagdarasal sa bukang-liwayway ay mainam sa buhay na ito at lahat ng meron ito.” (Sahih Muslim).

- Pagdarasal ng apat na Rak'ah bago ang Salatul Dhur (pagdarasal sa tanghali) at dalawang bahagi (2 Raka’at) pagkatapos nito. Naiulat na si A’ishah (kaluguran nawa siya ni Allah) ay nagsabi na ang Propeta ni Allah (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nakagawian ang pagdarasal sa kaniyang tahanan ng apat na bahagi (4 Raka’at) bago ang Dhur (pagdarasal sa tanghali) at ito ay umaalis upang tumungo at manguna sa pagdarasal kasama ang mga mananampalataya at babalik upang isagawa ang pagdarasal ng dalawang bahagi (2 Raka’at).”

- Pagdarasal ng dalawang Rak'ah pagkatapos ng Salatul Maghrib (pagdarasal pagkalubog ng araw). Naiulat na si A’ishah (kaluguran nawa siya ni Allah) ay nagsabi: “Ang Propeta ni Allah (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nakagawian ang pangunguna sa mga mananampalataya sa pagsasagawa ng Salat’ul Maghrib at pagkatapos ay babalik sa kaniyang tahanan upang isagawa ang pagdarasal ng dalawang bahagi (2 Raka’at).”

- Pagdarasal ng dalawang Rak'ah pagkatapos ng Salatul Isha (pagdarasal sa gabi). Naiulat na si A’ishah (kaluguran nawa siya ni Allah) ay nagsabi: “Ang Propeta ni Allah (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nakagawian ang pangunguna sa mga mananampalataya sa pagsasagawa ng Salat’ul Isha at pagkatapos ay babalik sa kaniyang tahanan upang isagawa ang pagdarasal ng dalawang bahagi (2 Raka’at).”

Ang pagdarasal ng mga Sunnah ay merong kapakinabangang karagdagan na mga gantimpala at ito rin ay paraan para makapasok sa Paraiso sa kadahilanang naiulat na si Umm Habiba (kaluguran nawa siya ni Allah) asawa ng Propeta (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi na kaniyang narining ang Propeta ni Allah na nagsabi: "Bawat Muslim na araw-araw na isinasagawa ang labindalawang bahagi (12 Raka'at) na Salah (Pagdarasal) maliban sa mga obligadong salah (pagdarasal), si Allah ay maghahanda para sa kanila ng tahanan sa Paraiso." O "Isang tahanan ang ihahanda para sa kaniya sa Paraiso." Sahih Muslim). Gayundin, ang pagdarasal ng apat na bahagi (4 Raka'at) bago ang Salatul 'Asr (Pagdarasal sa hapon) ay merong mga kapakinabangan gaya ng sinabi ni Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah): "Nawa'y bigyan ni Allah ng habag yaong taong nagdarasal ng apat na raka'ah (bahagi) bago ang Salatul 'Asr (pagdarasal sa hapon)." (Abu Dawud & At-Tirmidhi).

Ang madalas na pagdarasal ay mainam at naglalapit sa isang mananampalataya sa kaniyang Tagapaglikha (kay Allah) at nag-aani ng mga napakadakilang gantimpala. Naiulat na si Thauban – pinalayang alipin (sumakaniya nawa ang kapayapaan) ng Propeta ni Allah (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: Aking tinanong ang Propeta (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) tungkol sa kung anong gawain ang pwede kong gawin na kung saan ako ay tatanggapin ni Allah sa Paraiso at ang Propeta (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: "Magpatirapa ka ng madalas sa iyong Panginoon sa kadahilanang tuwing ikaw ay nagpapatirapa sa iyong Panginoon ang isang pagpapatirapa ay magaangat saiyo ng isang antas, at magtatakip ng isa sa iyong mga kasalanan."

(Sahih Muslim). Naiulat din na si Rabyaa Bin Kaab Alaslamy ay nagsabi: Isang gabi na aking kasama si Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) at pagkatapos ko siyang mapaglingkuran para sa kaniyang ablusyon (paghuhugas o paglilinis) ako ay kaniyang tinanong kung ako ay mayroong gusting hilingin, ako ay sumagot: Gusto kong maging kasamahan mo sa Paraiso. At siya ay sumagot: "meron pa bang iba?" Sinabi ko: Yun lang. Sinabi niya: "labanan mo ang iyong sarili sa pamamagitan ng maraming pagpapatirapa." (Sahih Muslim). Ang pinakamalapit na distansiya ng isang alipin ni Allah mula sa Kaniya ay sa tuwing siya ay nagpapatirapa sa kadahilanang sinabi ng Propeta (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: "Ang pinakamalapit na distansiyia ng isang alipin sa kaniyang Panginoon ay sa tuwing siya ay nagpapatirapa, kaya dagdagan niyo ang inyong mga panalangin habang kayo ay nasa ganiyang kalagyan (nakapatirapa)." (Sahih Muslim).

7- Ang Pananatili sa Masjid sa Pagitan ng mga Pagdarasal:

Ang pananatili sa Mosque sa pagitan ng mga pagdarasal ay mayroong napakahusay na kahalagahan sa kadahilanang sinabi ni Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah): "Ang alipin ni Allah ay itinuturing na nasa estado ng pagdarasal hangga't siya ay nasa mosque at naghihintay para sa pagdarasal at ang mga anghel ay magsasabi: "O Allah! Pagkalooban Mo ng biyaya ang iyong alipin. Kahabagan at kaluguran mo siya hangga't siya ay nananatili sa kaniyang lugar na pinagdarasalan at hindi nagpapalabas ng maruming hangin (utot)." (Sahih Muslim). At meron pang ibang mga nakagawian ng Propeta (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) na nagtataglay ng mga napakaraming paksa gaya ng mga nabanggit sa taas gaya

ng tradisyon na iniulat ni Abu Huraira na ang Propeta (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: “Ang pagsasagawa ng pagdarasal sa pagtitipon (grupo) ay dalampu’t limang beses na higit (sa gantimpala) sa pagdarasal na isinagawa ng nag-iisa sa kaniyang tahanan o sa lugar ng kaniyang trabaho, dahil kung ang isang alipin ay nagsagawa ng ablusyon (paghuhugas) at ito ay naisagawa niya ng perpekto, at siya ay tumungo sa mosque na walang ibang intensiyon kundi ang mag-alay ng panalangin, kung gayun sa bawa’t hakbang na kaniyang ginagawa patungo sa mosque, tinataasan ni Allah ang antas ng kaniyang gantimpala (nagpapatawad) nagbubura ng isang kasalanan (sa bawat hakbang) hanggang sa siya ay makapasok sa mosque. Kapag siya ay pumasok na sa mosque siya ay itinuturing nang nagdarasal hangga’t siya ay naghihintay sa (Salat) pagdarasal at ang mga anghel ay patuloy sa paghingi kay Allay ng kapatawaran para sa kaniya (alipin) at patuloy nilang sinasabi: “O Allah, Kahabagan mo siya, O Allah! Patawarin mo siya, hangga’t siya ay nakaupo sa kaniyang lugar na pagdarasalan at hindi nagpapalabas ng maruming hangin (umuutot).” Iniulat din ni Abu Hurairah (kaluguran nawa siya ni Allah) na si Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: “Hindi ko ba sasabihin sa inyo ang isang bagay na kung saan inaalis ni Allah ang mga kasalanan at nag-aangat ng antas (sa Paraiso)?” Ang kaniyang mga kasamahan ay nagsabi: “Katiyakan, O Propeta ni Allah.” Siya (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: “Pagsasagawa ng ablusyon (paghuhugas) ng maayos / perpekto sa kabila ng mahirap na sitwasyon o pagkakataon, paglalakad ng may higit na distansiya sa mosque, at paghihintay para sa susunod na Salat (pagdarasal) pagkatapos maisagawa ang kasalukuyang Salat (pagdarasal); at ito ay Ar-Ribat, at ito ay Ar-Ribat.” (Muslim).

- Pananatili sa mosque pagkatapos ng Salatul Fajr (Pagdarasal sa madaling araw) at pagsasagawa ng dalawang bahagi (2 raka'at) pagkatapos sumikat ng araw:

Naiulat ni Anas bin Malik na si Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: sinuman ang magsagawa ng pagdarasal sa bukang-liwayway (Salatul Fajr) sa pagtitipon at nanatili upang alalahanin at paluwalhatian si Allah hanggng sa sumikat ang araw at nagdasal ng dalawang bahagi (2 raka'at) ang kaniyang gantimpala ay katumbas ng Hajj at Umrah." Kaniyang idinagdag na sinabi ng Propeta (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagapapala ni Allah): "isang buo/kompleto, isang buo/kompleto, isang buo/kompleto." (At-Tirmidhi).

C- Ang Sunnah para sa Salatul Duha (Pagdarasal bago magtanghali)

Naiulat na si Zaid ibn Arqam ay nakakita ng mga taong nagdarasal ng Salatul Duha at kaniyang sinabi: "Hindi ba nila nalalaman na mas mainam na mag-alay ng pagdarasal sa oras maliban sa oras na ito?" Ang Propeta ni Allah (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nasabi: "Ang Pagdarasal ng mga panatiko ay kapag ganap ng sumikat ang araw." (Sahih Muslim). Ang Pagdarasal bago dumating ang tanghali ang ipinag-utos ni Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) sa kaniyang kasamahan na si Abu Huraira na isagawa ng regular at kaniyang sinabi: "Pinayuhan ako ng aking kaibigan (ang Propeta [sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah]) na isagawa ang tatlong bagay: ang mag-ayuno ng tatlong (3) beses kada buwan, ang mag-alay ng pagdarasal

bago dumating ang tanghali (Salatul Duha) at ang magdasal ng Witr bago matulog.” (Sahih Muslim). Ating mapapansin ang napakahusay na kahalagahan ng Sunnah na ito (Salatul Duha) sa mga sumusunod na tradisyon na kung saa naiulat ni Abu Zarr na ang Propeta (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: “Bawat isa sa inyo ay kinakailangang gumawa ng isang kawang-gawa kada umaga, bawat pagsamba kay Allah ay kawang-gawa, at bawat papuri kay Allah ay kawang-gawa, at bawat pagsambit ng “walang ibang Diyos maliban kay Allah” ay isang kawang-gawa, bawat pagbanggit ng “Si Allah ay Dakila” ay kawang-gawa, at bawat pag-uutos ng mabuti ay kawang-gawa, at bawat pagbabawal ng masama ay kawang-gawa at ang may pinakamalaking gantimpala sa mga ito ay ang pagdarasal ng dalawang bahagi (2 raka’at) ng Salatul Duha.” (Sahih Muslim). Isipin niyo na lamang na kinakailangan niyong magbayad ng kawang-gawa para sa bawat buto sa inyong katawan na kung saan nagtataglay ito ng tatlong-daan at animnapu na buto at maaaring hindi niyo ito magagawa, Si Allah, Ang Pinaka-Maawain, Ang Pinaka-Mapagbigay, iniatas sa atin ang Salatul Duha na Sunnah upang maging katumabas sa gantimpala sa lahat ng kawang-gawa na ito.

D- Pagdarasal sa Gabi (Qiyam):

Isa sa mga pinakadakilang pagdarasal ay ang pagdarasal sa kalaliman ng gabi lalong-lalo na sa huling ikatlong bahagi n g gabi na ramdam ang katahimikan, kahinahunan, kagandahan ng panahon at ang katiwasayan ng pakikipag-usap kay Allah – ang pinakamakapangyarihan sa lahat. Si Allah – ang Kataas-taasan, ay pinuri ang mga Muslim na nagdarasal sa kalaliman ng gabi bilang Kaniyang sinabi:

“Nakagawian nilang matulong ng kakaunti sa gabi [nananalangin sa kanilang Panginoon (Allah) at nagdarasal, ng may takot at pag-asa] {17} At sa mga oras bago mag-umaga, sila ay makikitang humihingi (Allah) para sa kapatawaran {18}.” (Adh-Dhariyat).

Dagdag pa rito, ang pagdarasal sa kalaliman ng gabi ay isa sa mga Sunnah ng Propeta (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) na kung saan ipinag-utos ito sa kaniya ni Allah – ang Kataas-taasan, bilang Kaniyang sinabi:

“O ikaw na nababalot sa iyong kasuotan (i.e. Propeta Muhammad)! {1} Tumayo (upang magdasal) buong gabi maliban sa konti {2} kalahati nito o mas mababa ng konti, {3} o mas kaunti pa. At basahin ang Qur’an (ng malakas) sa mabagal (kaaya-ayang tono at) paraan/estilo {4}.” (Al-Muzzamil).

Bilang karagdagan, nabanggit ito ng Propeta ni Allah (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) sa kaniyang mga nakagawian bilang naiulat ni Abu Huraira na ang Propeta (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: “Ang pinaka-mainam na pagdarasal pagkatapos ng mga obligadong Salah (pagdarasal) ay ang pagdarasal sa kalaliman ng gabi (Qiyam).” (Sahih Muslim). At si Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay pinuri ang kaniyang kasamahan na si Abdul Allah bin Amro bilang kaniyang sinabi: “Ang panakamagaling na tao ay si Abdul Allah kung kaniyang isinasagawa ang pagdarasal sa kalaliman ng gabi (Qiyam).” At sa isa pang ulat kaniyang sinabi: “Huwag maging katulad ng isang nagsasagawa ng pagdarasal sa kalaliman ng gabi at ito ay kaniyang iniwan o inabandona.”

## 2. Mga gawaing may kinalaman sa Pag-aayuno

### A- Pag-aayuno ng Boluntaryo o Kusang-loob sa Pangkalahatan

Naiulat ni Abu Said Al-Khudri na si Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: "Sa bawat alipin ni Allah na nag-aayuno ng isang araw para paluguran ang kaniyang Tagapaglikha, si Allah – ang Pinakamakapangyarihan sa lahat - ay ilalayo ang kaniyang (alipin) mukha mula sa apoy nang pitumpo't taon." (Sahih Muslim). At naiulat din ni Abu Hurairah na nabanggit ng Propeta (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ang marangal na tradisyon ni Allah na si Allah – ang pinakamakapangyarihan sa lahat ay nagsabi: "Lahat ng mga gawa ng mga anak ni Adan (mga tao) ay para sa kanila maliban sa Sawm (pag-aayuno) na kung saan ito ay para sa Akin (kay Allah), at ako ay magbibigay ng gantimapala para dito." (Sahih Al-Bukhari). At ang boluntaryong pag-aayuno ay kasama sa tradisyon na ito.

Ang Pag-aayuno ay isang kasangkapan upang maprotektahan ang mga Muslim sa pag-gawa ng mga kahalayan (kasalanan) at mga ipinagbabawal na gawain. Naiulat ni Abdullah na siya ay nagsabi: "Kami ay kasama sa mga kasamahan ni Propeta Muhammad at siya ay nagsabi: "Siya na may kakayahang mag-asawa ay kinakailangang mag-asawa, ito ay makakatulong sa kaniya na ibaba ang kaniyang paningin (mula sa pagtingin sa mga ipanagbabawal na bagay at kababaihan), at isalba ang kaniyang mga pribadong parte ng katawan (mula sa pag-gawa ng mga ipinagbabawal na gawaing sekswal at iba pa) at siya na walang kakayahang mag-asawa ay pinapayuhang magsagawa ng pag-aayuno (As-sawm), bilang ang As-sawm (Pag-aayuno)

ay magpapahina ng kaniyang sekswal na kakayahan." (Sahih Al-Bukhari). Ito rin ay pagsasanay para sa mga sarili upang hindi maging sobra-sobra sa mga hangarin/kagustuhan at upang alalahanin ang ating mga mahihirap, nangangailangan at walang matirahan na kapatid sa pananampalatayang Islam na hindi makahanap ng kahit ano para inumin at kainin. Nang ang kamatayan ay dumating kay Mu'adh, kaniyang sinabi habang umiiyak: "Ako ay umiiyak sa kadahilanang hindi na ako makakapag-ayuno at makakapag-tunggali sa mga iskolar sa paghahanap ng kaaalaman." At nang ang kamatayan ay dumating kay Amer bin Qays, siya ay nagsabi: "Sumpa man kay Allah, ako ay hindi umiiyak dahil sa takot sa kamatayan ngunit ako ay umiiyak dahil aking iiwanan ang mga araw ng pag-aayuno at mga gabi ng pagdarasal."

B- Pag-aayuno sa araw ng Ashura:

Naiulat ni Ibn Abbas na kaniyang sinabi na si Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay dumating sa Madina at kaniyang nakita ang mga Hudyo na nag-aayuno sa araw ng Ashura. Kaniyang tinanong ang mga ito tungkol dito at kanilang sinabi: "Ang araw na ito ay mabuti, ang araw na kung saan iniligtas ni Allah ang Bani Israel mula sa kanilang mga kaaway, kaya si Musa (Moses) ay nagsagawa ng pag-aayuno sa araw na ito." Sinabi ni Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah): "Kami ay higit na may habol kay Musa (Moses) kaysa sa inyo." Kaya ang Propeta (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsagawa ng pag-aayuno sa araw na iyon at kaniyang ipang-utos (sa mga Muslim) ang Pag-aayuno tuwing sasapit ang araw na iyon (Ashura). (Sahih Al-Bukhari). At upang maiba sa mga hudyo ipinag-utos ni Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala

ni Allah) ang pag-aayuno isang araw pagkatapos o bago ang ‘Ashura bilang kaniyang sinabi: “Kung ako ay mananatili hanggang sa susunod na taon i-aayuno ko ang ika-siyam.” (Sahih Muslim). Ibig niyang ipakahulugan na i-aayuno niya ang ika-siyam kasama ang ika-sampu. Sinabi ni Ibnu ‘lQayyim: “Ang antas ng pag-aayuno ay tatlo, ang pinakaperpektong antas ay ang pag-aayuno isang araw bago at isang araw pagkatapos ng ‘Ashura at pag-aayuno ng ika-siyam at ika-sampu na kung saan maraming tradisyon ang nabanggit at ang pinakahuling antas ay ang pag-aayuno nang ika-sampung araw lamang. Para sa mga biyaya ng pag-aayuno sa araw na ito sinabi ni Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah): “Ang pag-aayuno sa araw ng ‘Ashura ay magbubura sa mga pagkakasala sa susunod na taon.” (Sahih Muslim).

C- Ang Pag-aayuno sa Anim na Araw ng Shawwal

Naiulat ni Abu Ayyub Al-Ansari na sinabi ng Propeta ni Allah (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah): “Sinumang mag-ayuno ng Ramadan at pagkatapos ay nag-ayuno sa unang anim na araw ng Shawwal, ito ay para na ring siya ay nag-ayuno ng tuloy-tuloy.” (Sahih Muslim). Ibig sabihin nito bawa’t mabuting gawa ay gagantimpalaan ng sampung beses, ang Ramadan ay gagantimpalaan katumbas ng sampung buwan at ang anim na araw ng Shawwal ay gagantimpalaan katumbas ng dalawang buwan kaya ang Ramadan at ang anim na araw ng Shawwal ay gagantimpalaan katumbas ng isang buong taon na pag-aayuno at ito ay sa bawa’t taong tuloy-tuloy. Samakatwid, huwag ipagpapaliban ang pag-aayuno sa mga araw na ito upang makamit ang napakadakilang gantimpala. Ito ay inirerekomendang isagawa diretso (pag-aayuno sa unang anim na araw ng Shawwal) pagkatapos na pagkatapos ng pagdiriwang ng Eidul Fitr.

Tandaan na ang pag-aayuno sa araw ng pagdiriwang ay ipinagbabawal gaya ng pag-aayuno sa araw ng biyernes lamang, malibang ang pag-aayuno ay isang araw bago o pagkatapos nito. Gayunman, kung ang araw ng pag-aayuno ay pumatak sa araw ng biyernes gaya ng Araw ng 'Arafa o kung ang isang tao ay nag-intensiyon na mag-ayuno sa tiyak na araw at ang araw na iyon ay pumatak sa araw ng biyernes, ang pag-aayuno ng biyernes lamang sa sirkumstansiyang ito ay ipinapahintulot. Ang ibang iskolar ng relihiyon ay nagsabi na ang pag-aayuno sa araw ng biyernes lamang ay hindi mainam at hindi ipinagbabawal bilang sinabi ni Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah): "Walang sinuman sa inyo ang kinakailangang mag-ayuno sa araw ng biyernes maliban na lamang kung kayo ay nag-ayuno isang araw bago at mag-aayuno sa araw pagkatapos nito." (Sahih Muslim).

D- Pag-aayuno sa araw ng 'Arafah:

Ang pag-aayuno sa araw ng 'Arafa ay inirerekomendang gawin para sa mga Muslim na hindi magsasagawa ng Hajj, at ang pag-aayuno sa araw na ito ay ang pinaka-mainam na gawaing pagsamba sa unang sampung araw ng Dhul-Hijja (ang mga biyaya sa unang sampung araw ng Dhul-Hijja ay tatalakayin sa mga susunod na seksiyon).

Tandaan na ang pag-aayuno sa araw na ito para sa mga manlalakbay (Hajji's) ay hindi makatwiran dahil sa siya ay kanakailangang malakas o matibay sa pagganap sa mga kilos ng pagsamba sa araw na ito. Naiulat na si Abu Qatada ay nagsabi na si Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay tinanong tungkol sa pag-

aayuno sa araw ng ‘Arafa at kaniyang sinabi: “Ito ay magbubura sa mga kasalanan ng lumipas at susunod na taon.” (Sahih Muslim). Ang ibig sabihin ng pagbubura ng kasalan sa nabanggit na tradisyon gaya ng naunang nabanggit sa isa pang tradisyon tungkol sa araw ng ‘Ashoora’, ay pagbubura lamang ng mga maliit na kasalanan at hindi ng malalaking pagkakasala. Ito ay sa kadahilanang ang pagbabayad/pagpapatawad sa malalaking kasalan ay nangangailangan ng apat na kondisyon at ito ay ang mga sumusunod: taos-pusong pagsisisi, pag-iwan sa kasalanan, hindi na uulit sa pag-gawa nito at pagbibigay ng karapatan sa mga nag-mamay-ari nito kung ang napakalaking kasalanan ay may kinalaman sa karapatan ng tao.

**3. Mga Oras at Lugar na ang mga gantimpala ay marami at ang mga panalangin ay tinatanggap**

A- Mga oras na ang mga gantimpala ay marami at ang mga panalangin ay tinatanggap

1- Buwan ng Ramadan

Ang mga gantimpala sa buwan ng Ramada ay marami. Sinabi ni Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah): “Ang pinakamainam na buwan na dumarating sa mga Muslim ay Ramadan, at ang pinakamasamang buwan na dumarating para sa mga ipokrito ay Ramadan.” (mula kay Ahmad at isinaayos ng iskolar na si Ahmad Shokery). Kaya siguradohing gawin sa napakadakilang buwan na ito (Ramadan) ang mga mainam na gawain gaya ng pagdarasal, pagbibigay sa mga nangagailangan o pagkakawang-gawa, zakat at iba pang mabubuting gawain. Maraming salamat kay Allah sa pagbibigay sa atin ng

napakadakilang buwan (Ramadan) na ito at pagpapadali ng mga gawaing pagsamba sa panahon na ito. Iniulat ni Abu Huraira na sinabi ni Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang pagpapala ni Allah): "Kapag sumapit na ang Ramadan, ang mga pintuan ng habag ay binubuksan at ang mga pintuan ng impiyerno ay nakasara at ang mga demonyo ay nakatali." (Sahih Muslim).

- Pagsasagawa ng Umrah sa Buwan ng Ramadan:

Isa sa mga biyaya ni Allah – ang kataas-taasan - sa atin ay ang pagdodoble ng mga gantimpala at ang Umrah sa Ramadan ay katumbas ng Hajj bilang sinabi ni Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) kay Um Senan nang hindi niya maisagawa ng pamamaalam sa paglalakbay (farewell tawaf): " Kapag sumapit ang Ramadan isagawa ang 'Umrah dahil ang 'Umrah sa Ramadan ay katumbas ng Hajj." O kaniyang sinabi: "Mag-hajj kasama ko." (Pinagkasunduan).

- Ang Laylatul Qadr:

Ang gabi ng Al-Qadr ay isang napakadakilang gabi dahil sa ang mga gantimpala sa pagsamba sa gabing ito ay mainam sa mga gantimpala ng pagsamba ng isang libong buwan na tinatayang walumpo't tatlong taon at apat na buwan. Sinabi ni Allah – ang Kataas-taasan:

***"Katotohanan, ibinaba naming ito (ang Qur'an) sa Gabi ng Al-Qadr (Tadhana) {1} At ano ang magpapaalam sa iyo kung ano ang ibig sabihin ng Gabi ng Al-Qadr (Tadhana)? {2} Ang Gabi ng Al-Qadr (Tadhana) ay mas mainam kaysa sa isang libong buwan (i.e. ang pagsamba kay Allah sa gabing ito ay mainam kaysa sa isang libong buwan i.e. 83 taon at 4 na buwan) {3}."*** (Surat Al-Qadr).

Bilang karagdagan, ang marangal na Qur’an ay ibinaba sa mas mababang bahagi ng langit at ang kinabukasan ng lahat ng bagay para sa susunod na taon ay naitatala sa gabing ito. Si Allah –ang Kataas-taasan ay nagsabi:

“Aming ibinaba ito (ang Qur’an) sa sagradong gabi sa buwan ng Ramadan – ang ika-siyam na buwan sa islamikong kalendaryo. Katiyakan, Kami ay lubos na nagpaalala [sa sangkatauhan na ang Aming Kaparusahan ay aabot sa mga tumanggi sa Aming Kaisahan sa Pagka-Panginoon at sa Aming Kaisahan sa Pagsamba] {3}

Bukod pa rito, ang mga Muslim ay biniyayaan ni Allah – ang Kataas-taasan - sa gabing ito. Sinabi ni Imam Malik: Dumating sa aking kaalaman na ang panahon ng nasyon ni Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay mas maikli kaysa sa panahon ng mga naunang nasyon at bunga nito ibinigay ni Allah sa kaniya ang marangal na gabi ng Al-Qadr.

2- Ang Sampung Araw ng Dhul-Hijjah:

Iniulat ni Ibn ‘Abbas (kaluguran nawa siya ni Allah): Ang Propeta ni Allah (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: “Walang ibang araw na kung saan ang matutuwid na gawain ay lubos na kalugod-lugod kay Allah liban sa mga araw na ito (i.e. ang unang sampung araw ng Dhul-Hijja). There are no days during which the righteous action is so pleasing to Allah than these days.” Siya ay tinanong: “O Propeta ni Allah, kahit ang jihad para kay Allah?” Kaniyang (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) sinabi: “Kahit pa ang Jihad para kay Allah maliban sa

isang naglakbay na nakalahad ang kaniyang buhay at mga ari-arian at hindi bumalik na may alinman sa mga ito.” (Al-Bukhari).

Upang higit pang bigyan ang diin ang kahalagahan ng sampung araw ng Dhul-Hijja, sumupa si Allah – ang kataas-taasan - sa kanila bilang sinabi Niya:

“Sa pamamagitan ng bukang-liwayway; {1} Sa pamamagitan ng sampung gabi (i.e. ang unang sampung araw sa buwan ng Dhul-Hijja), {2} At sa pamamagitan ng patas at pagkakaiba (ng lahat ng nilikha ni Allah). {3}.” (Surat Al-Fajr).

Samakatwid, siguraduhing hindi ninyo makaligtaan ang mga araw na ito at gumawa sa abot ng inyong makakaya ng mga mabubuting gawain gaya ng pagbabasa ng Marangal na Qur’an, ang pagkakawang-gawa, pagdadasal, pag-aayuno lalong-lalo na sa mga Muslim na naninirahan sa Makkah at Madinah. Lalo na ang pag-aayuno sa araw ng ‘Arafa at pagsasakripisyo ng tupa sa araw ng pagkakatay dahil ito ay mga Sunnah ni Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) gaya nang mga naunang nabanggit.

3- Mga oras na ang mga panalangin ay tinatanggap:

A- Panalangin sa kalagitnaang oras ng gabi:

Naiulat na si Jabir ay nagsabi: ‘Aking narining ang Propeta (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) na nagsabi’: “Bawa’t gabi merong isang espesyal na oras na kung saan kahit anong hilinging kabutihan ng isang Muslim kay

Allah na may kinalaman sa mundo o sa kabilang-buhay, ito ay pagkakaloob sa kanya; at ang sandali na ito ay dumarating tuwing gabi.” (Sahih Muslim). Ang mga panalangin sa mga huling oras ng gabi lalong-lalo na kung ang isang alipin ay nagdadasal ng Tahajjud at pribadong nakikipag-usap kay Allah; isa ito sa mga sandali ng pagtanggap. Si Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) ay nagsabi: “Ang ating Panginoon, ang Mapalad, ang Kataas-taasan, ay bumababa bawa’t gabi sa pinakamalapit na langit sa atin sa last third ng gabi at siya ay nagsasabi: (Mayroon bang kahit sino) na nananawagan sa Akin, (humihingi ng kahit na anong bagay mula sa Akin) upang aking maibigay ang kaniyang hinihingi? (Mayroon bang kahit sino) na humihiling sa Akin ng isang bagay upang Aking maibigay ang kaniyang hinihiling? (Mayroon bang kahit sino) na humihingi ng Aking kapatawaran upang Akin siyang mapatawad?” (Sahih Bukhari). Kaya sikaping huwag makaligtaan ang pagsamba kay Allah sa mga huling oras ng gabi.

B- Panalangin sa pagitan ng Adhan at Iqamah:

Pagkatapos ng Adhan ay maaari na isagawa ang panalangin sapagkat ito ang panahon na kanais-nais sa pagtanggap nito. Ayon kay Anas –kalugdan siya ni Allah na ang propeta -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Ang panalangin na isasagawa sa pagitan ng Adhan at Iqamah ay hindi tinatanggihan." (inulat ni Abu Dawud, an-Nasai, at at-Tirmidhi at sinabi niya na ito ay Hasana Sahih), at idinagdag pa nito "at tinanong nila, 'Ano ang aming sasabihin O sugo ni Allah? Sabi niya: "Hilingin ang pagpapatawad ni Allah at kaayusan dito sa mundo at sa huling Araw."

C- Sa araw ng Biyernes ay may isang oras na katanggap-tanggap:

Isa sa mga katangian ng biyernes na nagiging kakaiba ito sa ibang mga araw ay ang isang oras na ang panalangin dito ay katanggap-tanggap. Naiulat ni Abu Hurayrah –kalugdan siya ni Allah- na ang sugo ni Allah ay nagsalita patungkol sa araw ng Biyernes at sinabi niya: "Mayroong oras sa araw ng biyernes na kapag ang isang muslim ay nagsagawa ng salah rito at humiling ng anuman kay Allah ay tunay na tutugunin ni Allah ang kanyang hiling." At ang propeta ay ipinakita niya ang igsi ng oras na ito sa pamamagitan ng kanyang kamay. (inulat ni al-Bukhari)
Nagkakaiba ng opinyon patungkol sa takda nitong oras. Isa sa mga opinyon ay na ito ay sa panahon na ang imam ay naka-upo sa pagitan ng dalawang khutbah, at ang isang opinyon naman ay simula sa pagkatapos ng khutbah sa jumu'ah hanggang sa pagtatapos ng Salah. Isa sa opinyon ay ito ay sa huling oras ng jumu'ah pagkatapos ng Salah sa Asr, at ito ang pinakamainam na opinyon sapagkat sina Abu Sa'eed at Abu Hurayrah -kalugdan sila ni Allah- ay nag-ulat na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Sa araw ng jumu'ah ay may panahon na kapag ang isang alipin ay humiling kay Allah rito ng mabuti ay tunay na maibibigay ito sa kanya, at ang panahon na ito ay sa pagkatapos ng Salah sa Asr." (inulat ni Ahmad at ito ay Sahih ayon kay al-Iraqi)

D- Panalangin habang isinasagawa ang Iftar sa pag-aayuno:

Si propeta Muhammad -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Ang nag-aayuno, sa panahon na siya ay nagsasagawa ng iftar ay may panalangin na hindi matatanggihan." (inulat ni ibn

majah). Samakatwid, kanais-nais sa nag-aayuno na manalangin at humiling kay Allah sa panahon na isinasagawa niya ang iftar, at isa ito sa biyaya ni allah para sa kanyang alipin na nag-aayuno tulad ng sinabi ng propeta ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Tatlong tao na ang kanilang panalangin ay hindi matatanggihan, ang nag-aayuno habang siya ay nagsasagawa ng iftar, at ang makatarungang pinuno, at inapi." (inulat ni at-Tirmidhi)

E- Panalangin sa Araw ng Arafah:

Ang propeta -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Ang pinakamainam na panalangin ay sa araw ng Arafah, at ang pinakamainam na sinabi ko at ng mga propeta na nauna sa akin ay: 'La ilaha illallah, wahdahu la sharika lah, lahul mulku wa lahul hamdu wa huwa 'ala kuli shay'in qadeer (walang diyos kundi si Allah, nag-iisa siya walang katambal para sa kanya, para sa kanya ang kaharian at para sa kanya ang papuri, at siya sa lahat ng bagay ay may kakayanan.) (inulat ni at-Tirmidhi)

F- Panalangin pagkatapos makumpleto ang pagbabasa ng buong Qur'an:

Naiulat na si Anas –kalugdan siya ni Allah- ay iniipon niya ang kanyang pamilya pagkatapos niyang kumpletuhing basahin ang Qur'an at siya ay nananalangin at sinabi niya na ito ang oras na katanggap-tanggap ang panalangin.

G- Panalangin sa pag-inom ng tubig ng Zamzam:

Marapat sa isang tao na umiinom ng Zamzam ay layunin niya at umasa na gumaling at mabiyayaan at anumang makabubuti para sa kanyang buhay at sa huling Araw. Naiulat na ayon kay

Jabir bin Abdullah –kalugdan siya ni Allah- na ang propeta -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Ang tubig ng Zamzam ay para sa anumang nilayon ditto."

B- Mga lugar na ang doble ang mga gantimpala at katanggap-tanggap ang mga Dua':

1- Ang Masjid al-Haram sa Makkah:

Sinabi ng propeta Muhammad –salallahu alayhi wasallam-: "Ang isang Salah sa aking masjid ay mainam ng isanlibong Salah sa ibang mga masjid, maliban sa Masjid al-Haram. At ang isang Salah sa Masjid al-Haram ay mainam ng isandaang libong Salah sa masjid na ito." (inulat nina imam Ahmad at ibn Khuzaymah). Ito ang unang masjid na ipinag-utos na lakbayin. At ito ang bahay ni Allah sa mundo, at na ginawa ito ni Allah na ligtas para sa mga tao. Ang mga muslim sa buong mundo nagtutungo rito at napapamahal ditto. Ito rin ang ikalawang naging Qiblah, at ito rin ang una sa dalawang banal na Masjid (Masjid al-Haram at ang masjid ng propeta sa Madinah)

2- Ang Masjid ng Propeta -salallahu alayhi wasallam- sa Madinah:

Ang masjid ng sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- sa madinah ay ang ikalawa sa dalawang banal na Masjid na ipinatayo ng propeta -salallahu alayhi wasallam- noong pagdating niya sa Madinah bilang lugar na ang mga muslim ay nagkikita at maisagawa nila ang kanilang pagdarasal, at ito ang sentro ng pagtuturo at pag-aaral na ang mga mararangal na Sahabah ay nagsipag-tapos dito upang ipalaganap ang Islam sa buong mundo. Ayon kay Abu Hurayrah –kalugdan siya ni Allah- na ang propeta -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Sa pagitan ng aking bahay at ng aking Minbar ay hardin mula sa

mga hardin ng paraiso. At ang aking Minbar ay nasa aking Hawdh." (Sahih al-Bukhari)
Ayon kay Abu Hurayrah na ang propeta -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Ang isang Salah sa aking masjid ay mainam ng isanlibong Salah sa ibang mga masjid, maliban sa Masjid al-Haram." (Sahih al-Bukhari)

3- Masjid al-Aqsa' sa Jerusalem:

Sinabi ni Allah:
"Kaluwalhatian na Kanya na siyang nagpalakbay (isra') sa kanyang alipin sa gabi mula sa Masjid al-Haram patungo sa Masjid al-Aqsa' na aming biniyayaan ang paligid nito…" (Surah al-Israa' 1)
Ito ang unang Qiblah at dito ang gabi ng paglalakbay (Mi'raj) ng propeta -salallahu alayhi wasallam- na iniangat siya sa langit. Samakatwid, kabilang ito sa mga Masjid na ipinag-uutos sa mga muslim na lakbayin upang dalawin. Ayon kay Abu Hurayray –kalugdan siya ni Allah- na ang propeta -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Hindi obligado ang paglalakbay maliban patungo sa tatlong Masjid; ang Masjid al-Haram, at ang Masjid ng sugo –saw-, at ang Masjid al-Aqsa'." (Sahih al-Bukhari). Tandaan na ang isang Salah na isasagawa sa Masjid al-Aqsa ay katumbas ng limandaang Salah sa mga masjid maliban sa banal na masjid sa Makkah at sa masjid ng propeta -salallahu alayhi wasallam- sa Madinah.

4- Ang Masjid sa Quba':

Ayon kay Usayd bin Hudhayr –kalugdan siya ni Allah- na ang propeta -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Ang Salah sa masjid sa Quba ay katumbas ng Umrah." (inulat ni at-Tirmidhi)

5- Panalangin sa pintuan ng Ka'bah (al-Multazam):

Ang pagsagawa ng panalangin sa harap ng pintuan ng Ka'bah ay tinatanggap tulad ng sinabi ng propeta –salallahu alayhi wasallam-: "Huwag kaligtaan na makagawa ng panalangin sa pagitan ng Hajar al-aswad at ng pintuan ng Ka'bah." At sinabi rin niya: "Ang Multazam ay lugar na ang bawat panalangin ay tinatanggap at sinuman ang magsagawa ng panalangin sa lugar na ito ay katanggap-tanggap ito sa kanya."

C- Mga tao na ang kanilang panalangin ay tanggap: Panalangin ng inapi, manlalakbay at ng magulang:

Ayon kay Abu Hurayrah –kalugdan siya ni Allah- na ang propeta ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Tatlong panalangin ang katanggap-tanggap na walang pagdududa; panalangin ng inapi, panalangin ng naglalakbay, at panalangin ng magulang para sa kanayang anak." (inulat ni at-Tirmidhi)

4. Pagsasama upang alalahanin si Allah (Dhikr):

Ayon kay Abu Hurayrah na sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Hindi magsasama ang mga tao sa bahay mula sa mga bahay ni Allah (Masjid) upang basahin ang aklat ni Allah at pinag-aaralan nila ito sa pagitan nila ay maliban na mababalutan sila ng awa at palilibutan sila ng mga anghel, at babanggitin sila ni Allah sa mga naroon sa Kanya." Kaya ang mga biyayang ito at apat na gantimpalang ito ay espesyal ni Allah para sa pagsasama para sa Dhikr.

At ayon din sa kanya na sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Tunay na may mga anghel si allah na umiikot sila sa mga daanan upang hanapin ang mga nagsasagawa ng Dhikr. Kaya kapag nakakita sila ng grupo ng mga tao na inaalala nila si Allah ay mananawagan sila at sasabihing 'Halikayo sa inyong layunin.' Sinabi niya: "Kaya

paliligiran nila sila sa pamamagitan ng mga pakpak nila hanggang sa umabot ito sa langit. At tatanungin sila ng kanilang panginoon at tunay na Siya ang pinakamaalam sa kanila sa mga ito: 'Ano ang sinasabi ng mga lingkodko?' Sasabihin nila: 'lumuluwalhati sila sa iyo, at dinadakila ka nila, at pinupuri ka nila, at dinadakila ka nila.' Kaya sasabihin niya: 'Nakita ba nila ako?' Sabi nila: 'Hindi pa, sumpa man sa iyo Allah, hindi ka pa nila nakita.' Sabi niya: 'Paano na kung nakita na nila ako?' Sabi nila: 'kung nakita kana nila ay mas hihigitan nila ang pagsamba sa iyo, at higit ang kanilang pagdakila sa iyo, at pinakamarami ang kanilang pagluwalhati sa iyo.' Sabi niya: 'Ano ang kanilang hiling sa akin?' Sabi nila: 'Hinihiling nila sa iyo ang paraiso.' Sabi niya: 'nakita naba nila ito?' sabi nila: ' Hindi pa, sumpa man sa iyo Allah, O panginoon hindi nila ito nakita.' Sabi niya: 'paano na kaya kung nakita na nila ito?' sabi nila: 'Kung nakita na nila ito ay magiging higit ang kanilang paghahangad ditto, at higit ang kanilang paghingi nito, at dakila ang kanilang pagmamahal dito.' Sabi niiya: 'at mula saan naman sila nagpapakupkop?' sabi nila: 'mula sa Apoy ng impyerno.' Sabi niya: ''nakita naba nila ito?' sabi nila: ' Hindi pa, sumpa man sa iyo Allah, O panginoon hindi nila ito nakita.' Sabi niya: 'paano na kaya kung nakita na nila ito?' sabi nila: 'Kung nakita na nila ito ay magiging higit ang kanilang pagtakas mula rito, at higit ang kanilang pagkatakot dito.' Kaya sasabihin niya: 'Kaya maging saksi kayo na ako ay tunay na nagpatawad na sa kanila.' At sasabihin ng isang anghel mula sa mga anghel na yaon: 'Naroon sa kanila si pulano na hindi kabilang sa kanila; dumating lamang sa kanila dahil sa pangangailangan lang?' sabi niya: 'Sila ang pagtitipon na hindi magiging talunan ang makakasama nila." (inulat nina al-Bukhari at Muslim)

5. Pag-alaala (Dhikr) kay Allah:

Sabi ni Allah: "… at ang mga lalaking umaalala nang marami kay Allah at mga babaeng umaalala; inihanda ni Allah para sa kanila ang kapatawaran at dakilang gantimpala." (Surah al-Ahzaab 35)

Iyon ang kanilang gantimpala, at kabilang sa kainaman ng Dhikr ay ang sinabi ni Allah: "Yaong mga nagsipag-sampalataya at naging panatag ang mga puso nila sa pamamagitan ng pag-alaala kay Allah; tunay na sa pag-alaala kay Allah ay napapanatag ang mga puso." (Surah ar-Ra'd 28)

At sinabi niya: "Kaya alalahanin ninyo ako at alalahanin ko kayo…" (Surah al-Baqarah 152). At kabilang sa gantimpala ng Dhikr ay ang sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Nauna ang mga mufarridun." At naitanong: 'at sino ang mga mufarridun?' Sabi niya: "Sila yaong mga lalaki at babaeng nagpaparami ng pag-alaala kaya Allah." (inulat nina Muslim at at-Tirmidhi). At sinabi ni Allah sa Hadith al-Qudsi: "Ako ay sa kung ano ang hangad ng alipin ko sa akin, at ako ay kasama niya kapag inaalala niya ako. Kaya kapag inaalala niya ako sa sarili niya ay aalalahanin ko siya sa sarili ko. At kapag umaalala siya sa akin sa isang bagay ay alalahanin ko siya sa bagay na mainam pa sa kanila." (inulat nina al-Bukhari at Muslim). At marami pang mga ayah at mga Hadith na nagpapatunay sa kahigtan ng Dhikr at ng mga umaalala kay Allah. At ito ay para sa iyo ang ilan sa mga Dhikr kabilang ang pagbanggit ng mga kahigtan nito at espesyal na gantimpala nito sa iba:

a. Ang pagbigkas ng TASBIH, TAHMID AT TAHLIL:

Ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na ang propeta -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Sinuman ang luwalhatiin (Subhanallah) niya si Allah sa hulihan ng bawat Salah ng tatlumput talong ulit, at purihin (Alhamdulillah) si Allah ng tatlumput tatlong ulit, at dakilain (Allahu akbar) si Allah ng tatlumput tatlong ulit. At pagkatapos ay sinabi niya

bilang pagganap ng ng isandaan ang: 'Laa ilaha illallah wahdahu laa sharika lah, lahul mulku wa lahul hamdu wa huwa ala kulli shay'in qadir' ay patatawarin para sa kanya ang mga kasalanan niya kahit pa na ito ay kasindami ng bula ng dagat." (inulat ni Muslim)
At ayon kay Ali -kaluguran siya ni Allah- noong dumaing si Fatimah -kaluguran siya ni Allah- sa mga Gawain ng kamay niya at nagtungo siya sa propeta -salallahu alayhi wasallam- ngunit hindi niya ito nadatnan at si Aisha hang kanyang nakita, kaya sinabi niya ito sa kanya. At nang dumating ang propeta -salallahu alayhi wasallam- ay ibinalita ni Aishah sa kanya ang pagdating ni Fatimah. Kaya dumating siya (propeta) sa amin habang kami ay nasa higaan na kaya tumayo kami at sinabi ng propeta –salallahu alayhi wasallam-: "manatili kayo sa kinalalagyan ninyo" at umupo siya sa pagitan naming hanggang sa maramdaman ng dibdib ko ang lamig ng kanyang paa, at pagkatapos ay sinabi niya: "Nais ba ninyo na ituro ko sa inyo ang mainam pa kaysa sa hinihingi ninyo sa akin? Kapag nais na ninyong matulog ay dakilain ninyo si Allah ng tatlumput apat na ulit, at luwalhatiin ninyo siya ng tatlumput tatlong ulit, at purihin ninyo siya ng tatlumput tatlong ulit sapagkat mainam pa ito para sa inyo kaysa sa tagapagsilbi." (inulat nina al-Bukhari at Muslim). At kabilang sa espesyal na kainaman ng TASBIH ay sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Nahihirapan ba ang isa sa inyo na makakuha sa bawat araw ng isanlibong kabutihan? Kaya nagtanong ang isa sa kasama niya: 'Paano niya makamit ang isanlibong kabutihan?' Sabi niya: "bigkasin niya ang TASBIH (Subhanallah) ng isandaang ulit at maisusulat para sa kanya ang isanlibong kabutihan o buburahin sa kanya ang isanlibong kasalanan." (inulat ni Muslim)

b. Ang pagsambit ng 'Laa ilaha illallah':

Sinabi ng propeta –salallahu alayhi wasallam-: "Magparami kayo ng pagsasaksi ng 'Laa ilaha illallah' bago pa man kayo mahiwalay rito. At ibulong ninyo ito sa mga yayao sa inyo." At sinabi niya: "Tunay na si propeta Nuh -alayhissalam- ay nagsabi sa kanyang anak noong mamamatay na ito: 'Inuutusan kita na sabihin mo ang 'Laa ilaha illallah'. Tunay na ang pitong mga langit at ang pitong mga lupa ay ilalagay sa isang timbangan at ang 'Laa ilaha illallah' ay sa kabilang timbangan ay madadaig pa ang mga ito ng 'Laa ilaha illallah." (inulat ni Imam Ahmad). At sa isa pang Hadith ay sinabi ni propeta Musa –as-: 'O Panginoon ko, ituro mo sa akin ang bagay ng alalahanin kita at mananalangin ako sa iyo sa pamamagitan nito. Sabi ni Allah: "O Musa, sabihin mo ang: 'Laa ilaha illallah'. Sabi niya: 'Panginoon ko, lahat ng alipin mo ay sinasabi nila ito.' Sabi niya: "O Musa, kahit na ang pitong mga langit at ang mga nilalaman nito maliban sa akin, at ang pitong mga lupa sa isang timbangan, at ang 'Laa ilaha illallah' ay sa kabilang timabangan ay madadaig ang mga ito ng 'Laa ilaha illallah'." (inulat nina ibn Hibban at al-Hakim). At ayon kay Abu Dharr -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah ay nagsabi: "Walang isang alipin na magsasabi ng 'Laa ilaha illallah' at pagkatapos ay namatay siya roon ay maliban na makapapasok siya sa paraiso." (inulat nina al-Bukhari at Muslim). Samakatwid, ang katagang ito ay pagtanggi sa pagkilala sa pagkadiyos ng iba bukod kay Allah, at pagpapatibay nit okay Allah lamang. At ito ay pagtatangi lamang sa kanya sa pagsamba.

c. Ang pagsambit ng 'Subhanallah wa bihamdih, Subhanallahil adhim':

Ayon kay Jabir -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Sinuman ang magsabi ng 'Subhanallah wa bihamdih, Subhanallahil adhim' ay

itatanim para sa kanya ang puno ng datiles sa paraiso." (at-Tirmidhi at an-Nasai). At sinabi niya: "Dalawang salita ang magaan sa dila, mabigat sa timbangan, kamahal-mahal kay ar-Rahman; 'Subhanallah wa bihamdih, Subhanallahil adhim'." (inulat nina al-Bukhari at Muslim).

d. Ang pagsambit ng 'Subhanallahi wa bihamdih':

Ayon kay Abu Dharr -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Nais mo bang sabihin ko sa iyo ang pinakamamahal na salita kay Allah? Ang 'Subhanallahi wa bihamdih'." (Muslim). At sa iba pang ulat ay naitanong sa sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- na ano ang salita na pinakamainam?: sabi niya: "Ang pinili ni Allah para sa mga anghel at mga lingkodniya ay 'Subhanallahi wa bihamdih'." (Muslim). At ayon kay Abdullah bin Khubayb -kaluguran siya ni Allah- na sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Sinuman ang nais niya na ang pera ay gugulin niya at sa gabi ay babalik ito sa kanya ay palagiin niya ang pagsambit ng; 'Subhanallahi wa bihamdih'" (Sahih al-Jami'). At ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah ay nagsabi: "Sinuman ang magsabi ng 'Subhanallahi wa bihamdih' sa isang araw ng isandaang ulit ay buburahin ang mga kasalanan niya kahit pa na sindami ito ng bula sa dagat." (al-Bukhari at Muslim)

e. Ang pagsambit ng 'Subhanallah walhamdu lillah, wa laa ilaha illallah, wallahu akbar':

Sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Nakita ko sa gabi ng aking Isra' si propeta Ibrahim al-Khalil at sinabi niya 'O Muhammad, iparating mo mula sa akin ang Salam para sa iyong Ummah, at sabihin mo sa kanila na ang paraiso dalisay ang lupa, masarap ang tubig nito, at ito ay dalawang butas at tunay na ang itatanim dito ay 'Subhanallah walhamdu lillah,

wa laa ilaha illallah, wallahu akbar'." (at-Tirmidhi). At sinabi pa niya: "Ang pagsasambit ko ng 'Subhanallah walhamdu lillah, wa laa ilaha illallah, wallahu akbar' ay mainam pa sa akin kaysa sa anumang sinisikatan ng araw." (Muslim).

f. Ang pagsambit ng 'Subhanallahi wa bihamdih, adada khalqihi, wa ridha nafsihi, wa zinata arshihi, wa midaada kalimatih.':

Ayon kay Juwayriyyah na ina ng mga mananampalataya -kaluguran siya ni Allah- na ang propeta -salallahu alayhi wasallam- isang umaga ay lumabas mula sa kanya pagkatapos niyang isagawa ang Salah sa Subh (fajr) habang siya (Juwayriyyah) ay nasa kanyang dasalan. At pagkatapos ay bumalik siya pagkaraan ng pagsapit ng Dhuha' habang siya ay naka-upo rito; kaya sinabi niya: "Ikaw ay nanatili sa iyong kalagayan simula ng iwanan kita rito? Sabi niya: 'Oo.' Sabi ng propeta –salallahu alayhi wasallam-: "Tunay na nasabi ko ang apat na salita nang tatlong ulit kung ito ay tinimbang sa anumang sinabi mo habang sa araw na ito ay mas mabigat pa ito; 'Subhanallahi wa bihamdih, adada khalqihi, wa ridha nafsihi, wa zinata arshihi, wa midaada kalimatih'." At sa ibang ulat ay: 'Subhanallahi, adada khalqihi, Subhanallahi ridha nafsihi, Subhanallahi zinata arshihi, Subhanallahi midaada kalimatih.'" (inulat ni Muslim).

g. Ang pagsambit ng 'Laa ilaha illallahu wahdah, laa sharika lah, lahul mulku wa lahul hamd, wa huwa ala kulli shay'in qadir':

Sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Sinuman ang magsabi sa umaga ng; 'Laa ilaha illallahu wahdah, laa sharika lah, lahul mulku wa lahul hamd, wa huwa ala kulli shay'in qadir' ay mapapasa-kanya ang gantimpala na pagpapalaya ng alipin mula sa anak ni Ismael. At mabubura sa

kanya ang sampung kasalanan, at iaangat para sa kanya ang sampung kabutihan, at siya ay nasa proteksiyon laban sa shaytan hanggang sa maghapon. At kapag sinabi niya ito sa hapon ay ganoon din hanggang sa abutan siya ng umaga." (inulat ni ibn Majah). At ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Sinuman ang magsabi ng 'Laa ilaha illallahu wahdah, laa sharika lah, lahul mulku wa lahul hamd, wa huwa ala kulli shay'in qadir' sa isang araw ng isandaang ulit ay mapapasa-kanya ang katulad ng pagpapalaya ng sampung alipin, at isusulat para sa kanya ang isandaang kabutihan, at buburahin sa kanya ang isandaang kasalanan. At mapapasa-kanya ang proteksiyon mula sa shaytan sa araw na iyon hanggang sa maghapon. At walang ibang Gawain na pinakamabuti pa rito maliban sa lalaking gumawa ng higit pa rito." (al-Bukhari at Muslim).

h. Ang pagsambit ng 'Laa hawla wa laa quwwata illa billah':

Ayon kay Abu Musa al-Ash'ari -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "O Abdullah bin Qays, nais mo bang ituro ko sa iyo ang yaman mula sa mga yaman ng paraiso?" Sabi ko: Opo O sugo ni Allah. Sabi niya: "Sabihin mo; 'Laa hawla wa laa quwwata illa billah'." (al-Bukhari at Muslim)

## 6. ANG PAGHINGI NG PATAWAD SA PAGTATAPOS NG PAGTITIPON:

Ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah ay nagsabi: "Sinuman ang umupo sa isang pagtitipon at naparami ang kanyang pagkakamali, at sinabi niya bago pa

man siya tumayo upang lisanin ang pagtitipon niyang iyon; 'Subhanakallahumma, wa bihamdika, ash'hadu allaa ilaha illa anta, astaghfiruka wa atubu ilayk.' Ay maliban na pinatawad na sa kanya ang anumang nasa pagtitipon na iyon." (at-Tirmidhi at an-Nasai)

7. ANG TAKOT KAY ALLAH:

Sabi ni Allah:

"at para sa sinumang may takot sa kalagayan ng kanyang Panginoon ay dalawang paraiso." Surah ar-Rahman 46.

At sinabi niya:

"Subalit sinuman ang may takot sa kalagayan ng kanyang panginoon at ipinagbawal sa sarili ang pithaya. Tunay na ang paraiso ay kanyang kalalagyan." Surah an-Naba' 40-41

At sinabi pa niya:

"Tunay na ang mga may takot ay sa mga paraiso at mga bukal mananahan." Surah al-Hijr 45.

At ang takot kay Allah ay nagpapakilos sa alipin upang gumawa ng mga pagsunod at iwasan ang mga ipinagbawal; sabi ni Allah:

"At sinuman ang palasamba sa klagitnaan ng gabi na isinasagawa ang Sujud at tumatayo dahil inaalala niya ang Huling Araw at hinahangad niya ang habag ng panginoon niya…" Surah az-Zumar 9.

At sinabi pa niya:

"Tunay na yaong mga may takot sa kanilang panginoon na nangangamba. At yaong sa mga tanda ng kanilang panginoon ay nananampalataya. At yaong sa kanilang panginoon ay hindi nagtatambal. At yaong ibinibigay nila ang anumang ibnigay sa kanila habang ang kanilang mga puso ay nangangamba na sa kanilang panginoon sila magsisipag balikan. Sila yaong nag-

uunahan sa mga kabutihan, at sila sa mga yaon ay nauuna." Surah al-Mu'minun 57-61.
At ag mga Ulama ay sila yaong may takot. Sila ang mas may takot sa kanilang panginoon sapagkat alam nila ang kadakilaan niya at ng mga tanda niya, at sidhi ng kanyang parusa sa mga suwail; sinabi niya: "Tunay na ang may takot kay Allah mula sa kanyang mga lingkoday ang mga maalam." Surah Faitr 28.
At ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- sa hadith patungkol sa pitong pasisilungin ni Allah sa kanyang silong sa araw na walang lilim kundi ang kanyang lilim ay kabilang sa mga yaong ay lalaking niyaya siya ng babaeng may katayuan at kagandahan ngunit sinabi niya: 'Tunay na ako ay natatakot kay Allah.' (al-Bukhari at Muslim). At sa isang ulat na ayon kay Ibnu Abbas -kaluguran siya ni Allah- na nagsabi: Narinig ko ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- na nagsasabi: "Dalawang mata ang hindi mahihipuan ng apoy; mata na umiyak dahil sa takot kay Allah, at mata na di-nakatulog dahil sa pagbabantay sa landas ni Allah." (at-Tirmidhi)

8. PAGHAHANGAD NG GANTIMPALA SA PAGKAMATAY NG ANAK:

a- Ayon kay Abu Musa al-ash'ari -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Kapag namatay ang anak ng isang lingkod ay sasabihin ni Allah sa mga anghel niya: "Kinuha ninyo ang anak ng lingkod ko?" sabi nila: 'Opo.' At sasabihin niya: "Kinuha ninyo ang bunga ng kanyang puso?" sabi nila: 'Opo.' At sasabihin niya: "Ano ang sinabi ng lingkod ko?" sabi nila: 'Pinuri ka at nagtimpi.' Kaya sasabihin ni Allah: "Itayo ninyo ang bahay para sa lingkod ko sa loob ng paraiso at tawagin ninyo itong bahay ng pagpuri." (Tirmidhi).

b- Sinuman ang namatayan ng dalawa o tatlong anak:
Ayon kay Abu Saeed na sinabi niya: Dumating ang isang babae sa sugo ni allah -salallahu alayhi wasallam- at sinabi nito: 'O Sugo ni Allah, ang mga kalalakihan ay nakakuha ng iyong salita, kaya gawin mo rin ang isang araw para tunguhin ka naming upang ituro mo ang anumang itinuro sa iyo ni Allah.' Sabi niya: "Magtipun-tipon kayo sa araw na ganito sa lugar na ganito" kaya nagtipun-tipon sila at dumating sa kanila ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- at tinuruan sila ng anumang itinuro sa kanya ni Allah at sinabi niya: "Sinuman sa inyo ang namatayan ng tatlong anak ay maliban na mayroon siya panangga mula sa apoy." At sinabi ng isang babae: 'O sugo ni Allah, o kaya ay dalawa.' Kaya inulit niya ito at sinabi niya: "at dalawa, at dalawa, at dalawa." (al-Bukhari). At ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Ang ang isang muslim na namatayan ng tatlong anak ay hindi mahihipo ng apoy." (al-Bukhari)

## 9. ANG PAGSUNOD SA SUGO NI ALLAH –SALALLAHU ALAYHI WASALLAM-:

Ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay huwaran natin, at halimbawa natin sa pagsunod sa mabuti at tagumpay. At sa pagsuway sa kanyang mg autos ay kasamaan at pagkalugi sa mundo at sa Huling Araw.
Sabi ni Allah: "Tunay na para sa inyo ang mabuting huwaran sa sugo ni Allah, para sa sinumang hinahangad niya si Allah, at ang Huling Araw, at umaalala ng marami kay Allah." (Surah al-Ahzab 21). At ang pagsunod sa sugo ay kabilang sa pagsunod

kay Allah; sinabi ni Allah: "Sinuman ang sumusunod sa sugo ay tiyak na sumunod siya kay Allah." (Surah an-Nisa' 80).

At ang pagsunod kay Allah at sa sugo niya ay dahilan upang makamit ang mataas na antas sa paraiso; sabi ni Allah:

"At sinuman ang sumunod kay Allah at sa sugo ay sila yaong makakasama nila ang mga biniyayaan ni Allah na mga propeta, mga matatapat, at mga martir, at mga mabubuti, at yaon ang mainam na pagsasama." (Surah an-Nisa' 69)

At ang pagsunod sa sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay dahilan upang makamit ang pagmamahal ni Allah para sa lingkod niya, at pagpupunas sa mga kasalanan at pagkakamali; sinabi ni Allah:

"Sabihin mo, kung tunay na iniibig ninyo si Allah ay sumunod kayo sa akin, nang sa gayon ay mamahalin kayo ni Allah at patatawarin niya para sa inyo ang mga kasalanan ninyo, at si Allah ay mapagpatawad at maawain." (Surah Aal-Imraan 31)

At tunay na inutusan tayo na sumunod sa kanya, at iwasan ang ipinagbawal niya sa lahat ng mga yaon mula sa salita at mga gawa, at mga pagpapasya at mga pamamaraan; ayon sa sinabi niya: "At anuman ang ipinag-utos sa inyo ng sugo ay sundin ninyo, at anuman ang ipinagbawal niya sa inyo ay itigil ninyo." (Surah al-Hashr 7). At sapagkat siya ang mapagmahal na tagagabay; dumating siya upang iligtas ang sangkatauhan at gabayan ito tungo sa katotohanan. Sinabi ni Allah:

"Tunay na dumating sa inyo ang sugo na mula sa mga sarili ninyo, na pahirap sa kanya ang anumang masamang danasin ninyo, nagpapahalaga sa inyo, sa mga mananampalataya siya ay mahabagin at maawain." Surah at-Tawbah 128). At sinabi rin niya: "At hindi ka naming ipinadala kundi bilang habag para sa mga nilalang." (Surah al-anbiyaa' 107). At sinabi niya: "At hindi ka namin ipinadala kundi bilang tagapagbalita at tagapagbabala." Surah al-Furqan 56).

## 10. ANG PAGBATI SA SUGO NI ALLAH –SALALLAHU ALAYHI WASALLAM-:

Sabi ni Allah:
"Tunay na si Allah at ang mga anghel niya ay bumabati sila ng pagpapala sa propeta; O kayong mga mananampalataya, bumati kayo ng pagpapala sa kanya at bumati kayo ng kapayapaan ng ganap na kapayapaan." (Surah al-Ahzaab 56). At ayon kay Abu Hurayrah –k-na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Sinuman ang bumati ng salawat sa akin ng isang beses ay gagantimpalaan siya ni allah ng sampung ulit." (Muslim, Abu Dawud, at-Tirmidhi, an-Nasai). At ayon din sa kanya na sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Walang isaman na babati ng Salam sa akin ay maliban na ibabalik ni sa akin ang kaluluwa ko upang gantihan ko siya ng salam." (Abu Dawud). At ayon din sa kanya na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Huwag ninyong gawing darausan ng piyesta ang aking libingan, ngunit bumati kayo ng pagpapala sa akin sapagkat ang inyong pagbati ay makararating sa akin kahit saan man kayo naroon." (abu Dawud). At ayon kay Abu Talhah -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Dumating sa akin si anghel Jibril at sinabing 'O Muhammad, hindi ba kalugod-lugod sa iyo na ang iyong panginoon ay magsasabi; "Walang isaman na mula sa iyong Ummah ang babati ng pagpapala sa iyo ay maliban na pagpapalain ko siya dahil dito ng sampung ulit, at na walang isaman na mula sa iyong Ummah ang babati sa iyo ng kapayapaan ay maliban na gagantimpalaan ko siya dahil dito ng sampung ulit." Sabi ko: "Opo O aking panginoon." (an-Nasai)

At sa pagdarasal ay isinabatas sa atin ang pagbati ng pagpapala sa sugo -salallahu alayhi wasallam- kaya ayon kay Abu Mas'oud al-Badri -kaluguran siya ni Allah- na sinabi niya: Sinabi ni Bishr bin Sa'd: 'O sugo ni Allah, paano kami babati ng Salawaat sa iyo? Tumahimik siya at pagkatapos ay sinabi niya: "Sabihin ninyo; 'Allahumma salli ala Muhammad, wa ala aali Muhammad, kama sallayta ala Ibrahim, wa ala aali Ibrahim. Wa baarik ala Muhammad, wa ala aali Muhammad, kama baarakta ala Ibrahim, wa ala aali Ibrahim, innaka hamidum majid.'" (inulat ni Muslim).
O Allah pagpalain mo at biyayaan mo ang aming pinunong si Muhammad, at ang pamilya niya, at mga kasamahan niya na mga dalisay at mga malilinis, at ang mga sumunod sa kanila sa kabutihan hanggang sa Huling araw; pagpapala at kapayapaan na ganap at kumpleto.

## 11. ANG ILAN SA MGA PANALANGIN (DUA') AT ANG KAHIGTAN NITO:

### a. Panalangin bago matulog:

Ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Kapag ninais na ng isa sa inyo ang kanyang higaan pagpagin niya ang higaan niya sapagkat hindi niya alam kung ano ang naroon pagkaraan niya, at pagkatapos ay sabihin niya; 'Bismikallahumma, wadha'tu janbiy wa bika arfa'uhu, in amsakta nafsiy farhamhaa, wa in arsaltahaa fah'fadh haa bima tahfadhu bihi ibaadaka as-saalihin'" (al-Bukhari at Muslim). At sinabi pa niya kay al-Barraa' bin Aazib –k-: "Kapag tinungo mo na ang tulugan mo ay isagawa mo ang Wudhu' katulad ng Wudhu' mo sa Salah, at pagkatapos ay humiga ka sa iyong kanang tagiliran at sabihin mo ang; 'Allahumma aslamtu nafsiy ilayk, wa

fawwadhtu amriy ilayk, wa alja'tu dhahriy ilayk raghbatan wa rahbatan ilayk, laa malja'a wa laa manjaa minka illa ilayk. Aamantu bikitaabika alladhi anzalt, wa bi nabiyyika alladhi arsalt' sapagkat kung mamatay ka ay mamamatay ka sa ilalim ng Fitrah. At gawin mo itong huling sasabihin mo. At kapag inumaga ka ay makukuha mo ang gantimpala." (al-Bukhari at Muslim).

b. Dua' upang malutas ang suliranin at mabayaran ang utang:

Ayon kay Ali -kaluguran siya ni Allah- na ang isang alipin na may kasunduang kalayaan sa kanyang amo at sinabi nito: 'Tunay na nawalan na ako ng pag-asa sa aking kasunduan, kaya sana ay tulungan mo ako.' Sabi niya: Nais mo ban a ituro ko sa iyo ang mga salita na itinuro sa akin ng sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- na kahit ang gabundok na utang ang mayroon ka ay babayaran ito ni Allah para sa iyo? Sabihin mo ang; 'Allahummak finiy bihalalika an haramika, wa aghniniy bifadhlika amman siwaaka'. (inulat ni at-Tirmidhi). At ayon kay Anas -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Allahumma inni a'udhu bika minal hammi wal huzn, wal ajzi wal kasal, wal bukhli wal jubn, wa dal'iddayn wa ghalabatir rijaal" (al-Bukhari at at-Tirmidhi)

## 12. ANG PAGBABASA NG QUR'AN:

Sabi ni Allah:

"At kapag binibigkas ang Qur'an ay unawain ninyo ito at tumahimik kayo upang kayo ay kaawaan." Surah al-A'raaf 204.

Ayon kay Ibn Mas'oud -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Sinuman ang

bigkasin niya ang isang letra mula sa aklat ni Allah (Qur'an) ay mapapasa-kanya ang isang kabutihan at ang kabutihan na ito ay magiging sampung tulad nito. Hindi ko sinasabi na ang 'Alif Laam Meem' ay isang letra, ngunit ang Alif ay letra, at ang Laam ay letra, at ang Meem ay letra." (at-Tirmidhi). At ayon kay Abdullah bin amr bin al-Aas -kaluguran siya ni Allah- na sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Sasabihin sa nakasaulo ng Qur'an; 'Magbasa ka, at umangat ka katulad ng pagbabasa mo nito sa mundo, sapagkat ang iyong katayuan sa itaas ay ayon sa huling Ayah na iyong mababasa." (inulat nina Abu Dawud at at-Tirmidhi).

Kaya marapat sa atin na kapag binabasa natin ang Qur'an ay bigkasin natin ito ng may Tarteel at katiwasayan, at may pag-unawa sa mga kahulugan nito, at iniisip ang mga aral nito, at isabuhay ang mga batas nito; sabi ni Allah: "at bigkasin mo ang Qur'an nang may kaayusan." (Surah al-Muzzammil 4) kaya ang utos dito ay nangangahulugan na ito ay obligado. At si Abdullah bin Mas'oud ay nagsasabi: 'Kapag narinig mo ang 'o kayong mga mananampalataya' ay ibaling mo rito ang iyong pandinig sapagkat maaaring may utos na uutusan ka o kaya'y pagbabawal na pipigilan ka.' (aklat na umdatut tafsir p.1/619)

At naiulat ni Abu Umamah -kaluguran siya ni Allah- patungkol sa kahigtan ng pagbabasa ng Qur'an at ng dalawang Surah na al-Baqarah at Aal-Imraan, sinabi niya: Narinig ko ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- na nagsabi: "Magbasa kayo ng Qur'an sapagkat tunay na ito ay magiging tagapamagitan sa Araw ng Pagkabuhay para sa mga mambabasa nito. Magbasa kayo ng Surah al-Baqarah at Aal-Imraan sapagkat ang dalawang ito darating sa araw ng pagkabuhay na parang dalawang ulap o kaya'y dalawang lilim o kaya'y dalawang grupo ng mga ibon na magtatanggol para sa mambabasa nila. Magbasa kayo ng Surah al-Baqarah sapagkat ito ay biyaya, at

ang pag-iwan nito ay pagkatalo, at hindi ito magagapi ng mga manggagaway." (inulat ni Muslim).
At ang kahigtan naman ng pagbabasa ng Surah al-Kahf sa araw ng Jumu'ah ay inulat ni Abu Sa'eed al-Khudri -kaluguran siya ni Allah- na ang propeta -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Sinuman ang magbsa ng Surah al-Kahf sa araw ng Jumu'ah ay iilawan siya ng liwanag sa pagitan ng dalawang Jumu'ah." (inulat nina al-Hakim at al-Baihaqi)

At ang kahigtan naman ng pagbabasa ng Surah al-Ikhlas ay naiulat ni Ubay bin Ka'b -kaluguran siya ni Allah- na sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Sinuman ang magbasa ng 'Qul huwallahu ahad…' ay tunay na nabasa niya ang katumbas ng tatlong bahagi ng Qur'an." (inulat ni an-Nasai)

AT ANG MGA TAO SA PAGBABASA NG QUR'AN AY NASA DALAWANG URI:

Sabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Ang siyang nagbabasa ng Qur'an na magaling siya dito ay makakasama niya ang mga mabubuting anghel. At ang nagbabasa nito na nahihirapan siya ay mayroon siyang dalawang gantimpala; gantimpala ng pagbabasa at gantimapala ng kanyang pagsusumikap." (Inulat nina al-Bukhari at Muslim)

PANGKALAHATAN, SA ASPETO NG GANTIMPALA AT PAGKAKAMALI, SILA AY NASA TATLONG SITWASYON:

1. Ang magaling bumasa ng Qur'an na ibinibigay niya ang karapatan nito, at ipinapatupad niya ang mga batas ng pagbasa nito at Tajweed nito; kaya siya ay gagantimpalaan

2. Ang nagbabasa nito habang nahihirapan siya; maaaring napag-aralan niya ang tamang pamamaraan ng pagbasa nito ngunit hindi niya kayang basahin ito ng tamang pamamaraan nito dahil sa tigas ng kanyang dila o hirap sa pagbigkas ng ilan sa mga letra; kaya siya ay gagantimpalaan

3. Siya na mapagmalaki sa pagkatuto sa tamang pagbasa ng lengguwaheng arabe, at dinala niya pa ito sa pagbigkas ng sarili niyang lengguwahe; siya ang nagkakasala.

a. ANG PAGKA-OBLIGADO NG PAG-AARAL NG TAJWEED: At ang patunay ng mga maalam na kinuha nila ang opinyon ng pagka-obligado nito ay ang ulat ni Abdullah bin Mas'oud - kaluguran siya ni Allah- habang tinuturuan niya ang isang lalaki ngunit binigkas niya ang Ayah na ito nang hindi niya tinupad ang madd (pagpapahaba). Kaya sinabi sa kanya ni ibn Mas'oud: 'Hindi ganyan ang pagpa-bigkas sa akin ng sugo ni Allah.' Sabi ng lalaki: Paano ba ito pinabigkas sa iyo o Abu Abdurrahman? Kaya binasa niya ang Ayah ng may Madd. (inulat ni Saeed bin Mansur, at ito ay Sahih ayon kay albani)

## 13. ANG PAGSASA-ULO NG QUR'AN AT KAHIGTAN NG ILAN SA MGA SURAH:

Sabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Tunay na ang sinumang wala ni katiting na laman mula sa Qur'an ang kanyang kalooban ay tulad ng sirang bahay." (at-Tirmidhi 2913)

Ang kahigtan ng pagsasa-ulo ng ilang Surah:
Ang kahigtan ng mga unang talata ng Surah al-Kahf ay sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Sinuman ang maisaulo niya ang unang sampung talata ng Surah al-Kahf ay

makaliligtas siya mula sa Dajjal." (inulat ni Muslim 809, Abu Dawud 4323, at-Tirmidhi 2886, an-Nasai 949). Nawa'y kupkupin tayo ni Allah laban sa kasamaan niya.

At sinabi rin niya patungkol sa kahigtan ng Surah al-Mulk: "Tunay na may Surah sa Qur'an na may tatlumpung talata na ito ay mamamagitan sa nakasaulo nito hanggang sa siya ay maipasok nito sa paraiso." (Abu Dawud, at-Tirmidhi, ibn Majah, an-Nasai)

At ang kahigtan naman ng pagbasa ng ayatul Kursiy ay nabanggit ni Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- sa hadith ng pangangalaga ng Zakah sa Ramadhan: "Kapag hihiga kana sa iyong higaan ay basahin mo ang Ayatul Kursiy hanggang sa matapos mo ito sapagkat mananatili sa iyo ang tagabantay mula kay Allah, at hinding hindi ka lalapitan ng demonyo hanggang sa umaga." (inulat ni al-Bukahri 5010)

At ayon kay ibn Mas'oud -kaluguran siya ni Allah- na sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Sinuman ang basahin niya ang huling dalawang talata ng Surah al-Baqarah sa gabi ay makasasapat na ito para sa kanya." (inulat ng anim na mga iskolar ng Hadith)

## PANGALAWA: MGA GAWAIN NA ANG PAKINABANG NITO AY BABALIK SA GUMAWA NITO, DITO SA MUNDO AT SA HULING ARAW:

1. ANG MGA SADAQAH:

Sabi ni Allah:
"Tunay na ang mga lalaking matatapat at mga babaeng matatapat na nagpautang sila kay Allah ng mabuting pautang ay magiging doble ito para sa kanila, at mapasakanila ang mabuting gantimpala" (Surah al-Hadid 18)

At sa isang Sharif na Hadith: "Ang Sadaqah ay patunay" sapagkat ito ay patunay sa pagiging busilak ng isang lingkod mula sa pagkamaramot at pagka-kuripot. At patunay din sa pagtitiwala ng lingkod sa pangako ni Allah na papalitan niya ito para sa gumugugol ng Sadaqah, at ang gantimpalang ito ay sa Araw ng pagkabuhay. At ito ay panangga ng lingkod laban sa apoy sa Araw ng pagkabuhay; sani ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Katakutan ninyo ang apoy kahit sa pamamagitan lamang ng pagbigay ng kalahati ng datiles." (al-Bukhari 1417, Muslim 1016). At ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Sinuman ang nagkawanggawa ng kahit na isang datiles mula sa malinis na pamumuhay, at walang tinatanggap si Allah kundi ang malinis, tunay na tatanggapin ito ni Allah sa pamamagitan ng kanyang kanang kamay at pagkatapos ay aalagaan niya ito para sa may-ari nito, katulad ng pag-aalaga ng isa sa inyo ng kanyang kabayo hanggang sa ito ay maging kasindami ng bundok." (inulat ni al-Bukhari 1410, at Muslim 1014)

At ang isang tao ay nasa lilim ng kanyang Sadaqah sa araw ng pagkabuhay hanggang mahatulan ang mga tao. Ayon kay Uqbah bin Aamir -kaluguran siya ni Allah- na narinig ko ang sugo ni Allah na nagsasabi: "Ang bawat tao ay nasa lilim ng kanyang Sadaqah hanggang sa mahatulan ang mga tao." (inulat ni Imam Ahmad 17371). At ang may sinseridad na nagkakawanggawa ay nasa lilim din ng trono ng Mahabagin kasama ang pitong mga uri ng tao na pasisilungin ni Allah sa araw na walang ibang lilim kundi ang lilim ni Allah; sinabi ng sugo ni Allah: "…at ang lalaking nagbigay ng Sadaqah na inilihim niya ito na hindi nalalaman ng kaliwang kamay niya ang ibinigay ng kanang kamay niya…"
At sa pamamagitan ng Sadaqah ay malulutas ang hirap ng may utang, at matutulungan ang may pangangailangan, at mapaluluwagan ang nahihirapan, at mabibigyan ang humihingi, at mababahagian ang mahirap, at matutulungan ang hikahos, at maipantatawid para sa mga balo at mga ulira, at iba pang mga bagay.

At ang dakilang kahigtan ng Sadaqah ay ang gumagawa nito ay may napakalaking gantimpala mula kay Allah; sabi niya: "ang katulad ng mga yaong gumugugol sa kanilang mga kayamanan para sa landas ni Allah ay katulad ng isang butyl na tumubo sa pitong tangkay, sa bawat tangkay ay may isandaang butyl. At daragdagan pa ni Allah para sa sinumang nais niya, at si Allah ang pinakamalawak at pinakamaalam." (Surah al-Baqarah 261). At ang pinakamababang gantimpala ay sampung ulit hanggang sa pitundaang ulit, at uulitin pa ni Allah para sa sinumang nais niya nang napakaraming ulit dahil sa kanyang pagiging mapagbigay at kabaitan.

At ang nagbibigay ng Sadaqah ay ipinapanalangin siya ng mga anghel; ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na

ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "ang bawat araw na inuumaga ang mga lingkod ay may dalawang anghel na bumababa at sasabihin ng isa sa kanila: 'O Allah bigyan mo ang sinumang nagbigay ng kapalit.' At sasabihin naman na isa: 'O Allah bigyan mo ang sinumang nagdamot ng kawalan.'" At sinabi pa niya: "Hinding hindi nababawasan ang kayamanan dahil sa Sadaqah." (inulat ni at-Tirmidhi 2325)

At ang Sadaqah ay hindi lamang limitado sa pera, ngunit ito ay pangkalahatan at mas malawak pa. ayon kay Anas -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah ay nagsabi: "Wala ni isang muslim na magtatanim ng isang pananim, o magsasaka ng isang sakahin at makakakain mula rito ang ibon o tao o hayop ay maliban na mapapasakanya ang gantimpala ng Sadaqah." (al-Bukhari 2320, Muslim 1553, at-Tirmidhi 1382).

At ayon kay Abu Dharr -kaluguran siya ni Allah- na ang mga tao mula sa kasamahan ng sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi sa kanya: "O sugo ni Allah, nagtamo ang mga mayayaman ng mga gantimpala sapagkat sila ay nagsasagawa ng Salah katulad ng Salah naming, at nag-aayuno sila katulad ng ayuno naming, at nagbibigay sila mula sa mabubuting kayamanan nila. Sabi niya: "hindi bat may ginawa si Allah para sa inyo na magiging Sadaqah ninyo. Tunay na sa bawat TASBIH ay sadaqah, at sa bawat TAKBIR ay Sadaqah, at sa bawat TAHMID ay Sadaqah, at sa bawat TAHLIL ay Sadaqah, at sa pag-uutos ng mabuti ay Sadaqah, at pagbabawal ng masama ay Sadaqah, at sa bawat bahagi ninyo ay may Sadaqah." Sabi nila: 'O Sugo ni Allah, kapag ginawa ng isa sa amin ang pagnanasa niya ay mayroon siya ritong gantimpala? Sabi niya: "Nakita ba ninyo kung ilagay niya ito sa bawal, siya ba ay may kasalanan? Ganoon din kung ilalagay niya ito sa Halal ay may gantimpala siya roon." (Muslim 595).

Ayon kay Saeed bin Abi Burdah na mula sa kanyang lolo na ang propeta -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Marapat sa bawat muslim na mayroon siyang Sadaqah." Sabi nila: O propeta ni Allah, paano ang siyang walang mahanap? Sabi niya: "Gumawa siya sa pamamagitan ng kamay niya upang mapakinabangan niya ang sarili niya at ng siya ay mapakagbigay ng Sadaqah.: sabi nila: Paano kung wala siyang mahanap? Sabi niya: "Tumulong siya sa mahinang may pangangailangan." Sabi nila: Paano kung wala siyang mahanap? Sabi niya: "Gumawa siya ng mabuti, at magpigil siya sa paggawa ng masama, sapagkat dahil dito siya ay may Sadaqah." (inulat nina al-Bukhari 1445, at Muslim 1008)

## 2. ANG KAHIGTAN NG PAGPAPAKAIN AT PAGPAPAKAIN NG IFTAR PARA SA NAG-AAYUNO:

Ang pagpapakain ng pagkain ay isa sa katangian ng mga lingkod ni Allah na mga may takot at mabubuti, tulad ng nabanggit sa Aklat ni Allah: "…at nagpapakain sila ng pagkain sa kanyang lugod; ang mahirap, at dukha, at ang bihag." (Surah al-Insaan 8)

At ito rin ay dahilan ng pagpasok sa paraiso; ayon kay Abdullah bin Salaam -kaluguran siya ni Allah- na sinabi niya: 'Noon ang unang narinig ko sa sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay: "Ipakalat ninyo ang pagbabatian ng kapayapaan, at magpakain kayo ng pagkain, at pagbutihin ninyo ang ugnayan sa kamag-anakan, at magsagawa kayo ng pagdarasal habang ang mga tao ay natutulog, nang sa gayon ay makapapasok kayo sa paraiso ng may kapayapaan." (at-Tirmidhi 2485, ibn Majah 1334, Ahmad 24193).

At sa kasalukuyang panahon natin ay ang pinakamaliwanag na paraan ng pagpapakain ng pagkain ay sa pamamagitan ng mga programang pagpapa-iftaar sa mga nag-aayuno.

ANG KAHIGTAN NG PAGPAPA-IFTAAR NG NAG-AAYUNO:

Ang mga muslim ay nagmamahalan; tinitignan ng bawat isa sa kanila ang pangangailangan ng iba. Kaya kabilang sa obligasyon ng isang muslim ay ang pagtingin niya sa kalagayan ng mga kapatid niyang nag-aayuno, sila ba ay may pagkain para sa Iftar o wala? At nakikita natin sa mga araw na ito ang napakaraming bilang ng mga kapatid nating muslim sa mga bansang mahihirap na wala silang pagkain para sa Iftar. Kaya naman nagtayo ang ilan sa mga islamikong organisasayon upang makatulong at makapagpatayo ng mga programang pagpapa-iftar sa nag-aayuno upang makatulong sa mga kapatid natin.

Kaya upang mahikayat ng sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ang mga kasamahan niya at ang mga muslim sa pagsasagawa ng dakilang Gawain na ito ay naghikayat siya sa pamamagitan ng pagsabi niya: "Sinuman ang magpa-iftar ng isang nag-ayuno ay mapapasakanyaang gantimpalang tulad ng sa pinakain niya na hindi mababawasan ang gantimpala nito ng anuman." (inulat nina at-Tirmidhi 3332, at ibn Majah 1746). At ito ay tunay na pangkalahatang kahigtan para sa obligado at di-obligadong ayuno, at ganoon din na ang gantimpala nito ay makakamit ng sinumang nagpakain ng nag-aayuno tulad ng pagpainom ng tubig, o pagpakain ng isang datiles, o ng masarap na mga pagkain.

At kanais-nais sa isang pinakain ng iftar na ipanalangin niya ang mga nag-imbita sa kanya tulad ng sinabi ni Abdullah bin

Zubayr -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsagawa ng iftar sa isa sa kanyang kasamahan at sinabi niya: "Nagsagawa ng iftar sa inyo ang mga nag-aayuno, at kumain ang mga mabubuti sa inyong pagkain, at nanalangin ng gantimpala para sa inyo ang mga anghel." (ibn Majah 1747).

## 3. ANG DALAWANG MABUTING MAGULANG:

Ang kaayusan ng ama at ng ina ay kaayusan ng mga anak nila. Mula sa kanila nakukuha nila ang mabuting katangian at kabutihan ng pag-uugali, at dalisay na pagkilos. At nasa mga magulang nakasalalay ang kaligayahan ng anak dito sa mundo at sa Huling Araw. Kaya kapag pinalaki nila siya sa pagsunod kay Allah ay magiging tagumpay siya dito sa mundo at sa huling Araw. Ngunit kapag pinalaki nila siya sa pagsuway kay Allah o sa pagsutil sa kanya ay magiging talunan siya sa mundo at sa Huling Araw. Ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Ang bawat sanggol na isinilang ay isinilang sa ilalim ng Fitrah, ngunit ang mga magulang niya ang nagpapa-hudyo o nagpapa-kristyano o nagpapa-magiyano sa kanya." (inulat nina al-Bukhari 1358, at Muslim 2658).

At kabilang din sa kaayusan ng mga magulang sa mga anak nila ay nagiging dahilan ito ng pag-angat nila sa paraiso, at pagdagdag ng kanilang antas; sinabi ni Allah: "Sila yaong mga nanampalataya at sinundan sila ng lahi nila ng paniniwala ay isasama namin sila sa kanilang lahi, at hindi naming babawasan ang anumang gantimpala ng kanilang Gawain; ang bawat tao nasa ilalim ng kanyang tinamasa." (Surah at-Tur 21)

At ang kaayusan ng dalawang magulang ay babalik ang pakinabang nito sa mga anak dito sa mundo tulad ng pagbanggit ni Allah sa Surah al-Kahf patungkol sa dalawang bata na namatay ang kanilang mga magulang na ginamit ni Allah para sa kanila si Khidr -alayhissalam- upang maipatayo niya para sa kanila ang pader na nagiba para protektahan ang kanilang kayamanan dahil sa kaayusan ng kanilang mga magulang. At nasabi na ang ika-pitong lolo na nila ito tulad ng sinabi ni Allah: "at patungkol sa pader ay para sa dalawang batang ulira sa isang bayan at ang nasa ilalim nito ay kayamanan para sa kanilang dalawa, at noon ang kanilang ama ay mabuti, kaya ninais ng iyong panginoon na marating nila ang katatagan nila at makuha nila ang kayamanan nila bilang awa mula sa iyong panginoon, at hindi ko ito ginawa ayon sa aking kautusan." (Surah al-Kahf 82)

Kaya marapat na magpahalaga ka kapatid sa kaayusan mo at ng kabiyak mo upang makamit ang kaayusan ng iyong pamilya at maging ganap ang kaligtasan ninyo sa mundo at sa Huling Araw.

4. MGA GAWAIN NA ANG KABUTIHAN NITO AY MAKARARATING PA SA NAMATAY PAGKARAAN NG KANYANG KAMATAYAN:

a. Ang mabuting anak:

Tunay na kabilang sa dakilang biyaya ni Allah sa tao ay ang paggawad niya rito ng mabuti at may takot na anak. Tumutulong sa kanya sa pagsunod sa kanyang panginoon, at na maging kasunod nito sa pagiging mabuti at maayos, at magiging sanhi ng pag-angat niya sa paraiso. Ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Tunay na iniaangat ni

Allah azza wa jall ang antas ng mabuting lingkod niya sa paraiso, at sasabihin niya: 'O panginoon ko paano ito nangyari para sa akin? Sasabihin niya: "Dahil sa panalangin ng anak mo kapatawaran para sa iyo." (inulat ni imam ahmad 10618). At tunay na binigyang katangian ni Allah ang mga mananampalataya sa kanyang aklat na sila ay: "Ang mga paraiso na Aden ay papasukin nila at ng sinumang naging mabuti mula sa kanilang mga magulang at mga kabiyak nila at mga salinlahi nila, at ang mga anghel ay papasok sa kanila mula sa bawat pintuan." (Surah ar-Ra'd 23). At kabilang sa panalangin ng mga anghel para sa mga mananampalataya ay na pagsamahin ang mga mabubuting magulang sa kanilang mga anak na mga mananampalataya; sabi ni Allah sa kanilang mga dila: "Kaya patawarin mo ang mga yaong nagbalik-loob, at sinunod nila ang daan mo, at iligtas mo sila sa parusa ng impiyerno. Panginoon naming, papasukin mo sila sa mga paraiso ng Aden na siyang pinangako mo sa kanila, at ang sinumang naging mabuti mula sa kanilang mga magulang at mga kabiyak nila at mga salinlahi nila, tunay na ikaw ang Pinakamakapangyarihan, ang madunong." (Surah ghafir 8). At binanggit din ng sugo -salallahu alayhi wasallam- na kabilang sa mga Gawain na hindi mapuputol ang gantimpala nito pagkaraan ng kamatayan ay ang panalangin ng mabuting anak. Ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Kapag namatay na ang tao ay naputol na ang Gawain niya maliban sa tatlo; ang nagpapatuloy na Sadaqah o kaalaman na napakikinabangan o mabuting anak na nananalangin para sa kanya." (Muslim 1631, Abu Dawud 2880, at-Tirmidhi 1376, an-Nasai 3651)

b. Ang napakikinabangang kaalaman:

Kabilang sa kahigtan ng kaalaman at ang pagpapakalat nito at pagtuturo nito ay maaaring magabayna dahil dito ang isang ligaw, at magising ang isang manhid, at maragdagan ang kaalaman ng masipag, at maliwanagan ng liwanag nito ang mangmang sa kadiliman kamangmangan. At ito ay pamana ng mga propeta; ayon kay Abu Darda' -kaluguran siya ni Allah- narinig ko ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- na nagsasabi: "Sinuman ang tumahak ng landas na hinahangad niya rito ang kaalaman ay padadaliin ni Allah para sa kanya ang daan patungong paraiso. At tunay na ang mga anghel ay nilalapag nila ang mga pakpak nila para sa taong naghahanap ng kaalaman bilang pagkalugod nila sa ginagawa niya. At tunay na ang maalam ay ipinapanalangin siya ng kapatawaran ng bawat bagay hanggang ang mga balyena sa dagat, at ang kahigtan ng maalam sa palasamba ay kahigtan ng buwan sa lahat ng mga bituin. At tunay na ang mga maalam ay tagapagmana ng mga propeta, at ang mga propeta ay hindi nagpapamana ng dinar o dirham ngunit ang kanilang ipinamana ay kaalaman kaya sinuman ang nakakuha nito ay nakuha niya ang maraming kabutihan." (Abu Dawud 3641, ibn Majah 223). At ang kaalamang tinutukoy dito ay ang kaalaman sa shari'ah (batas). Ayon kay ibn mas'oud –k-na sinabi niya: narinig ko ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- na nagsasabi: "Paliliwanagin ni Allah ang isang tao na narinig niya mula sa amin ang isang bagay at ipinarating niya ito katulad ng pagkakarinig niya; tunay na ilan sa mga nagpaparating ay mas nakauunawa kaysa sa sa nakarinig." (at-Tirmidhi 2657, ibn Majah 232).

At ayon kay Mu'awiyah bin Abi Sufyan -kaluguran siya ni Allah- na sinabi ng sugo ni allah –salallahu alayhi wasallam-: "sinuman ang nais ni allah sa kanya ang kabutihan ay ipauunawa niya sa kanya ang relihiyon." (al-Bukhari 71, Muslim 1037). At ang mga maalam ay may higit na antas kay

Allah; sinabi niya: "Sabihin mo, magkakapantay ba ang mga naka-aalam at ang mga di-nakakaalam" (Surah az-Zumar 9). At sinabi pa niya: "Iniaangat ni Allah ang mga yaong nananampalataya mula sa inyo at yaong mga nabigyan ng kaalaman ng mga antas." (Surah al-Mujadilah 11)

At kabilang sa mga daan upang maipakalat ang kaalaman ay: Aklat- polyeto- pamphlet- cartridge- internet- mga pagtitiponng pangkaalaman- telebisyon at satellite channels- mga magasin- mga diyaryo- pagpapatayo ng mga madrasah at mga institusyong pang-islamiko.

Ang mga daang ito ay may gantimpala na naaayon sa pamamaraan ng pagtulong; maaaring sa pagsulat, pamamahagi, pagpapakalat, o suportang pinansiyal.

At ilan sa mga halimbawa ng napakikinabangang kaalaman ay: Pagtuturo ng pagbabasa ng Qur'an at mga batas nito- pagtuturo ng kaalaman sa Sunnah at Hadith, Fiqh at mga pagsamba, at ganoon din ang pagtuturo ng mga kaalamang pansuporta tulad ng lengguwaheng arabe tulad ng Nahuw at iba pa. at anumang kaalaman na mapakikinabangan ng mga muslim sa kanilang relihiyon at sa kanilang mundo. At walang pag-aalinlangan na ang kaalaman sa batas ay ang tiyak na mahalaga sa pag-aaral nito at pagtuturo nito.

c. Ang Sadaqah Jariyah (nagpapatuloy):

Ang Sadaqah Jariyah ay ang bawat kawanggawa ng paulit-ulit ang pagbibigay nito at pakinabang ng mga tao rito. Kaya, ang gantimpala nito ay paulit-ulit para sa iyo, at nananatili ang gantimpalang ito habang patuloy ang Sadaqah na yaon.

At kabilang sa mga halimbawa ng Sadaqah Jariyah na dumarami at kumakalat sa panahong ito Alhamdulillah ay:
Pagpapatayo ng mga masjid, paghukay ng tubig para sa inumin, pagtanim ng mga puno, mga endowment at mga treyning para sa kaalamang teknikal sa mga mahihirap na bansa. At ang huling dalawa ay kabilang sa pinaka may pakinabang na uri ng Sadaqah dahil sa patuloy ang pakinabang nito na kita at pagtuturo ng may pakinabang na kaalaman kaya nakikinabang dito ang maraming bilang ng mga nangangailangan. At tunay na naiulat ang maraming uri ng Sadaqah tulad ng mga naunang nabanggit.

-pagpapatayo ng mga Masjid:
Pagbati para sa palagawa ng mabuti; ang nagpapahalaga rito. Ito ay pagkakataon na dumating sa kanya. Sabi ni Jabir -kaluguran siya ni Allah- na sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Sinuman ang magpatayo para kay Allah ng isang masjid kahit ito ay kasinlaki ng kulungan ng kalapati ay patatayuan siya ni Allah ng bahay sa paraiso." (ibn Majah 738, ibn Khuzaymah 1292, Ahmad 2157). At ayon kay Uthman -kaluguran siya ni Allah- na sinabi niya: Narinig ko ang sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: na nagsasabi: "Sinuman ang nagpatayo ng masjid para kay Allah –sabi ni Bukayr: maaaring ang sinabi niya: hinahangad niya rito ang mukha ni Allah- ay magpapatayo si Allah para sa kanya ng bahay sa paraiso." (al-Bukhari 450, Muslim 533) at sinabi ni ibn Eisa sa kanyang Riwayah: (tulad nito sa paraiso). At pinupuri ni Allah ang taong nagpapatayo ng bahay niya at binigyan niya sila ng katangian ng pananampalataya tulad ng sinabi niya: "Tunay na ang magpapatayo ng mga Masjid ni Allah ay yaong naniwala kay Allah at sa Huling Araw." (Surah at-Tawbah 18). At ang pagpapatayo nito ay nasa dalawang aspeto at si Allah ang pinakamaalam. Ang una ay ang pagpapatayo sa pamamagitan

ng paggawa ng gusali o pagkumpuni o pagsasa-ayos nito. At ang pangalawa ay ang pagtayo ng Salah rito at ang pangangalaga sa kalinisan nito at paggugol para sa mga gastusin nito, at sa pamamgitan ng pagsasagawa ng mga pagtitipon dito para sa pag-aaral ng qur'an at Dhikr.
Sabi ni Allah: "Sa mga Bahay (masjid) ay ipinahintulot ni Allah na iangat at alalahanin dito ang kanyang pangalan, lumuluwalhati para sa kanya sa loob nito sa umaga at sa gabi. Mga lalaking hindi sila nababaling ng negosyo at ng pagbebenta mula sa pag-alaala kay Allah." (Surah an-Nur 36-37)

## 5. ANG PAGNGITI SA KAPWA:

Ayon kay Jabir bin Abdullah -kaluguran siya ni Allah- na sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "At tunay na kabilang sa kabutihan ang pagharap mo sa iyong kapatid habang ang iyong mukha ay maaliwalas, at ang pagbuhos mo ng iyong balde sa sisidlan ng iyong kapatid." (inulat ni at-Tirmidhi 1970). At ayon kay Abu Darda' -kaluguran siya ni Allah- na sinabi niya: sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Ang pagngiti mo harap ng iyong kapatid ay Sadaqah para sa iyo." (at-Tirmidhi 1956). At ang pagngiti ay magsasanhi ng pagmamahal ng iyong kapatid sa iyo, kaya magiging maluwag sa iyo ang kanyang damdamin, at mapapanatag sa iyo ang kanyang puso. Kaya naman tayo ay lagging nagkakaharap na nagkakamayan at nagmamahalan, ang ating mga puso ay puso ng iisang tao sa iisang katawan tulad ng pagtatangi sa atin ng sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- sa isinalaysay ni Nu'man bin Bashir -kaluguran siya ni Allah- na sinabi niya –salallahu alayhi wasallam-: "ang katulad ng mga mananampalataya sa kanilang pagmamahalan

at awa at pagpapahalaga ay tulad ng gusali na pinagtitibay ng bawat bahagi nito ang isat-isa. Kapag dumaing ang isang bahagi nito ay makararamdam para sa kanya ang lahat ng bahagi ng pagkalungkot at sakit." (inulat nina al-Bukhari 6011, at Muslim 2586). Kaya sa pamamagitan niyon ay makakamit mo ang gantimpala ng Sadaqah at pagmamahal ng iyong kapatid at pagmamahal mo sa kanila.

6. PAGBIGAY NG REGALO:

Ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na ang propeta -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Kung ako ay inimbitahan sa balikat ng kambing at talagang tutugunin ko ito, at kung reregaluhan ako ng balikat o hita ng kambing ay talagang tatanggapin ko." (al-Bukhari 2568, an-Nasai 6609). At kabilang sa kanyang Sunnah ay ang pagtanggap ng regalo at ang hindi pagtanggi rito maliban kung may dahilan. Ayon kay Sa'bbin Jethamah -kaluguran siya ni Allah- na sinabi niya: Nagbigay ako sa sugo ni Allah ng asno ngunit tinanggihan niya ako. At nang Makita niya ang nasa aking mukha ay sinabi niya: "Tunay na hindi naming ito tatanggihan mula sa iyo kundi dahil kami ay nasa estado ng Ihram (Hajj)." (inulat nina Muslim 1193, at Ahmad 3417). At nasabi rin na: "Magbigayan kayo ng regalo, at magmahalan kayo." At sa pamagitan ng pagbigayan ng regalo ay napapalapit mo ang puso ng iyong kapatid at nakukuha mo ang kanyang pagmamahal at napapa-alis mo ang problema ng kanyang damdamin. At ang regalo ay maaaring ibigay sa mga kapatid, mga kapitbahay, at mga kaibigan. At itong si Aisha -kaluguran siya ni Allah- ay nais niyang bigyan ang kanyang mga kapitbahay at sinabi niya: o sugo ni Allah, tunay mayroon akong dalawang kapitbahay kaya saan sa

kanila ang bibigyan ko? Sabi niya: "Bigyan mo ang pinakamalapit sa iyong pintuan." (inulat ni al-Bukhari 2295).

## 7. ANG KARAPATAN NG MUSLIM SA KANYANG KAPATID:

Ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Ang karapatan ng isang muslim sa kanyang kapatid ay lima; pagsagot sa bati niya, at pagdalaw sa may sakit, pagsunod sa paglibing sa kanya, at ang panalangin ng awa para sa bumahin, at ang pagtugon sa imbitasyon." (al-Bukhari 1240). At ayon din sa kanya sa isang Riwayah, sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Ang karapatan ng muslim sa muslim ay anim; kapag nakita mo siya ay batiin mo siya ng Salaam, at kapag inimbita ka niya ay tugunin mo, at kapag nagpapayo siya ay payuhan mo, at kapag bumahin siya at pinuri niya si Allah ay manalangin ka ng awa para sa kanya, at kapag nagkasakit siya ay dalawin mo, at kapag yumao siya ay sumunod ka sa paglibing sa kanya." (Muslim 2162).

### a. Ang pagpapakalat ng pagbati ng Salaam at ang pagsagot ditto:

Ang Salaam ay kabilang sa mga mabubuting pangalan ni Allah, sinabi niya: "Siya si Allah na walang diyos kundi siya, ang Hari, ang Dalisay, ang Kapayapaan, ang nagpapapanatag, ang Makapangyarihan, ang Mataas, ang Mapagmataas, ang mapagmalaki…" (Surah al-Hashr 23).
At ito ay kabilang sa mga dahilan upang maipakalat ang pagmamahalan sa pagitan ng mga muslim at pagkapasok sa paraiso. Ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "sumpa sa kanya na ang aking buhay ay nasa kamay niya, hindi kayo

makapapasok sa paraiso hanggat kayo ay nanampalataya, at hindi kayo mananampalataya hanggat kayo ay nagmamahalan. Nais ba ninyo na ituro ko sa inyo ang bagay na kapag ginawa ninyo ay magmamahalan kayo? Ipakalat ninyo ang pagbabatian ng Salaam sa pagitan ninyo." (Muslim 54, at-Tirmidhi 3602, ibn Majah 4307). At ang Salaam ay batian ng mga mananahan sa paraiso, sabi ni Allah: "…ang batian nila sa araw na Makita nila siya ay Salaam…" (Surah al-Ahzaab 44). At ang pagbati ng Salaam ang ibabati ng mga anghel sa mga mananampalataya sa harap ng mga pintuan ang paraiso; sabi ni Allah: "At dadalhin ang mga yaong natakot sa kanilang panginoon patungo sa paraiso na mga lupon, hanggang sa makarating sila rito at mabubuksan ang mga pasukan nito at sasabihin sa kanila ng mga tagabantay nito; 'Kapayapaan sa inyo naging dalisay kayo kaya pumasok kayo rito nang walang hangganan.'" (Surah az-Zumar 73).

At sasabihin ng mga anghel kapag pumasok na sila sa mga mananampalataya sa paraiso: "…at ang mga anghel ay papasok sa kanila sa lahat ng mga pasukan. Sasabihin nila: Kapayapaan sa inyo…" (Surah ar-Ra'd 23-24).

At sa pagsagot sa bumati ng Salaam ay inutusan tayo na sagutin ng tulad din nito o kaya ay higit pa rito ayon sa sinabi ni Allah: "At kapag binate kayo ng pagbati ay bumati rin kayo ng higit pa rito o kaya ay sagutin ninyo ito…" (Surah an-Nisa' 86).

b. Ang panalangin para sa bumahin:

Ayon kay Abu Musa al-Ash'ari -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Kapag bumahin ang isa sa inyo at pinuri niya si Allah ay ipanalangin

ninyo siya ng awa (yarhamukallah) ngunit kung hindi siya pumuri kay allah ay huwag." (inulat ni Muslim 2992).

At ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Kapag bumahin ang isa sa inyo ay ay sabihin niya ang 'alhamdulillah' at sabihin sa kanya ng kapatid niya o ng kasamahan niya ang 'Yarhamukallah' at kapag sinabi niya sa kanya ang 'Yarhamukallah' ay sabihin niya ang 'Yahdikumullahu wa yuslihu baalakum'." (al-Bukhari 6224, Abu Dawud 5033, an-Nasai 232). Kaya dahil dito ay makukuha ng bawat isa ang biyaya ng panalangin para sa kanya.

At kabilang sa mga gabay niya -salallahu alayhi wasallam- ay kapag bumahin siya ay tinatakpan niya ang kanyang mukha ng kanyang kamay o ng damit niya at pinipigilan niya ang lakas ng kanyang boses. (at-Tirmidhi 2745).

c. Ang pagdalaw sa maysakit:

Ayon kay Ali -kaluguran siya ni Allah- na sinabi niya: Narinig ko ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- na nagsasabi: "Wala ni isa sa muslim na dinalaw niya ang isang muslim sa umaga ay nananalangin para sa kanya ang pitumpung libong anghel hanggang sa hapon. At kapag dinalw niya ito sa gabi ay nananalangin para sa kanya ang pitumpung libong anghel hanggang sa umaga, at mapapasakanya ang uri ng mga prutas sa paraiso." (at-Tirmidhi 969). At ayon kay Thawban -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Sinuman ang dumalaw sa maysakit, siya ay nananatili sa hardin ng paraiso hanggang sa lumisan siya." (Muslim 2568).

d. Ang pagsunod sa paglibing:

Ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Sinuman ang sumunod sa paglibing ng isang muslim ng may paniniwala at paghahangad ng gantimpala at siya ay nanatili rito hanggang sa maisagawa ang Salah rito at tumulong siya sa paglibing ay tunay na babalik siya na may gantimpala na kasinlaki ng dalawang Qiraat at ang bawat Qiraat ay kasinlaki ng bundok ng Uhud. At sinuman ang sumama sa pagsagawa ng Salah rito at umalis siya bago ito mailibing ay tunay na siya ay babalik ng may gantimpalang tulad ng isang Qiraat." (inulat nina al-Bukhari 1325, at Muslim 945). Kaya ng marinig ito ni Abdullah bin Umar -kaluguran siya ni Allah- ay sinabi niya: 'Tunay na nasayang naming ang napakaraming Qiraat.' (al-Bukhari 1324, Muslim 945).

e. Ang pagtulong sa kanya sa kanyang karapatan:

Ayon kay anas bin Malik -kaluguran siya ni Allah- na sinabi niya: sinabi ng Sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Tulungan mo ang iyong kapatid; siya man ay nang-api o inapi." Sabi ng isang lalaki: 'O sugo ni Allah, tutulungan ko siya kapag siya ay inapi, kung nakita mong siya ay nang-api kung papaano ko siya tutulungan? Sabi niiya: "Pigilan mo siya sa pang-aapi sapagkat tunay na yaon ang pagtulong sa kanya." (al-Bukhari 6952, at-Tirmidhi 2255).

Kaya sa Hadith na ito ay maliliwanagan tayo na ang pagtulong sa karapatan ay nasa dalawang uri:

Una: ang pagtulong sa inapi na tumayo sa tabi niya sa harap ng nang-api ayon sa kakayanan, at na tulungan siya hanggang sa maibalik sa kanya ang karapatan niya sa pamamagitan ng pagtulong pisikal o pinansiyal o panalangin, at ito ay may dakilang gantimpala; sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi

wasallam-: "Si Allah ay nasa pagtulong sa lingkod niya habang ang lingkod ay nasa pagtulong sa kanyang kapatid." (inulat ni Muslim 2699). At sinabi rin niya: "Sinuman ang lumutas para sa isang muslim ng kanyang suliranin sa mundo ay ililigtas siya ni Allah sa mga suliranin sa Araw ng Pagkabuhay." (al-Bukhari 2442, Muslim 2580). Kaya ang pagtulong sa kanya ng pisikal ay sa pamamagitan ng koneksiyon, pamamagitan, o ang pagtanggol sa kanya. At ang pinansiyal naman ay sa pamamagitan ng pagbigay ng pera sa kanya at Sadaqah upang mapalakas siya nito sa kanyang problema. O kaya ay ang panalangin para sa kanya na manalo at manaig siya, at na mawala ang hirap niya at na malutas ang lungkot niya. At sa panalangin ay ayon kay Abu Darda' -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Wala ni isang muslim na mananalangin siya para sa anyang kapatid sa lingid sa kanyang kaalaman ay maliban na sasabihin ng anghel; 'at mapapasa-iyo rin ang katulad niyan'." (Muslim 2732, al-Baihaqqi 6224)

Ikalawa: na tulungan siya kapag siya ang nang-api na pigilan siya sa paggawa ng pang-aapi at na ibalik at tumayo sa kanyang harapan at na ipanalangin siya na magabayan at mapatino. At sa pagtulong na ito ay kapayapaan sa lipunan, at pagtulak sa mga kasamaan kahit pa na humantong sa pakikipaglaban sa kanya hanggang sa tumigil siya sa pagsuway at paglaban niya; sinabi ni Allah: "At kapag ang dalawang grupo ng mga mananampalataya ay naglaban, ay ayusin ninyo ang pagitan nila. Ngunit kung ang isa sa kanila ay sumuway sa isa ay digmain ninyo ang siyang sumuway hanggang sa bumalik ito sa utos ni Allah, at kapag bumalik na ay ayusin ninyo ang pagitan nila nang may katarungan at maging pantay kayo…" (Surah al-Hujuraat 9). At yaon ay upang mapigilan ang pagkalat ng kasiraan at maipakalat ang katarungan at

pagkakapantay-pantay sa pagitan ng mga indibidwal ng lipunan at upang mapanatili ang kapanatagan sa mga tao hanggang sa hindi manira ang malakas sa mahina. At sa liwanag ng islamikong gabay na ito ay inilarawan ng ating pinunong si Abu Bakr -kaluguran siya ni Allah- ang panuntunang tatahakin ng pinuno ukol sa pagtulong kasama ng pag-aaruga; sinabi niya: "Ang malakas ay mahina sa akin hanggang sa makuha ko ang karapatan mula sa kanya, at ang mahina ay malakas sa akin hanggang sa makuha ko ang karapatan para sa kanya."

## 8. ANG PAGTANGGAL NG NAKAKASAGABAL SA DAANAN AT ANG KALINISAN:

Ayon kay Abu Malik al-Ash'ari -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Ang kalinisan ay kalahati ng Iman." (Muslim 223). At ang Tahrah ay kabilang sa kalinisan at ito ay nasa malaking antas ng Islam. At ang pagtanggal ng nakakasagabal sa daraanan ay ang pinaka-mababang antas ng Iman; sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Ang Iman ay mahigit pitumpong antas; ang pinakamainam ay ang pagsabi ng 'Laa ilaha illallah' at ang pinakamababa rito ay ang pagtanggal ng sagabal sa daraanan." (inulat nina al-Bukhari 9, at Muslim 35).

At ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na sinabi n propeta –salallahu alayhi wasallam-: "Tunay na nakita ko ang isang lalaki na sa paraiso dahil sa isang puno na pinutol niya sa daraanan na nakakasagabal sa mga tao." (Muslim 1914). At ayon din sa kanya na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Habang ang isang lalaking naglalakad sa daanan ay nakita niya ang tangkay na may tinik at kinuha

niya ito kaya nagpasalamat sa kanya si Allah at pinatawad siya." (al-Bukhari 2472, Muslim 1914, at-Tirmidhi 1958).

## 9. ANG PAGPAPALUWAG SA WALANG PAMBAYAD AT PAGPAPATAWAD SA NAHIHIRAPAN:

Ayon kay Abu Qatadah al-Ansari -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Sinuman ang nais niyang iligtas siya ni Allah mula sa mga parusa sa Araw ng Pagkabuhay ay magpaluwag siya para sa nahihirapan o kaya ay hayaan nalang niya ito." (Muslim 1563).

At ang Hadith patungkol sa lalaki na nagpapaluwag siya sa mga tao; kaya sinabi ng propeta –salallahu alayhi wasallam-: "Noon ay may isang lalaki na pinapa-utang niya ang mga tao at sinasabi niya sa utusan niya (tagasingil) na kapag dinatnan mo ang isang nahihirapan ay hayaan mo siya upang si Allah ay hahayaan tayo. Kaya nang maharap niya si Allah ay pinatawad niya ito." (Muslim 1562). At ayon kay Hudhayfah -kaluguran siya ni Allah- na sinabi niya: Sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Nahugot ng mga anghel ang kaluluwa ng isang lalaki na nauna sa inyo at sinabi nila: 'Mayroon ka bang nagawang mabuti? Sabi nito: 'Wala.' Sabi nila: 'Alalahanin mo.' Sinabi nito: 'Noon ako ay nagpapautang sa mga tao at inuutusan ko ang mga tauhan ko na tignan nila ang nahihirapan at hayaan sila.' Kaya sinabi ni Allah sa kanya: "Hayaan ninyo siya." (Muslim 1560).

## 10. ANG DA'WAH TUNGO KAY ALLAH:

Sabi ni Allah:

"At sino ang may pinakamainam na salita kaysa sa sinumang nag-iimbita tungo kay Allah, at gumawa ng mabuti at sinabi niya tunay na ako ay kabilang sa mga muslim." (Surah Fussilat 33). Kaya ang Da'wah tungo kay Allah ay dakilang utos, at napakalaking misyon. At ito ay obligasyon na nawalang pansin ng marami sa mga tao sa kasalukuyang panahon. At ito ay dakilang pintuan tungo sa paggabay sa mga tao sa totoong relihiyon, at pagpaparating ng liwanag ng Islam sa mga sulok ng mundo. At ang Da'wah ay hindi lang limitado sa mga di-muslim sa paggabay sa kanila tungo sa Islam, ngunit ito ay ganap sa pag-iimbita sa mga muslim para sa tamang paniniwala at pagliliwanag sa kanila ukol sa Bid'ah, mga kaligawan, at mga lihis at mga pagtatambal. At tayo ay mayroong mabuting huwaran sa sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ang pinuno ng mga taga-imbita na inimbitahan niya ang mga tao niya upang mawala ang pagtatambal at upang masama si Allah lamang, at pagkatapos ay nakipag-kasundo siya sa Quraysh sa Hudaybiyyah hanggang sa maimbitahan niya ang mga pinuno ng mga tribo at ang mga kalapit na bansa sa panahon na yaon tungo sa Islam. Kaya ipinadala niya ang kanyang mga sugo upang iparating ang tungkol sa kanya na katotohanan sa mga hari ng mga bansa at mga pinuno ng mga tribo. At ang gabay niya ay palaging malumanay at mapayapa bilang pagsunod niya kay Allah: "Mag-imbita ka tungo sa daan ng iyong panginon nang may karunungan, at mabuting pag-papayo, at makipag-talakayan ka sa kanila sa pinakamabuting paraan." (Surah an-Nahl 125).

At pagkatapos ay pinatahak niya ang mga kasamahan niya sa pamamaraan niya nang sa gayon ay narrating ng Islam ang kalupaan at nailawan nito ang sangkatauhan sa napakaraming henerasyon na sila ang nangunguna; sinabi ni Allah:

"Sabihin mo, ito ang aking daan na nag-iimbita ako tungo kay Allah ayon sa kaalaman; ako at ang sinumang sumunod sa akin. At maluwalhati si Allah, at hindi ako kabilang sa mga nagtatambal." (Surah Yusuf 108).
At sa kasalukuyang panahon natin ay naging laganap ang kamangmangan sa pagitan ng maraming bansa ng mga muslim hindi lang dahil sa kawalan ng kaalaman sa Islam kundi kabilang ang paninira ng mga di-muslim silangan at kanluran. Kaya naman obligasyon ng bawat may kakayanang muslim sa kanyang ideya o mateyal na tumulong upang maipalaganap ang Islam at na mapunan niya ang balde niya ng mabiyayang Da'wah.

## 11. ANG PAGGABAY SA TAO TUNGO SA ISLAM, AT ANG MABUTING SUNNAH:

At kabilang sa direktang epekto ng pag-iimbita tungo kay Allah ay ang pagkagabay ng mga tao tungo sa Islam . at ilan na ang lumigaya na ginabayan siya ni Allah at ginawa siya dahilan upang magabayan ang mga nilikha tulad ng sinabi ng sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- kay Ali –k-: "Kung gabayan ni allah sa pamamagitan mo ang isang lalaki ay mainam pa para sa iyo mula sa mapulang kamelyo." (al-Bukhari 3009, Muslim 2406). At ang kahulugan nito ay huwag lang ang iyong pinahahalagahan ay ang Ghanimah at mga materyal sa mundo ngunit gawin mong mahalaga ang pagkagabay ng mga nilikha tungo sa Islam.

O Allah gawin mo kaming mga nagabayan at taga-gabay at hindi mga ligaw at taga-ligaw.

At ang paggabay sa tao ay maaaring tungo sa matuwid na daan at pagsunod kay ar-Rahman o kaya ay ang paggabay sa di muslim tungo sa Islam. At ang dalawang ito ay may malaking gantimpala sa Huling Araw. At kung ikaw kapatid ay walang kakayanan na gumabay sa mga tao sa direktang pamamaraan dahil sa kitid ng iyong kaalaman o kawalan ng pagkakataon o pamamaraang naakma ay tunay na pinadali ni Allah sa bayan natin ang mga tanggapan para sa pag-imbita sa mga di muslim o pag-aakay sa mga muslim tulad ng (Tanggapan ng paggabay sa mga Jaliyaat) (mga charity foundation) kaya tumulong ka kasama nila at mapapasa-iyo ang gantimpala ng paggabay sa tao. At pagkatapos ay mapapasa-iyo ang dobleng gantimpala sapagkat ang ginagawa ng nagabayan ay dahil sa iyo o sa kamay mo ay nadodoble ang mga gantimpala nito sa iyo. Sinabi ni Jarir bin Abdullah -kaluguran siya ni Allah- na sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Sinuman ang gumawa ng paraan sa Islam na mabuting paraan ay mapapasakanya ang gantimpala nito at gantimpala ng sinumang gumawa nito na hindi mababawasan ang kanilang gantimpala." (Muslim 1017, an-Nasai 2554, ibn Majah 203). At ayon kay ibn Mas'oud -kaluguran siya ni Allah- na sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Sinuman ang nagtungo ng kabutihan ay mapapasakanya ang gantimpala na tulad ng mga gumawa nito." (Muslim 1893, at-tirmidhi 2671, Abu Dawud 5129). At ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah –sw- ay nagsabi: "Sinuman ang nag-imbita tungo sa gabay ay mapapasakanya ang gantimpala na tulad ng sinumang sumunod sa kanya." (Muslim 2674, at-Tirmidhi 2674, Abu Dawud 4609).

At kabilang sa mga paraan ng paggabay ay, paglimbag ng mga aklat at mga cassette at iba pang naunang mga nabanggit sa kabanata ng kaalamang napakikinabangan. At ganoon din ang

pag-isponsor sa mga taga-imbita tungo kay Allah sa mga sulok ng mundo; kaya mapapasa-iyo ang gantimpala na tulad ng sa kanila sa sinumang nagabayan sa mga kamay nila.

## 12. ANG PAGSUNOD NG BABAE SA KANYANG ASAWA:

Ayon kay Abdullah bin Abi Awfa -kaluguran siya ni Allah- na sinabi niya: sinabi ng Sugo ni Allah-salallahu alayhi wasallam-: "Hindi matutupad ng babae ang karapatan ng kanyang panginoon hanggat hindi niya natutupad ang karapatan ng kanyang asawa." (ibn Majah 1853).

At sinabi rin niya -salallahu alayhi wasallam- patungkol sa karapatan ng babae: "Kapag isinagawa ng babae ang kanyang Salah na lima, at pinag-ayunuhan niya ang buwan (ng Ramadhan), at pinangalagaan niya ang ari niya, at sinunod niya ang asawa niya ay sasabihin sa kanya; 'Pumasok ka sa paraiso kahit saang pintuan nito nais mo." (inulat ni Ahmad 1662).

At ang pagsunod sa asawa ay ugat ng kaligayahan ng pamilya, at kapanatagan ng kalagayan nito; kung ito ay naaayon sa batas na walang pagsunod sa nilalang kung ito'y pagsuway sa tagapaglikha. Kaya ang pamilya ay katulad ng isang barko at ang lalaki ang kapitan nito at hindi maliligtas ang barko maliban sa pagsunod sa kapitan nito at pagpapaubaya sa kanyang mg autos kabilang ang pagsangguni niya sa mga miyembro ng pamilya. Sabi ni Allah: "" (Surah an-Nisa' 34). At sapat sa babae ang pagsunod niya sa aswa niya ang naisalaysay ni Umm Salamah -kaluguran siya ni Allah- mula sa sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Sinuman ang babaeng namatay na ang kanyang asawa ay nalugod sa

kanya ay makapapasok sa paraiso." (at-Tirmidhi 1161, ibn Majah 1854). Kaya ang pagbati sa mabuting asawa na sumusunod sa kanyang asawa na ang mga paraiso ng kanyang panginoon ay mapapasakanya at ang pagkalugod niya.

## 13. MGA PANALANGIN NA MAY PAKINABANG SA TAO AT SA PAMILYA NIYA:

### 1- Panalangin sa pagpasok ng tahanan:

Ayon kay Abu Malik al-Ash'ari -kaluguran siya ni Allah- na sinabi ng sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- : "O Allah tunay na ako ay humihiling sa iyo ng mainam na pagpasok, at mainam na paglabas, sa pangalan ni Allah ay papasok kami at lalabas, at sa panginoon naming kami ay nananalig." (Abu Dawud 5096). At ayon kay Jabir bin Abdullah -kaluguran siya ni Allah- na sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Kapag pumasok ang lalaki sa kanyang bahay at inalala niya si Allah sa pagpasok at sa pagkain niya ay sasabihin ng demonyo; 'Walan tulugan at walang pagkain para sa inyo.' At kapag pumasok siya at hindi niya inalala si Allah sa pagpasok ay sasabihin ng demonyo; 'Nakahanap kayo ng inyong matutulugan' at kapag hindi niya inalala si Allah sa pagkain niya ay sasabihin ng demonyo; 'Nakahanap kayo ng tulugan at makakain'." (Muslim 2018, ibn Hibban 819, Ahmad 14788). Kaya marapat mga kapatid na pangalagaan natin ang ating mga kabahayan mula sa kasamaan ng demonyo at ng mga kaanib nito sa pamamagitan ng dhikr at panalangin sa pagpasok sa ating mga tahanan. Kupkupin nawa tayo ni Allah mula sa kasamaan nila. Ameen..

### 2- Ang Dua' sa pagtatalik:

Ayon kay ibn Abbas -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "kapag ang isa sa inyo ay lalapitan na niya ang kanyang asawa at sinabi niya: 'Allahumma jannibnis shaytana wa jannibis shaytana ma razaqtani' kaya kapag naitakda sa kanila ang anak ay hindi ito mapipinsala ng demonyo at hindi niya ito magagapi." (inulat ng anim). Kaya sa pamamagitan nito ay magiging mabuti ang bunga mula sa unang araw, at lalaki ito na may kabutihan sa kanya dito sa mundo at sa Huling Araw, at magiging kabilang siya sa mga lingkod ni Allah na mabubuti; sabi ni Allah: "…Maliban sa mga lingkod mong mga matatapat." (Surah al-Hijr 40) kaya yaon ang mga lingkod na nakaligtas sila mula sa kasamaan ng demonyo.

## 14. ANG PAGDADALAWAN AT PAGMAMAHALAN PARA KAY ALLAH:

Ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Pito ang pasisilungin ni Allah sa kanyang silong sa araw na walang masisilungan kundi ang kanyang silong lamang, at binanggit niya mula sa mga yaon ay ang dalawang lalaki na nagmahalan para kay Allah; nagsama sila rito at naghiwalay sila rito…" (al-Bukhari 660, Muslim 640). At ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Isang lalaki ang dumalaw sa kanyang kapatid sa isang bayan kaya pinadala ni Allah ang tagamasid sa kanya na isang anghel sa kanyan daanan, at ng makarating ito ay sinabi niya: 'Saan ka patungo?' sabi nito: 'nais kong bisitahin ang kapatid ko sa baying ito.' Sabi niya: 'Siya ba ay nakagawa ng mabuti sa iyo na babayran mo? Sabi nito: 'Wala. Maliban na minamahal ko siya para kay Allah.' Sabi niya: 'Tunay na ako

ay sugo ni Allah na sasabihin ko sa iyo na minamahal ka ni Allah katulad ng pagmamahal mo sa kanya." (Muslim 2567). At ayon kay Muadh -kaluguran siya ni Allah- na sinabi niya: Narinig kao ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- na nagsasabi: "Sabi ni Allah: 'Ang mga nagmamahalan sa aking kadakilaan ay magkakamit sila ng kalalagyan na mula sa liwanag; maiinggit sa kanila ang mga propeta't mga martir." (At-Tirmidhi 2390). At ayon kay Abi Idris al-Khawlani -kaluguran siya ni Allah- na sinabi niya: 'Pumasok ako sa masjid ng Damascus at nakita ko ang isang binata na makintab ang mga ngipin at kasama niya ang mga tao, at kapag nagkaiba-iba sila sa isang bagay ay ibinabalik nila ito sa kanya, at kinukuha nila ang kanyang opinyon. Kaya nagtanong ako kung sino siya at nasabi na siya si Mu'adh bin jabal –k-. kaya kinaumagahan ay naging maagap ako at nakita ko siya na naunahan pa niya ako at siya ay nagsasagawa ng Salah, kaya hinintay ko siya hanggang sa matapos niya ang Salah at pagkatapos ay lumapit ako sa kanyang harapan at binate ko siya ng Salaam at sinabi ko: 'Sumpa man kay Allah, tunay na minamahal kita para kay Allah!' sabi niya: 'Para kay Allah?' sabi ko: 'Para kay Allah.' Sabi niya: 'Para kay Allah?' Sabi ko: 'para kay Allah'. Kaya kinuha niya ang balabal ko at hinila niya ako papalapit sa kanya at sinabi niya: 'Ipagbunyi mo, sapagkat narinig ko ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- na nagsasabi: "Sabi ni Allah: 'Ang pagmamahal ko ay obligado para sa mga nagmamahalan para sa akin, at sa mga nagsasama para sa akin, at sa mga nagdadalawan para sa akin, at sa mga nagbibigayan para sa akin." (inulat ni Imam Malik sa kanyang Muwatta' 1711)

## 15. ANG MGA GAWAIN NA PAGTULONG SA LIPUNAN:

### a. Pagtulong sa mga ulira:

Ang ulira ay ang namatayan ng mga magulang o isa sa kanila habang siya ay bata pa. at ang ulira sa ganitong sitwasyon ay mas nangangailangan ng pagkalinga at pag-aruga, at awa at habag. At sa ilang mga sitwasyon ay pagtulong at paggugol para sa kanya. Upang maakay ng sugo ng awa ang mga tao tungo sa pagkalinga at pag-aruga sa mga ulira ay naiulat sa atin ni Sahl bin Sa'd -kaluguran siya ni Allah- na ang propeta –saw ay nagsabi: "Ako at ang kumalinga ng ulira sa paraiso ay katulad ng ganito; ipinakita niya ang kanyang hintuturo at ang kanyang hinggigitna." (inulat ni al-Bukhari 6005, Abu Dawud 5150, at at-Tirmidhi 1918). At sa pamamagitan ng dakilang kahigtan na ito ay matatamo ng ulira ang pagkalinga ng lipunan at pag-aruga sa kanya. At matatamo naman ng tagakalinga ang pagkamalapit niya sa sugo ni allah -salallahu alayhi wasallam- sa mga paraiso ng biyaya, at ito ang pinakamainam na pagtabi. Sabi ni ibn Battal: 'Responsibilidad ng sinumang nakarinig ng Hadith na ito na isagawa niya ito upang makatabi niya ang propeta -salallahu alayhi wasallam- sa paraiso, at wala nang hihigit pang antas sa kalagayang ito." (sinalaysay ito ni ibn Hajr…).

At kabilang sa pang-engganyo sa pag-aruga sa mga ulira ay ang binanggit ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Sinuman ang manghipo sa ulo ng ulira ay mapapasakanya sa bawat buhok na nahipo niya ay isang gantimpalang mabuti." (Abu nuaym 191/8).

O Allah, gawin mo kaming maawain sa mga ulira at mga taga-tulong nila sa pamamagitan ng iyong pagkalinga at kabutihan.

b. Pagkalinga sa mga balo at mga mahihirap:

Ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Ang naglalakad

upang makatulong sa balo at sa mahirap ay katulad ng mandirigma sa landas ni Allah." At sinabi pa niya: "at katulad ng nagsasagawa ng Salah na hindi napapagod, at katulad ng nag-aayuno na hindi nagugutom." (inulat ng anim)

## 16. ANG PAGIGING MAAWAIN SA HAYOP:

Ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na ang propeta -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "may isang lalaki sa kanyang paglalakbay ay tumindi ang kanyang uhaw at nakita niya ang isang balon kaya bumaba siya rito at uminom at pagkatapos ay umakyat na. subalit nakita niya ang isang aso na uhaw kinakain na ang lupa dahil sa pagka-uhaw. Kaya sinabi ng lalaki na tunay na naramdaman ko ang naramdaman ng asong ito na pagka-uhaw, at bumaba siya sa balon at pinuno niya ang kanyang gwantes ng tubig at pinainom niya ang aso, kaya nagpasalamat sa kanya si Allah at pinatawad siya nito." At sinabi nila: 'O sugo ni Allah, tunay na mayroon pala kaming gantimpala sa mga hayop? Sabi niya: "sa bawat may basang laman ay may gantimpala." (inulat ni al-Bukhari 6009).

Nakakamangha ang kadakilaan ng batas na ito na siyang nag-aruga at nagpapahalaga kahit sa mga hayop. At isa sa mga halimbawa niyon ay ang naiulat sa Hadith na ayon kay Abdullah na mula sa kanyang ama na sinabi nito: 'Kami noon ay nasa paglalakbay kasama ng sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- at siya ay lumayo dahil sa pangangailangan niya at nakakita kami ng isang ibon na kasama nito ang kanyang dalawang sisiw. At kinuha namin ang mga sisiw nito at dumating ang kanilang ina na di mapakali. At nang dumating ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay sinabi niya:

"Sino ang gumulo rito dahil sa kanyang sisiw? Ibalik ninyo ang sisiw nito." At nakita niya ang bahay ng mga langgam na sinunog naming at sinabi niya: "Sino ang sumunog ditto? "sabi naming: 'Kami.' Sabi niya: "Hindi marapat na magparusa sa pamamagitan ng apoy knudi ang panginoon ng apoy." (Abu Dawud 2675, Ahmad 3835). At kahit sa pagkatay ay inutusan tayo na huwag parusahan ang kakatayin; sabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Tunay na itinakda ni Allah ang Ihsan sa lahat ng bagay, kaya kapag papatay kayo ay painamin ninyo ang pagpatay, at kapag kakatay kayo ay painamin ninyo ang pagkatay. Patalasin niya ang sandata niya at pagpahingahin niya ang kakatayin niya." (inulat ng anim maliban kay al-Bukhari)

17. ANG JIHAD AT ANG RIBAAT PARA SA LANDAS NI ALLAH:

Ayon kay Sahl bin Sa'd -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "ang pagbantay (Ribaat) sa landas ni Allah ng isang araw lang ay mainam pa kaysa sa mundo at sa ibabaw nito at ang kalalagyan ng bawat isa sa inyo sa paraiso ay mas mainam pa kaysa sa mundo at sa ibabaw nito." (al-Bukhari 2829, at-Tirmidhi 1664). At ayon kay Salman al-Farisi -kaluguran siya ni Allah- na sinabi niya: 'Narinig ko ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- na nagsasabi: "ang pagbabantay sa isang araw at gabi ay mainam pa kaysa sa pag-aayuno ng isang buwan at pagdarasal ditto. At kapag namatay siya ay magpapatuloy ang gantimpala ng kanyang Gawain at ang kanyang biyaya, at siya ay mapayapa mula sa sindak ng libingan." (Muslim 1913, an-Nasai 4375). At ayon kay Abu Umamah al-Baahili -kaluguran siya ni Allah- na ang propeta -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Apat ang

mga uri ng tao na magpapatuloy ang kanilang gantimpala pagkaraa ng kanilang kamatayan; ang lalaki na namatay sa pagbabantay niya sa landas ni Allah, at lalaking nagturo ng kaalaman kaya ang gantimpala niya ay nagpapatuloy habang isinasabuhay ang kaalaman niya, at lalaking gumawa ng Sadaqah Jariyah kaya ang gantimpala nito ay sa kanya habang nagpapatuloy ito, at lalaking iniwan ang mabuting anak na nananalangin para sa kanya." (inulat ni Imam Ahmad 22602). At ayon kay Abu hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Hindi magsasama ang alabok sa daan ni Allah at ang usok ng impiyerno." (at-Tirmidhi 1633).

Dahil sa Jihad ay mapipigilan ang kasamaan ng mga kalaban, at maipapalaganap ang Islam sa mga sulok ng lupa. At makapapasok ang liwanag ng Islam sa lahat ng bahagi ng mundo. At dahil sa Jihad at pagsubok ay maipagbubuklod ni Allah ang marumi mula sa dalisay; sabi ni Allah: "Inaasahan ba ninyo na makapapasok kayo sa paraiso nang hindi susubukin ni Allah ang mga nakipag-laban sa inyo at susubukin niya ang mga nagtitiis…" (Surah Aal-Imraan 142)

At para sa mga martir ang dakilang antas kay Allah; sila ay mga buhay sa kanilang panginoon na binibiyayaan; sabi ni Allah: "At huwag mong isipin na ang mga martir sa landas ni Allah ay mga patay, datapwat sila ay mga buhay sa kanilang panginoon ay binibiyayaan. Sila ay Masaya sa anumang ibinigay sa kanila ni Allah na mula sa kanyang biyaya…" (Surah Aal Imraan)

At ipinaliwanag ng sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ang anumang inihanda ni Allah para sa mga martir na kabaitan sa sinabi niya: "Walang isaman na papasok sa paraiso na nais pa niyang bumalik sa mundo kundi ang isan martir;

hinahangad niyang makabalik sa mundo upang mapatay uli ng sampung ulit dahil sa nakikita niyang kabaitan (ng kanyang panginoon)." (al-Bukhari 2817, Muslim 1877).

At ang Jihad ay maisasagawa sa pamamagitan ng kayamanan o ng katawan o ng dalawang ito at ito ang pinakamainam na Jihad. At ang Jihad sa kayamanan ay lagging nauunang banggitin kaysa sa Jihad ng katawan sapagkat ito ay madali at kayang gawin, kaya hindi lahat ng tao ay kayang isagawa ang Jihad sa pamamagitan ng kanyang katawan maaaring dahil sa kawalan ng kakayanan ng kanyang katawan o kaya'y kawalan ng daan patungo sa lugar ng mga kalaban. At ang Jihad sa kayamanan ay laging naroon lalo na sa panahon ngayon na nasa pagsubok ang mga muslim sa ilalim ng napakaraming kalaban; sabi ni Allah:
"Hindi magkakapantay ang mga nakaupo na mga mananampalataya maliban sa mga may kapansanan, at ang mga Mujahid sa landas ni Allah sa pamamagitan ng kanilang mga kayamanan at mga sarili. Binigyan ni Allah ng higit na gantimpala ang Mujahid sa kanyang kayamanan at sarili kaysa sa mga nakaupo ng antas. At ang bawat isa ay pinangakuan nila Allah ng mabuti. At mas iniangat ni Allah ang mga Mujahid kaysa sa mga nakaupo ng malaking gantimpala." (Surah an-Nisa' 95)
Hinihiling k okay allah na tulungan niya ang mga kapatid natin na mga Mujahidin sa bawat lugar at na panaigin niya ang Islam at mga tagasunod nito.. Ameen.

At ang Jihad ay kabilang sa panalong bentahan na siyang binanggit ni Allah sa kanyang aklat: "Tunay na binili na ni Allah ang mga buhay at ang mga kayamanan ng mga mananampalataya na mapasakanila ang pariaso; sila ay nakikipaglaban sa landas ni Allah kaya sila ay makakapatay at

mapapatay. Yaon ay pangako mula sa kanya na totoo sa Tawrah at sa Ebanghelyo at sa Qur'an. Kaya sinuman ang tinupad niya ang kanyang kasunduan kay Allah ay magsaya kayo sa bentahan ninyo na nakipagkasundo kayo, at yaon ang pagkapanalong dakila." (Surah at-Tawbah 111)
At sinabi pa niya:
"o kayong mga sumampalataya, nais ba ninyo na gabayan ko kayo ng negosyong magliligtas sa inyo mula sa parusa ng impiyerno? Maniwala kayo kaya Allah at sa Huling Araw, at makipaglaban kayo sa pamamagitan ng inyong mga kayamanan at mga buhay sa kanyang landas ni Allah; yaon ang pinakamainam para sa inyo kung inyo lamang nalalaman." (Surah Saff 11)

At ang Jihad ay isang dahilan ng paggabay ni Allah sa tao; sinabi niya:
"At yaong mga nakibaka sa amin ay tunay amin silang gagabayan sa aming mga landas, at tunay na si Allah ay nasa mga mabubuti" (Surah al-Ankabut 69)
At ang Jihad ay mainam pa kaysa sa nilalaman ng mundo; sabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Tunay na ang pagtungo at pagbalik para sa landas ni Allah ay mainam pa kaysa sa mundo at anumang nasa loob nito." (al-Bukhari 2793, Muslim 1882).

## 18. MGA KAPURI-PURING PAG-UUGALI NA MARAPAT SA ISANG MUSLIM NA TANGKILIKIN NIYA:

a. Paunang salita patungkol sa kabutihan ng pag-uugali: Ayon kay Abu Darda' -kaluguran siya ni Allah- na ang propeta -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Walang bagay na mabigat sa timbangan ng mananampalatayang lingkod sa

Huling Araw na hihigit sa kabutihan ng pag-uugali. At tunay na kinamumuhian ni Allah ang malaswa na bastos." (at-Tirmidhi 2003, Abu Dawud 4799). At sinasabi niya: "Tunay na ang mabuti sa inyo ay ang pinakamabuti ang pag-uugali sa inyo." (al-Bukhari 3559, Muslim 2321).

At ang mabuting ugali ay dahilan upang makapasok sa paraiso; ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na nagsabi: Naitanong sa sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ang pinakamaraming dahilan na pagpasok ng tao sa paraiso. Sabi niya: "Ang pagkatakot kay Allah at mabuting pag-uugali." (at-Tirmidhi 2004, ibn Majah 4246). At ayon kay Aishah -kaluguran siya ni Allah- na sinabi niya: Narinig ko ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- na nagsasabi: "Tunay na ang mananampalataya ay mahahabol niya sa pamamagitan ng kabutihang pag-uugali niya ang antas ng pala-ayuno at pala-Salah." (Abu Dawud 4798). At ang taong mabuti ang pag-uugali ay magiging malapit na tao sa sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- sa Araw ng Pagkabuhay; ayon kay Jabir -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Tunay na ang kamahal-mahal mula sa inyo at pinakamalapit sa inyo sa akin sa Araw ng Pagkabuhay ay ang mga mabubuti sa inyo ang pag-uugali." (at-Tirmidhi 2018).

At pinuri ni Allah ang kanyang sugo sa sinabi niya:
"at tunay na ikaw ay nasa dakilang pag-uugali" (Surah al-Qalam 4) at siya ay tulad ng sinabi ni Aishah -kaluguran siya ni Allah- ng tanungin siya patungkol sa pag-uugali ng sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- "Ang kanyang pag-uugali ay ang Qur'an." (an-Nasai 11350, al-Bukhari 308). At ayon kay Abdullah bin Mas'oud -kaluguran siya ni Allah- na sinabi niya: Sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Dinisiplina

ako ng aking panginoon at pinainam niya ang pagdisiplina sa akin." (ito ay mahina ayon kay al-Albani sa Dhaif al-Jaami' 249). Kaya gawin mong huwaran o kapatid na muslim at muslimah ang pinuno ng mga isinugo upang makamit mo ang kaligayahan sa mundo at sa huling Araw.

At sinabi ng manunulang si Ahmad Shawqi patungkol sa bakas ng pag-uugali sa Ummah:
Tunay na ang mga Ummah ay mga pag-uugali na nananatili
At kapag nasira sila ay yayao rin ang kanilang pag-uugali.

**At ang sumusunod ay ilan sa mga kapuri-puring pag-uugali na marapat sa isang muslim na tangiin niya:**

1. As-Sabr (pagtitimpi):

Ang Sabr ay dakilang pag-uugali, at ito ay pagsunod sa mga lingkod ni allah na mga mabubuti tulad ng sinabi ni Allah patungkol sa kanyang propeta na si Ya'qub -alayhissalam- noong nagsinungaling ang kanyang mga anak na si Yusuf raw ay kinain ng lobo: "…at ang pagtitiis ay maganda, at si Allah ang dinadaingan ko sa inyong mga tinatangi" (Surah Yusuf 18)

At ang sinabi rin niya pagkaraang bumalik ang kanyang mga anak mula sa Ehipto na hindi nila kasama ang bunsong kapatid nila: "at ang pagtitiis ay maganda; at hinahangad k okay Allah na ibalik niya silang lahat sa akin, tunay na siya ang pinakamaalam at pinakamadunong." (Surah Yusuf 83)

At ito ay kabilang sa pamamaraan ng propeta Muhammad -salallahu alayhi wasallam- at ng kanyang mga kasamahan -kaluguran siya ni Allah- na sila ay nagtimpi mula sa pananakit ng mga Quraysh tulad ng paglalarawan ni Allah:

"… at ang mga nagtitimpi sa kahirapan at karamdaman, at sa panahon ng digmaan; sila yaong mga matatapat at sila ang mga may takot." (Surah al-Baqarah 177) at bilang mga tagataguyod sa sinabi niya: "Nakamamangha ang pangyayari sa isang mananampalataya, tunay na ang pangyayari sa kanyang ay lahat mabuti. Kung matamaan siya ng ikasisiya ay nagpapasalamat siya; at ito ay mabuti para sa kanya. At kapag matamaan siya ng masama ay nagtitimpi siya; at ito ay mabuti para sa kanya." (Muslim 2999). At ayon kay Ubay -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "anumang tatama sa isang muslim na pahirap at problema at lungkot. At sakit, at pighati kahit ang tinik na matinik siya nito at isang pagpupunas sa kanyang kasalanan." (al-Bukhari 5641, Muslim 2573)

At ang pagtitimpi ay tatlong uri:

1. Ang pagtitimpi sa pagsunod kay Allah;sabi ni Allah: "Tunay na matutupad ang gantimpala ng mga matimpiin nang walang kasukatan." (Surah az-Zumar 10)
2. Ang pagtitiis mula sa mga ipinagbabawal ni Allah; sabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Sinuman ang umiwan sa isang bagay para kay Allah ay papalitan ito ni Allah ng mas mainam pa kaysa sa rito." (
3. Ang pagtitiis sa mga itinakda ni Allah; sabi ni Allah: "Sila na kapag natamaan sila ng pagsubok ay sinasabi nila; tunay na kami ay para kay Allah at sa kanya kami babalik. Sila yaong pagpapalain sila ni Allah at kaawaan, at sila yaong mga ginabayan." (Surah al-Baqarah 156-157)

2. Ang pag-iwan sa pakikipagtalo:

Ayon kay Abu Umamah -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Ako ang

pinuno ng isang bahay sa paraiso para sa sinumang iniwan ang pakikipagtalo kahit na siya ay nasa katotohanan. At sa gitna ng paraiso para sa sinumang iniwan ang pagsisinungaling kahit na siya ay nagbibiro lang, at sa itaas ng paraiso para sa sinumang mabuti ang kanyang ugali." (al-Bukhari 5641, Muslim 2573). Kaya naman inutusan ni Allah ang kanyang sugo na makipagtalo sa mabuting pamamaraan; sinabi niya: "…at makipagtalo ka sa kanila ayon sa pinakamabuti…" :(Surah an-Nahl). At ito ay sa pakikipagtalo niya sa mga Ahlul Kitab. At ang sinabi niya kay Musa -alayhissalam- at sa kanyang kapatid na si Harun -alayhissalam- nang utusan niya sila na imibitahan si Fir'awn:
"at magsalita kayo sa kanya ng malumanay na salita nang sa gayon ay maaaring maka-alala siya o kaya'y matakot…" ﴿Surah TAHA)

3. Ang pagiging malumanay at mahinahon:
Sabi ni ibn Abbas –k-: sinabi ng sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- kay Ashja' Abdulqays: "Tunay na nasa iyo ang dalawang ugali na kina-iibigan ni Allah at ng sugo niya." Ano ito O sugo ni Allah? Sabi niya: "ang pagiging malumanay at mahinahon." (inulat ni Muslim 2011)

4. Ang pagtupad sa kasunduan:
Sabi ni Allah:"…at tuparin ninyo ang kasunduan; tunay na ang kasunduan ay itatanong." (Surah al-Isra' 34)

At kabilang sa mga katangian ng mga mananampalataya ay ang sa sinabi niya:
"Tunay na tagumpay ang mga mananampalataya…" (Surah al-Mu'minun 1)
"…at sa kanilang mga tungkulin at mga kasunduan ay nagpapahalaga…" (Surah al-Mu'minun 8)

at sinabi rin ni Allah patungkol sa kanila:
"at yaong tinutupad nila ang kanilang kasunduan kapag nakipagkasundo sila…" (Surah al-Baqarah 177).
At isinunond niya na sila ay:
"at yaong tinutupad nila ang kanilang kasunduan kapag nakipagkasundo sila…" (Surah al-Baqarah 177).

At sa kadakilaan ng kasunduan at ang pagka-obligado ng pagtupad dito ay ginawa ni Allah na eksempsiyon ang mga mushrik na nasa ilalim ng kasunduan sa loob ng apat na buwan na hinayaan niya sila sa Masjid al-Haram; sinabi niya:
"…kaya maglakbay kayo sa kalupaan sa loob ng apat na buwan…" (Surah at-Tawbah 2).
At isinunod ni Allah sa sinabi niya:
"maliban sa mga mushrik na nakipagkasundo kayo sa kanila at pagkatapos ay hindi nila sinira ang kasunduan sa inyo at hindi sila pumanig sa lumalaban sa inyo. Kaya tuparin ninyo ang kasunduan nila sa takdang panahon nito; tunay na iniibig ni Allah ang mga may takot." (Surah at-Tawbah 4).

At ang kasunduan ay kasunduan kay Allah, at obligasyon na tuparin ito; sabi ni Allah:
"at tuparin ninyo ang kasunduan kapag nakipagkasundo kayo, at huwag ninyong sirain ang pangako pagkatapos na ito ay magawa." (Surah an-Nahl 91)

5. Ang pagiging matapat:

Ayon kay ibn Mas'oud -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Tunay na ang katapatan ay patungo sa kabutihan, at tunay na ang kabutihan ay patungo sa paraiso. At nananatili ang isang lalaki sa pagiging matapat at inuugali niya ang katapatan hanggang sa

maisulat siya kay Allah na isang Siddiq." (Muslim 6582, at-Tirmidhi 1971, Abu Dawud 4989).

At ilan sa mga kabutihang dulot ng katapatan ay kaligtasan ng lingkod dito sa mundo at sa huling araw tulad ng pangyayari sa tatlong nagpahuli sa sa digmaan ng Tabuk.

At ito ay kapanatagan din ng sarili. Kaya sa Hadith na ayon kay Hasan bin Ali -kaluguran siya ni Allah- na ang propeta -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Tunay na ang katapatan ay kapanatagan, at ang kasinungalingan ay pagkaduda." (at-Tirmidhi 2518, an-Nasai 5711, Ahmad 1723)

6. Ang selos:

Sabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Kayo ba ay namamangha sa pagseselos ni Sa'd? tunay na ako ay may selos na higit sa kanya, at si Allah ay may higit kaysa sa akin." (al-Bukhari 107).

Ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Tunay na nagseselos si Allah, at kabilang sa kanyang pagseselos ay kapag ginagawa ng isang mananampalataya ang ipinagbabawal ni Allah." (al-Bukhari 5223, Muslim 2761)

At ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay namumula ang kanyang mukha kapag ginawa ang ipinagbabawal ni Allah. Kaya marapat sa isang muslim na mayroon siyang pagseselos para kay Allah at sa sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- at sa relihiyon ni Allah at sa batas niya at sa mga ulama. At ang pribadong pagseselos niya sa kanyang pamilya, asawa at sa anak niya. At pagseselos para sa mga banal na lugar ng mga muslim na malapastangan ng mga kalaban ni Allah.

7. Ang Awa at paglilingkod sa mga magulang:

Ang awa ay kailangan sa lahat kahit sa mga hayop. Ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Nakapasok ang isang babae sa impiyerno dahil sa isang pusa na ikinulong na hindi niya pinakain at hindi niya ito pinalaya upang makakain sa mga nilalaman ng lupa." (al-Bukhari 3318, Muslim 2242). Kaya ito ang parusa ng taong walang awa sa kanyang puso. Allahul Musta'an!!!

At ayon kay Usamah bin Zayd -kaluguran siya ni Allah- na sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "tunay na ang kaaawaan ni allah sa kanyang mga lingkod ay yaong mga maawain." (al-Bukhari 1284, Muslim 923). At tunay na binigyang katangian ni Allah ang mga mananampalatay na sila ay maawain sa isat-isa:

""Si Muhammad ay sugo ni Allah, at ang mga kasama niya ay malupit sa mga di-mananampalataya at mapagmahal sila sa isat-isa…" (Surah al-Fath 29).

At ayon kay Abdullah bin Amr bin al-Aas -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi patungkol sa lipunang muslim: "hindi kabilang sa amin ang sinumang hindi maawa sa bata sa amin, at kinilala ang karangalan ng matanda sa amin." (at-Tirmidhi 4).

At tunay na ang gantimpala ng kabaitan ay malaki, ayon sa sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Tunay na ibinibigay ni Allah sa kabaitan ang hindi niya ibinibigay sa dahas, at wala siyang ibinibigay na higit kaysa sa rito." (Muslim 2593). At ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- isang maawain ang puso at mahabagin sa mga mahihirap, mga balo

at mga ulira, hindi niya tinatanggihan ang humihingi at ang nangangailangan.

Ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na si Arqa' bin habis ay nakita niya ang propeta -salallahu alayhi wasallam- na hinalikan niya si Hasan ay sinabi niya: 'tunay mayroon akong sampung anak ni wala akong nahalikan na isa sa kanila. Sabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Sinuman ang hindi maawa ay hindi rin kakaawaan." (al-Bukhari 5997, Muslim 2318). At ayon kay Aishah -kaluguran siya ni Allah- na sinabi niya: Dumating ang mga tao sa sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- at sinabi nila: 'Hnahalikan ba ninyo ang mga bata sa inyo? ' Sabi niya: "Oo" sabi nila: 'Ngunit sumpa man kay Allah, hindi kami humahalik.' Kaya sabi niya: "May magagawa paba ako kung hinugot na ni Allah ang awa sa inyong mga puso." (al-Bukhari 5998, Muslim 2317). At sinabi niya: "Sinuman ang hndi maawa sa mga tao ay hindi siya kakaawaan ni Allah." (Muslim 2319)

-ANG PAGLILINGKOD SA MGA MAGULANG:

Tunay na ginawa ni Allah na likas ang pagmamahal sa mga puso natin sa atng mga anak. Kaya walang maraming talata na Makita upang hikayatin ang mga magulang na maging maawain at mapagmahal sa mga anak nila. Ngunit makikita natin ang maraming talata na humihikayat sa paglingkod sa mga magulang at awa para sa kanila lalo na kanilang katandaan na at kahinaan sapagkat sila sa ganoong kalagayan ay mas nangangailangan ng pag-aruga, pag-aalaga at paglilingkod mula sa kanilang mga anak;
sabi ni Allah:
"At itinakda ng iyong panginoon na wala kayong ibang sasambahin kundi siya lang, at sa mga magulang ay maging mabuti" (Surah al-Isra').

At sinabi pa niya:
"at aming itinakda na maging mabuti sa mga magulang; ang kanyang ina ay dinala siya nang may kahirapan pagkatapos ng kahirapan, at ang pag-aruga sa kanya ay sa dalawang taon" (Surah Luqman 14)

At sinabi pa niya:
"at aming pinayuhan ang tao na maging mabuti sa kanyang mga magulang; dinala siya ng kanyang ina nang may hirap at iniluwal siya nang may hirap, at ang pagbubuntis sa kanya at pag-aruga sa kanya ay tatlumpung buwan…" (Surah al-Ahqaf 15)

At ang mga magulang ang may karapatan na pakitunguhan ayon sa isang ulat na tinanong siya ng isang lalaki: 'O sgo ni Allah, sino sa mga tao ang mas may karapatan sa aking mabuting pakikitungo? Sabi niya: "ang iyong ina." At sinabi niya: 'Sino pa?' Sabi niya: "Ang iyong ina." At sabi niya: 'Sino pa?' sabi niya: "Ang iyong ina." At sinabi niya: 'Sino pa?' Sabi niya: "Ang iyong ama." (al-Bukhari 5971, Muslim 2548).

At tunay na inisunod ni Allah ang pagpapasalamat sa kanila sa pagpapasalamat sa kanya; sabi niya: "…na magpasalamat sa akin at sa iyong mga magulang…" (Surah Luqman). At kahit ano pa ang gawin natin para sa mga magulang natin ay hindi natin matatapatan kahit na katiting na bahagi ang kanialng karapatan sa atin. Nakita ni ibn umar -kaluguran siya ni Allah- ang isang lalaki nap asana pasan niya ang kanyang ina habang isinasagawa niya ang Tawaf, at sinabi nito sa kanya: 'Naisagawa ko naba ang karapatan niya?' Sabi niya: "Hindi! Kahit na iisang sigaw lang mula sa mga sigaw niya sa pagkapanganak sa iyo." At ang paglingkod sa mga magulang ay

kabilang sa mga mabubuting Gawain na siyang magliligtas mula sa kapahamakan, In Sha Allah. Kaya sa kwento ng tatlong natabunan sa kuweba ng malaking bato at nanalangin sila kay Allah sa pamamagitan ng pagbanggit nila sa mga mabuting Gawain nila at kabilang sa kanila ang isang lalaki na sinabi niya: 'O Allah, tunay na noon ay may dalawang akong magulang na matatanda na, at noon ay hindi ko sila ipinahuhuli sa aking asawa at mga anak. Isang araw ay dumaing sila sa akin hanggang sa hindi ko sila nilisan hanggang sa makatulog sila, kaya kumuha ako ng gatas para sa kanila at pagbalik ko ay tulog pa sila at kinamuhian ko na uunahin ko sa kanila ang asawa at anak ko kaya nanatili ako habang ang sisidlan ay nasa kamay ko at hinihintay ko ang paggising nila hanggang sa sumapit na ang Fajr at ang mga bata ay nagkakagulo sa aking paanan. At nagising sila at uminom sila sa sisidlan nila. At pagkatapos ay nanalangin siya kay allah kaya iniligtas niya sila mula sa harang na bato…" (al-Bukhari 2215, Muslim 2743). At ang [aglingkod sa mga magulang ay isang direktang dahilan upang makapasok sa paraiso; ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na ang propeta -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Kahiya-hiya, at kahiya-hiya at kahiya-hiya ang sinumang naabutan niya ang mga magulang niya sa kanilang katandaan na hindi siya naipasok ng mga ito sa paraiso." (Muslim 2551).

At kabilang sa paglingkod sa kanila ay ang pagtupad sa kanilang pangako, at ang pagsasagawa ng kawanggawa para sa kanila. Ayon kay Aishah -kaluguran siya ni Allah- na ang isang lalaki ay dumating sa propeta -salallahu alayhi wasallam- at sinabi nito: 'O sugo ni Allah, tunay na ang aking ina ay biglaang namatay at hindi siya nakapag-huling habilin, at inaasahan ko na kung nakapagsalita siya ay magbibigay siya ng kawanggawa. Mapapasakanya ba ang gantimpala kung

magkakawanggawa ako para sa kanya? Sabi niya: "Oo." (Muslim 1004)

8. Ang mabuting ugnayan sa mga kamag-anakan:
Sabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Tunay na nilikha ni Allah ang nilalang hanggang sa natapos siya sa paglikha ay sinabi ng sinapupunan: 'Ito ang kalalagyan ng nagpapakupkop sa iyo mula sa pagputol ng magandang ugnayan.' Sabi niya: "Oo, hndi kaba malulugod na ipagpatuloy ko ang sinumang nagpatuloy sa iyo, at puputlin ko ang sinumang pumutol sa ugnayan sa iyo?" Sabi nito: 'Opo O aking panginoon.' Sabi niya: "Ito ay mapapasa-iyo." (al-Bukhari 5987, Muslim 2554). At ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na ang isang lalaki ay nagsabi: 'O sugo ni Allah, tunay na mayroon akong kamag-anakn a pinagpapatuloy ko ang ugnayan sa kanila ngunit pinuputol nila ito, at naging mabuti ako sa kanila ngunit naging masama sila sa akin, at kinikilala ko sila ngunit hindi nila ako kinikilala.' Sabi niya: "Kung tama ang iyong sinasabi ay parang pinakakain mo sila ng mainit na abo, at mananatiling katulong mo mula kay Allah habang nanatili ka na ganoon." (Muslim 2558).

At ang mabuting ugnayan sa kamag-anak ay dahilan upang mapalawak ang biyaya at mapahaba ang buhay. Ayon kay Anas -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Sinuman ang nais niyang mapalawak ang kanyang biyaya, at mapahaba ang kanyang buhay ay pagbutihin niya ang ugnayan niya sa kamag-anakan." (al-Bukhari 5986, Muslim 2557).

9. Ang pagbaba ng paningin, at ang hijab, at ang paghingi ng pahintulot:
Sabi ni Allah:

"At sabihin mo sa mga lalaking mananampalataya na ibaba nila ang kanilang paningin, at pangalagaan nila ang kanilang mga ari, iyon ang pinakaligtas para sa kanila, tunay na si Allah ay nababatid ang kanilang ginagawa." (Surah an-Nur 30). At sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "O Ali, huwag mong sundan ang unang tingin ng isa pang tingin sapagkat ang una ay para sa iyo at ang sumunod ay hndi na para sa iyo." (Ahmad 1369)

-Ang Hijab:
At dahil sa pagbaba ng paningin ay ipinag-utos ni Allah ang Hijab sa babae na muslim bilang pangangalaga sa kanyang karangalan at antas, at pangangalaga narin sa lipunan mula sa paglihis mula sa dahas ng pithaya at sadlak ng kahihiyan; sabi ni Allah: "O ikaw na propeta, sabihin mo sa iyong mga asawa,at iyong mga anak, at sa mga asawa ng mga mananampalataya na ibaba nila ang kanilang kasuutan, yaon ang pinakamababa na makikita sila upang hindi sila mapinsala, at si Allah ay mapagpatawad at maawain." (Surah al-Ahzaab 59)

- Ang paghingi ng pahintulot (ito ay para sa paningin):
At ang pagbaba ng paningin at ang paghingi ng pahintulot ay magsasanhi ng pagpipigil sa sarili, at kadalisayan ng puso, at pagkalugod ng panginoon. Sapagkat ang paningin ay sugo ng pangangalunya, kaya napakaraming trahedya ang nangyari sa sarili dahil sa paningin at mga pamamaraan nito at mga pag-ikot nito; sabi ng manunula:

Lahat ng pangyayari ang simula nito ay pagtingin
At ang marami sa apoy ay ang nagmamaliit sa masama.

10. Ang pagiging mahiyain:

"At ang hiya ay kabilang sa pananampalataya" (al-Bukhari 9, Muslim 35). Ganito ang paglalarawan ng ating sugo –saw-, at ang pananampalataya at nagtutulak sa tao mula sa paglapit niya sa mga ipinagbabawal ay ganoon din ang hiya ay nagbabawal sa tao na gumawa ng mababa o pag-uugaling nakakahiyang katangian. Kaya naman, ang hiya ay nasa maliit na antas ng pananampalataya at ito ay kabilangsa bahagi nito na hindi hihiwalay mula rito. At wala ito maidudulot kundi kabutihan sa tao sa kanyang pakikitungo, mga salita, at mga gawa niya kasama ang kanyang pamilya. Ayon kay Imraan bin Husayn -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "ang hiya ay walang maidudulot kundi kabutihan." (al-Bukhari 6117, Muslim 37).

At kabilang sa mga salita ng pagka-propeta ay ang ulat ni Abu Mas'oud -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Kapag hindi kana nahiya ay gagain mo ang anumang nais mo." (al-Bukhari 3483). Kaya binigyang kahulugan ng mga maalam ang katotohanan sa hiya sa sinabi nila: 'Ang hiya ay ugali na nagsasanhi ng pag-iwan sa masagwa, at pumipigil sa kakulangan sa pagtupad sa may karapatan.' (mula sa aklat na riyadh as-Salihin).

At ang hiya ay katangian ng ating butihing sugo –saw-; ayon kay Abu Sa'id al-khudri -kaluguran siya ni Allah- na sinabi niya: 'Ang sugo ni llah -salallahu alayhi wasallam- may higit na hiya kaysa sa isang birhen sa kanyang silid, at kapag hindi niya gusto ang isang bagay ay nalalaman namin ito sa kanyang mukha.' (al-Bukhari 6119, Muslim 2320). At ang hiya ay mabuting katangian para sa kalalakihan na umaangat dahil dito ang kanilang ugali at mga pakikitungo nila, at ito ay

obligado sa mga babae na kinakailangan dahil pinangangalagaan nito ang dangal ng babae. At ang hiya ay parang damit sa katawan na kapag iniwan ito ng tao ay lalantad ang kanyang mga kakulangan na nakatago, kaya kakalat ang anumang nakatago mula sa pangit na ugali at katangian.

## 19. ANG PAGHINGI NG PATAWAD:

Ang paghingi ng patawad ay pinupunasan ni Allah dahil dito ang mga kasalanan at pagkakamali; sabi ni Allah:
"At yaong kapag nakagawa sila ng malaswa o kaya ay dinaya nila ang mga sarili nila ay inaalala nila si Allah, kaya humihingi sila ng kapatawaran sa kanilang mga pagkakasala, at sino pa ang higit na magpapatawad sa kasalanan kundi si Allah. At hindi sila nagpapatuloy sa kanilang mga ginawa habang nalalaman nila ito" (Surah Aal-Imraan).
At sinabi pa niya:
"sinuman ang gumawa ng masama o dinaya ang sarili at pagkatapos ay humingi ng kapatawaran ay makikita niyang si Allah ay mapagpatawad at maawain." (Surah an-Nisa'). Ayon kay Zayd -kaluguran siya ni Allah- na katulong ng sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- na sinabi nito: 'Sabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Sinuman ang sabihin niya ang 'Astaghfirullah alladhi laa ilaha illa huwal hayyul qayyum wa atubu ilayh' ay patatawarin ang mga kasalanan niya kahit pa na siya ay tumakas mula sa digmaan." (Abu Dawud 1517, at-Tirmidhi 3577). At ayon kay Anas -kaluguran siya ni Allah- na sinabi niya: Narinig ko ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- na nagsasabi: "Sabi ni Allah: 'O anak ni Adam, tunay na anumang hiniling at hinangad mo sa akin ay papatawarin kita kahit anumang mayroon ka at wala akong pakialam, o

anak ni Adam, kahit pa na umabot ang iyong mga kasalanan sa langit at pagkatapos ay humingi ka ng patawad sa akin ay patatawarin kita at wala akong pakialam. O anak ni Adam, tunay na kahit dumating ka sa akin na kahit may gamundong kasalanan at nakaharap mo ako na hindi ka nagtambal sa akin ng anuman ay haharap din ako sa iyo ng katulad nito na pagpapatawad." (at-tirmidhi 3540). At ang paghingi ng patawad ay nagpapaangat sa sarili atdumadalisay nito, at tinatanggal nito ang itim sa puso. At nasabi sa may kasalanan na humingi ng patawad na para siyang walang pagkakasala. Tunay na ang paghingi ng patawad ay humahakot ng biyaya at nagpapadagdag ng biyaya; sabi ni Allah patugnkol kay Nuh -alayhissalam- habang pinapaalalahanan niya ang mga tao niya: "At sinabi ko na humingi kayo ng patawad sa inyong panginoon, tunay na siya ay mapagpatawad. Ipadadala niya para sa inyo mula sa langit ang ulan. At palalawigin niya para sa inyo ang kayamanan, mga anak, at gagawin niya para sa inyo ang mga hardin at mga batis." (Surah Nuh 12). At tunay na inutusan ang sugo natin -salallahu alayhi wasallam- na manatili sa paghingi ng kapatawaran para sa kanya at para sa mga mananampalataya; sabi ni Allah: "…at ihingi mo ng kapatawaran ang iyong kasalanan at ang mga mananampalatayang lalaki at mananampalatayang babae…" (Surah Muhammad 19)

At ayon kay Azz al-Muzani -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Tunay na ako ay humihingi ng kapatawaran kay Allah sa isang araw ng isandaang beses." (Muslim 2702). At ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na sinabi niya: Narinig ko ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- na nagsasabi: "Sumpa man kay Allah tunay na ako ay humihingi ng kapatawaran at nagbabalik-loob sa kanya sa isang araw nang

higit sa pitumpung beses." (al-Bukhari 6307). At ayon kay ibn Umar -kaluguran siya ni Allah- na sinabi nito: 'Kami noon ay nabibilang namin na isang daang ulit mula sa sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- sa isang pagtitipon ang: 'Rabbigh firli wa tub alayya innaka antat tawwabur rahim.'" (inulat nina Abu Dawud at at-Tirmidhi). At tunay na inutusan sila na panatilihin ang paghingi ng kapatawaran bago ang kanyang kamatayan; sabi ni Allah: "at luwalhatiin mo ang kadakilaan ng iyong panginoon at humingi ng patawad sa kanya, tunay na siya ay mapagpatawad." (Surah an-Nasr 3)
kaya naiulat ni Aishah -kaluguran siya ni Allah- na sinabi niya: 'Ang sugo ni Allah noon ay pinararami niya ang pagsambit nito bago siya yumao: 'Subhanaka wa bihamdika, astaghfiruka wa atubu ilayk." (al-Bukhari 4968, Muslim 484).

At ang paghingi ng kapatawaran ay nag-aalis ng lungkot, at humahakot ng biyaya; ayon kay ibn Abbas -kaluguran siya ni Allah- na ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Sinuman ang palagiin niya ang paghingi ng patawad ay gagawin ni Allah para sa kanya sa bawat kahirapan na kalutasan, at sa bawat lungkot ay kaligtasan, at bibiyayaan niya ito ng hindi niya kayang sukatin." (Mahina ito ayon kay al-Albani 268/2). At iniibig ni Allah ang mga palahingi ng patawad; sabi niya:
"…at humingi ng patawad kay Allah; tunay na siya ay mapagpatawad at mahabagin." (Surah an-Nisa' 106)
At ayon kay Abu Hurayrah -kaluguran siya ni Allah- na sinabi ng sugo ni Allah –salallahu alayhi wasallam-: "Sumpa sa kanya na may hawak ng aking buhay, kung hindi kayo nagkakasala ay aalisin kayo ni Allah at ipapalit niya ang mga taong nagkakasala at humihingi ng patawad at magpapatawad siya para sa kanila." (Muslim 2749).

At tunay na nangako si Allah para sa mga mananampalataya ng mga paraiso ng biyaya sa sinabi niya: "…at para sa mga nangilag magkasala sa kanilang panginoon ay mga paraiso na dumadaloy sa ibaba nito ang mga batis…" (Surah aal-Imraan 15)
at kabilang sa mga katangian nila ang: "palahingi ng kapatawaran" (Surah Aal-Imraan)
At ang mga naunang mga tao ay agarang ibinababa ni Allah ang parusa sa kanila kapag hindi sila kaagad-agad sumampalataya at naniwala sa mga propeta. Ngunit dahil sa kanyang awa sa ating Ummah ay nangako si Allah na hindi niya ibababa ang parusa hanggang nanatili ang sugo niya -salallahu alayhi wasallam- sa atin at sa pagkaraan ng kanyang kamatayan hanggat tayo ay humihingi ng patawad sa kanya; sabi niya: "At hindi sila parurusahan ni Allah habang ikaw ay naroon sa kanila, at hindi rin sila parurusahan ni Allah kung sila ay nananatili sa paghingi ng kapatawaran." (Surah al-Anfaal 33)

At sinuman ang panatilihin niya ang panalangin na pinuno ng paghingi ng patawad habang nakatitiyak ang kanyang puso rito sa araw o sa gabi ay mabibilang siya sa mga taga-paraiso. Ayon kay Shaddad bin Aws -kaluguran siya ni Allah- na ang propeta -salallahu alayhi wasallam- ay nagsabi: "Ang pinuno ng paghingi ng patawad ay ang sabihin mo: "Allahumma anta rabbi, laa ilaha illa ant, khalaqtani wa ana abduka, wa ana alaa ahdika wa wa'dika mastata'tu, audhu bika min sharri maa sana'tu, abu'u laka bini'matika alayya wa abu'u bidhanbi, faghfirli fainnahu laa yaghfirudh dhunuba illa ant." Sinuman ang sabihin niya ito sa umaga nang may katiyakan dito at namatay siya sa araw na yaon bago ang gabi ay mabibilang siya sa taga-paraiso. At sinuman ang magsabi nito sa gabi at

namatay bago ang umaga ay mabibilang siya sa taga-paraiso." (al-Bukhari 6306, at-Tirmidhi 3393)

Ayon kay Thwban -kaluguran siya ni Allah- na sinabi niya: 'Kapag ang sugo ni Allah -salallahu alayhi wasallam- ay tumalikod pagkatapos ng kanyang Salah ay sinasabi niya ang 'Astaghfirullah' nang tatlong ulit." (Muslim 591). At yaon ay bilang paghingi ng kapatawaran sa maaaring nagawang kakulangan at kamalian sa isinagawang Salah.

Kami ay humihingi ng kapatawaran sa iyo O panginoon naming, at nagbabalik-loob kami sa iyo mula sa pagkukulang, pagkakamali, pagkalimot at pagkakasala…

Ameen…

## PANGHULING SALITA:

At sa huling pananalita ay humihiling ako kay Allah na bigyan niya tayo ng kaalaman sa ating hindi alam, at na bigyang pakinabang sa ating mga nalalaman, tunay na siya ay Mapagbigay ang Mabait. At ang huling panalangin namin ay papuri kay Allah, at ang pagbati ng kapayapaan sa mga isinugo, at pagbati ng pagpapala sa ating sugo na si Muhammad nang pinakamainam na pagpapala at ganap na pagbati ng kapayapaan, at sa mga pamilya niya at sa lahat ng kanyang kasamahan.

Alhamdulillah.